

# Handbook



# ng Miyembro

---

Ang mga kailangan mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

Pinagsamang Ebidensiya ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage o EOC) at Form ng Pagsisiwalat ng Health Net

2020

---

# Iba pang mga wika at format

---

## Iba pang mga wika

Maaari mong makuha nang libre ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang materyales ng plano sa iba pang mga wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Libre ang tawag na ito. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng tagasalin at mga serbisyo sa pagsasalin.

---

## Iba pang mga format

Maaari mong makuha ang impormasyong ito nang libre sa iba pang mga pantulong na format, gaya ng braille, 18 point font na malaking print, at audio. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Libre ang tawag na ito.

---



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Mga serbisyo ng tagasalin

Hindi mo kailangang gumamit ng kapamilya o kaibigan bilang tagasalin. Para sa mga libreng serbisyo at tulong sa pagsasalin, lingguwistika at pangkulturang available 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, o upang makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Libre ang tawag na ito.

**English:** If you, or someone you're helping, has questions about Health Net Community Solutions, you have the right to get help and information in your language at no cost. To talk to an interpreter, call 1-800-675-6110 (TTY: 711).

**Arabic:** إذا كان لديك أو Health Net Community Solutions، ل شخص ما تساعده أية استفسارات عن لديك الحق في تلقي المساعدة والمعلومات بلغتك مجاناً. للتحدث إلى مترجم فوري، اتصل على الرقم (TTY: 711) 1-800-675-6110

**Armenian:** Եթե դուք կամ որևէ մեկը, ում դուք օգնում եք, հարցեր ունեք Health Net Community Solutions-ի մասին, դուք իրավունք ունեք ստանալ օգնություն և ձեր լեզվով անվճար տեղեկություններ: Թարգմանչի հետ խոսելու համար զանգահարեք 1-800-675-6110 (TTY: 711) հեռախոսահամարով



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Chinese (Traditional):** 如果您或您協助的人士對 Health Net Community Solutions 有疑問，您有權免費取得以您的語言提供的協助及資訊。如欲取得口譯員協助，請致電 1-800-675-6110 (TTY: 711)

**Panjabi (Punjabi):** ਜੇ ਤੁਹਾਡੇ, ਜਾਂ ਕਿਸੇ ਅਜਿਹੇ ਵਿਅਕਤੀ, ਜਿਸਦੀ ਤੁਸੀਂ ਮਦਦ ਕਰ ਰਹੇ ਹੋ, ਦੇ Health Net Community Solutions (ਹੈਲਥ ਨੈਟ ਸਾਮੁਦਾਇਕ ਸਮਾਧਾਨ) ਬਾਰੇ ਕੋਈ ਸਵਾਲ ਹਨ, ਤਾਂ ਤੁਹਾਨੂੰ ਮੁਫਤ ਵਿੱਚ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਪ੍ਰਾਪਤ ਕਰਨ ਅਤੇ ਜਾਣਕਾਰੀ ਪ੍ਰਾਪਤ ਕਰਨ ਦਾ ਹੱਕ ਹੈ। ਇੱਕ ਦੁਭਾਸ਼ਿਏ ਨਾਲ ਗੱਲ ਕਰਨ ਲਈ 1-800-675-6110 (TTY: 711) 'ਤੇ ਫੋਨ ਕਰੋ।

**Hindi:** यदि आप, या कोई व्यक्ति जिसकी आप मदद कर रहे हैं, के Health Net Community Solutions (स्वास्थ्य नैट सामुदायिक समाधान) के बारे में प्रश्न हैं, तो आपको अपनी भाषा में निःशुल्क मदद प्राप्त करने और जानकारी प्राप्त करने का अधिकार है। एक अनुवादक से बात करने के लिए, 1-800-675-6110 (TTY: 711) पर कॉल करें।



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Hmong (White):** Yog koj, lossis lwm tus koj pab, muaj lus nug txog Health Net Community Solutions, koj muaj txoj cai tau kev pab thiab ntaub ntawv ua koj hom lus tsis muaj nqi them. Xav nrog ib tug neeg txhais lus, hu 1-800-675-6110 (TTY: 711).

**Japanese:** あなたご自身またはあなたが援助している方が Health Net Community Solutionsに関する質問をお持ちの場合、あなたには無料で日本語によるサポートと情報を得る権利があります。通訳とお話になるには、1-800-675-6110 (TTY : 711) までお電話ください。

**Korean:** 귀하 또는 귀하가 도와드리고 있는 분이 Health Net Community Solutions 에 관한 질문이 있을 경우, 귀하에게는 무료로 본인이 구사하는 언어로 도움과 정보를 받을 권리가 있습니다. 통역사와 통화하려면 1-800-675-6110 (TTY: 711) 번으로 전화해 주십시오.

**Laotian:** ຖ້າທ່ານ ຫຼື ຜູ້ທີ່ທ່ານກຳລັງຊ່ວຍເຫຼືອ ມີຄຳຖາມກ່ຽວກັບແຜນປະກັນຂອງທ່ານ, ທ່ານມີສິດທີ່ຈະໄດ້ຮັບການຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ຂໍ້ມູນເປັນພາສາຂອງທ່ານໂດຍບໍ່ມີຄ່າໃຊ້ຈ່າຍ. ຖ້າຕ້ອງການສິນທະນາກັບລ່າມແປພາສາໂທຫາ 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Cambodian (Khmer):** ប្រសិនបើលោកអ្នក ឬនរណាម្នាក់ដែលលោកអ្នកកំពុងជួយមានសំណួរអំពី Health Net Community Solutions នោះលោកអ្នកមានសិទ្ធិទទួលបានជំនួយ និងព័ត៌មានជាភាសារបស់លោកអ្នកដោយឥតគិតថ្លៃ។ ដើម្បីនិយាយជាមួយអ្នកបកប្រែភាសា សូមហៅទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-675-6110 (TTY: 711) ។

**Persian (Farsi):** اگر شما یا شخصی که به وی کمک می کنید، سوالاتی در مورد Health Net دارید، شما حق دارید که کمک و اطلاعات را به زبان خودتان و به طور 1-800-675-6110 (TTY: 711) Community Solutions 1-800-675-6110 (TTY: 711) رایگان دریافت کنید. برای گفتگو با مترجم شفاهی، با شماره تماس بگیرید.

**Russian:** Если у Вас или у кого-то, кому Вы помогаете, есть вопросы о плане Health Net Community Solutions, Вы имеет право бесплатно получить необходимые сведения в переводе на Ваш язык. Для того чтобы воспользоваться помощью устного переводчика, позвоните по телефону 1-800-675-6110 (TTY: 711).

**Spanish:** Si usted, o alguna persona a la que asiste, tiene preguntas sobre Health Net Community Solutions, tiene derecho a obtener ayuda e información en su idioma sin cargo. Para hablar con un intérprete, llame al 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Tagalog:** Kung ikaw o ang isang taong tinutulungan mo ay mayroong mga tanong tungkol sa Health Net Community Solutions, mayroon kang karapatang makakuha ng tulong at impormasyon na nasa wika mo nang walang babayaran. Para makipag-usap sa isang interpreter, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

**Thai:** หากคุณ หรือคนที่คุณกำลังให้ความช่วยเหลือ มีคำถามเกี่ยวกับ Health Net Community Solutions คุณมีสิทธิที่จะขอรับความช่วยเหลือและข้อมูลเป็นภาษาของคุณได้โดยไม่มีค่าใช้จ่าย หากต้องการคุยกับล่าม โทร **1-800-675-6110 (TTY: 711)**

**Vietnamese:** Nếu quý vị, hoặc một người nào đó quý vị đang giúp đỡ, có thắc mắc về Health Net Community Solutions, quý vị có quyền nhận được trợ giúp và thông tin bằng ngôn ngữ của quý vị miễn phí. Để trao đổi với phiên dịch viên, hãy gọi số 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

# Abiso ng hindi pandidiskrimina

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Health Net sa mga pang-estado at pampederal na batas ng karapatang sibil. Hindi ginagawa ng Health Net ang labag sa batas na pandidiskrimina, pagbukod ng mga tao o pagtrato nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat-etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Health Net ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas mabuti, gaya ng:
  - Mga kuwalipikadong tagasalin sa sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malaking print, audio, mga madaling ma-access na elektronikong format, at iba pang mga format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kuwalipikadong tagasalin
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Bukas kami 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo.

Kung naniniwala kang nabigo ang Health Net na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlang pangkat-etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Center ng Pakikipag-ugnayan ng Customer ng Health Net. Maaari kang maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng sulat, telepono, o email.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Mga Apela at Karaingan sa Health Net  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410  
1-800-675-6110 (TTY: 711)  
Fax: 1-877-831-6019  
[www.healthnet.com](http://www.healthnet.com) para sa mga online na pagsusumite

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng karaingan, matutulungan ka ng Center ng Pakikipag-ugnayan ng Customer ng Health Net .

Maaari ka ring magsampa ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng sulat, telepono o email:

Deputy Director, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil  
Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan  
Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
1-916-440-7370 (TTY 711 California State Relay)  
Email: [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov)

Makakakuha ka ng mga form ng reklamo sa  
[http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

Kung naniniwala kang diniskrimina ka dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng U.S. sa pamamagitan ng sulat, telepono, o online:

Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng U.S.  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201  
1-800-368-1019 (TTY 1-800-537-7697)  
Portal ng Reklamo: [https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/wizard\\_cp.jsf](https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/wizard_cp.jsf)

Makakakuha ka ng mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

# Maligayang Pagdating sa Health Net!

Salamat sa pagsali sa Health Net. Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

---

## Handbook ng Miyembro

Sinasabi sa iyo ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong pagsaklaw sa ilalim ng Health Net. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Matutulungan ka nitong maunawaan at gamitin ang iyong mga benepisyong at serbisyo. Ipinaliliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Health Net. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong naaangkop sa iyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensiya ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage o EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Isa itong buod ng mga panuntunan at patakaran ng Health Net at nakabatay ito sa kontrata sa pagitan ng Health Net at Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services o DHCS). Kung nais mong malaman ang mga eksaktong tuntunin at kundisyon ng pagsaklaw, maaari kang humiling ng kopya ng buong form ng kontrata mula sa Mga Serbisyo para sa Miyembro (Member Services).

Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) upang humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Health Net at DHCS. Maaari ka ring humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang walang bayad o bisitahin ang website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com) upang makita ang Handbook ng Miyembro. Maaari ka ring humiling, nang walang bayad, ng kopya ng mga hindi pagmamay-ari ng Health Net na klinikal at administratibong patakaran at pamamaraan, o paano i-access ang impormasyong ito sa website ng Health Net .



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 10

---

## Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang Health Net upang tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net 24 na oras, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

Maaari ka ring bumisita online, anumang oras, sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Salamat,  
Health Net  
21281 Burbank Blvd.  
Woodland Hills, CA 91367



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 11

---

# Talaan ng nilalaman

<b>Iba pang mga wika at format</b> .....	<b>2</b>
Iba pang mga wika .....	2
Iba pang mga format .....	2
Mga serbisyo ng tagasalin .....	2
<b>Abiso ng hindi pandiskrimina</b> .....	<b>8</b>
<b>Maligayang Pagdating sa Health Net!</b> .....	<b>10</b>
Handbook ng Miyembro .....	10
Makipag-ugnayan sa amin .....	11
<b>Talaan ng nilalaman</b> .....	<b>12</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro</b> .....	<b>14</b>
Paano makakahingi ng tulong? .....	14
Sino ang maaaring maging miyembro .....	14
Mga identification (ID) card .....	15
Mga paraan upang makilahok bilang isang miyembro .....	17
<b>2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan</b> .....	<b>18</b>
Buod ng planong pangkalusugan .....	18
Paano gumagana ang iyong plano .....	19
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan .....	20
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	21
Mga Gastos .....	25
<b>3. Paano makakuha ng pangangalaga</b> .....	<b>27</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan .....	27
Saan makakatanggap ng pangangalaga .....	32
<i>Moral na pagtanggì</i> .....	33
Network ng provider .....	34
Provider ng Pangunahing Pangangalaga o Primary Care Provider (PCP) .....	36



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre  
ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 12

<b>4. Mga benepisyo at serbisyo .....</b>	<b>45</b>
Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan .....	45
Mga benepisyo sa Medi-Cal .....	46
Mga benepisyo ng Coordinated Care Initiative (CCI) .....	66
Ano ang hindi sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan.....	67
Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal .....	73
Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal .....	76
Pag-uugnay ng pangangalaga.....	78
Pagtatasa ng bago at umiiral na teknolohiya .....	79
<b>5. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b>80</b>
Ang iyong mga karapatan.....	80
Ang iyong mga responsibilidad.....	81
Abiso ng mga gawi sa privacy .....	82
Abiso hinggil sa mga batas.....	93
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang tagapagbayad kapag wala nang ibang maaaring magbayad .....	93
Abiso hinggil sa pagbawi ng ari-arian .....	94
Abiso ng Pagkilos .....	94
Pananagutan ng Ikatlong Partido .....	94
Mga hiwalay na kontraktor.....	94
Pandaraya sa plano ng pangangalagang pangkalusugan.....	95
Mga pangyayaring lampas sa kontrol ng Health Net .....	95
<b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema.....</b>	<b>96</b>
Mga Reklamo .....	97
Mga Apela .....	98
Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasya kaugnay ng apela .....	99
Mga Independiyenteng Pagsusuring Medikal o Independent Medical Reviews (IMR).....	100
Mga Pagdinig ng Estado .....	101
Panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso .....	102
<b>7. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman .....</b>	<b>103</b>
Mahahalagang numero ng telepono .....	103
Mga salitang dapat malaman.....	105



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre  
ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 13

---

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano makakahingi ng tulong?

Gusto ng Health Net na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gusto ng Health Net na marinig ito mula sa iyo!

## Mga Serbisyo para sa miyembro

Narito ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net upang tulungan ka. Magagawa ng Health Net na:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga sinasaklawang serbisyo
- Tulungan kang pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)
- Sabihin sa iyo kung saan kukunin ang pangangalagang kailangan mo
- Mag-alok ng mga serbisyo ng tagasalin kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles
- Mag-alok ng impormasyon sa iba pang mga wika at format

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net 24 na oras, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag.

Maaari ka ring bumisita online, anumang oras, sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Sino ang maaaring maging miyembro

Kuwalipikado ka para sa Health Net dahil kuwalipikado ka sa Medi-Cal at naninirahan ka sa sa isa sa mga county na ito: Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare. Maaari ka ring maging kuwalipikado sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security. Maaaring makipag-ugnayan sa Social Security Administration / Supplemental Social Income (SSI) sa 1-800-772-1213 (TTY: 1-800-325-0778).

---



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 14

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).  
O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

## Transitional na Medi-Cal

Ang Transitional na Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga nagtatrabahong tao.” Maaari kang makakuha ng transitional na Medi-Cal kung tumigil kang kumuha ng Medi-Cal dahil:


- Nagsimula kang kumita nang mas maraming pera.
- Nagsimulang makatanggap ang iyong pamilya ng higit pang suporta para sa bata o asawa.

Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal sa lokal na tanggapan ng mga serbisyo para sa kalusugan at tao ng iyong county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx) o tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).


## Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng Health Net, makakakuha ka ng Health Net ID card. Dapat ipakita mo ang iyong Health Net ID card at ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kumuha ka ng anumang serbisyo o reseta sa pangangalagang pangkalusugan. Dapat lagi mong dalhin ang lahat ng card ng kalusugan sa lahat ng oras. Narito ang isang sampol ng Health Net ID card upang ipakita sa iyo kung ano ang magiging hitsura ng iyo:

HARAPANG PANEL NG ID CARD



LIKURANG PANEL NG ID CARD



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 15

- Ang iyong Health Net ID card ay mayroong mahalagang impormasyon, kabilang ang: Pangalan ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) (o ang pangalan ng inyong Klinika o Medikal na Grupo). Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga Miyembro na kapwa mayroong pagsaklaw ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Ang impormasyong nasa iyong PCP ay “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na tinalagahan ng CIN ng DHCS. Ang impormasyong nasa iyong PCP ay “Walang Primary MD.”
- Address at numero ng telepono ng iyong PCP. Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga Miyembro na kapwa mayroong pagsaklaw ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Ang impormasyong nasa iyong PCP ay “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na tinalagahan ng CIN ng DHCS. Ang impormasyong nasa iyong PCP ay “Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.”
- Kung mali ang impormasyon ng iyong PCP at/o ng iyong grupong medikal o kung binago mo ang iyong PCP at/o grupong medikal magmula noong huling ibinigay ang ID card mo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) upang makakuha ng bagong card na may tamang impormasyon ng PCP.
- Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong ID card, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Narito ang dapat gawin sa iyong ID card:

- Tingnan upang matiyak na ang impormasyon sa iyong ID card ay tama. Kung ang alinman sa iyong ID card ay mali, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Kung mali ang pagkakabaybay o mali ang iyong pangalan, ikokonekta ka namin sa tanggapan ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan para sa Publiko sa iyong county upang maayos ito.

Ipakita ang iyong ID card sa tuwing ikaw ay:

- mayroong appointment sa doktor,
- pupunta sa Ospital,
- kailangan ng Agarang Pangangalaga/Mga Serbisyong Pang-emergency, o
- kukuha ng Reseta.

Kung hindi mo makukuha ang iyong ID card ng Health Net sa loob ng ilang linggo ng pagpapatala, o kung nasira, nawala o nanakaw ang iyong card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro. Papadalhan ka na ngayon ng Health Net ng card nang libre. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Kapag nakuha mo na ang iyong bagong ID card, dapat sirain mo ang anumang lumang ID card o card na hindi na valid upang maprotektahan ang iyong pagkakakilanlan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 16



---

## Mga paraan upang makilahok bilang isang miyembro

Gusto ng Health Net na marinig ang iyong mga opinyon. Taun-taon, nagkakaroon ng mga pagpupulong ang Health Net upang pag-usapan kung ano ang maayos na gumagana at paanong mas makakapagpahusay ang Health Net . Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa isang pagpupulong!

### Tagapayong Komite ng Komunidad

Ang Health Net ay may grupong tinatawag na Tagapayong Komite ng Komunidad. Ang grupong ito ay binubuo ng mga mamimili, Miyembro ng Health Net, at ahensiya ng komunidad. Ang pagsali sa grupong ito ay boluntaryo. Ang grupong ito ay nag-uusap tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsible para sa:

- Payo tungkol sa kalidad ng pagpapahusay at mga pagsisikap sa edukasyon sa kalusugan ng Health Net
- Payo tungkol sa mga programa ng serbisyong nauugnay sa kultura at wika ng Health Net
- Pagtukoy ng mga balakid sa pangangalaga dahil sa kultura, diskriminasyon, wika, o kapansanan.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### Komite ng Pampublikong Patakaran (Public Policy Committee)

Ang Health Net ay may grupong tinatawag na Komite ng Pampublikong Patakaran. Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro at provider ng planong pangkalusugan. Ang pagsali sa grupong ito ay boluntaryo. Ang grupong ito ay nag-uusap tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsible para sa:

- Pagbibigay ng payo sa Lupon ng Mga Direktor ng Health Net (Board of Directors) tungkol sa mga isyu sa patakarang nakakaapekto sa planong pangkalusugan at sa aming mga miyembro.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711)

**Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga grupong ito.**



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 17

---

## 2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

---

### **Buod ng planong pangkalusugan**

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa mga lugar na pinagseserbisyuhang ito: Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Maaari kang makipag-usap sa isa mga kinatawan ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net upang matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito ibabagay para sa iyo. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### **Kailan magsisimula at matatapos ang iyong pagsaklaw**

Kapag nagpatala ka sa Health Net, makakatanggap ka ng ID card ng miyembro ng Health Net sa loob ng dalawang linggo ng iyong pagpapatala. Mangyaring ipakita ang card na ito tuwing tatanggap ka ng anumang serbisyo sa ilalim ng Health Net.

Mag-uumpisa ang iyong pangangalaga sa pamamagitan ng Health Net kapag tapos na ang iyong pagpapatala sa isang Planong Pangkalusugan. Maaari mo nang simulang gamitin ang iyong Mga Benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Health Net sa petsa ng pag-iral ng iyong pagsaklaw. Ang petsa ng pag-iral ng pagsaklaw ay ang unang araw ng buwan kasunod ng pagkumpleto sa pagpapatala sa isang Planong Pangkalusugan. Tingnan ang ID card ng Miyembro ng Health Net na ipinadala sa iyo sa sulat para sa petsa ng pag-iral ng pagsaklaw.

Maaari mong hilinging wakasan ang iyong pagsaklaw sa Health Net at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).

O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>. Maaari mo ring hilinging wakasan ang iyong Medi-Cal.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 18

Minsan, hindi ka na maaaring paglingkuran ng Health Net. Dapat wakasan ng Health Net ang iyong pagsaklaw kung:

- Umalis ka sa bansa o nasa kulungan ka
- Wala ka ng Medi-Cal
- Kuwalipikado ka para sa mga partikular na programa ng waiver
- Kailangan mo ng major transplant ng organo (hindi kabilang ang mga kidney at corneal transplant)
- Kung ikaw ay nasa isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga nang lampas sa dalawang buwan (hindi kabilang ang mga miyembro sa Los Angeles at San Diego county)
- Nagiging bahagi ka ng anumang pandarayang may kinalaman sa mga serbisyo, benepisyo o pasilidad ng aming plano.

### Indian Health Services

Kung isa kang American Indian, mayroong kang karapatang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng Indian health service. Maaari ka ring manatili o umalis sa Health Net habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Ang mga American Indian ay mayroong karapatang huwag magpatala sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal o maaari silang umalis sa kanilang mga planong pangkalusugan at bumalik sa regular (fee-for-service) na Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan.

Upang makaalam nang higit pa, mangyaring tawagan ang Indian Health Services sa 1-916-930-3927 o bisitahin ang website ng Indian Health Services sa [www.ihs.gov](http://www.ihs.gov).

---

## Paano gumagana ang iyong plano

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugang nakakontrata sa DHCS. Ang Health Net ay isang pinamamahalaang planong pangkalusugan para sa pangangalaga. Ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ay isang sulit na paggamit ng mga pinagkukunan ng pangangalagang pangkalusugang nagpapahusay sa access sa pangangalagang pangkalusugan at tumitiyak sa kalidad ng pangangalaga. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa mga doktor, ospital, parmasya, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar na pinagseserbisuhan ng Health Net upang magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, ang miyembro.

Sasabihin sa iyo ng Mga Serbisyo para sa Miyembro kung paano gumagana ang Health Net, paano kukunin ang pangangalagang kailangan mo, paano magtakda ng mga appointment sa provider, at paano malalaman kung kuwalipikado ka para sa mga serbisyo ng transportasyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 19

Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari ka ring makahanap ng mga impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa miyembro online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

### Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari mong hilinging wakasan ang iyong pagsaklaw sa Health Net at sumali sa ibang planong pangkalusugan anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077) upang pumili ng bagong plano. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 6:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Tumatagal nang 15 hanggang sa 45 araw upang maproseso ang iyong kahilingang umalis sa Health Net. Upang malaman kung kailan inaprubahan ng Health Care Options ang iyong kahilingan, tumawag sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).

Kung gusto mong mas mabilis na umalis sa Health Net, maaari kang humiling sa Health Care Options ng pinabilis na (mabilis) pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan ng iyong kahilingan ay nakatutugon sa mga panuntunan para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makatanggap ka ng sulat upang ipaalam sa iyong naalis ka na sa pagkakatala.

Ang mga benepisyaryong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga batang tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng Foster Care o Adoption Assistance Programs; mga miyembrong may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga major transplant ng organo; at mga miyembrong nakatala na sa ibang pinamahahalaang plano ng pangangalaga ng Medi-Cal, Medicare o sa komersiyal na pinamamahalaang plano ng pangangalaga.

Maaari mong hilinging umalis sa Health Net nang personal sa lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at para sa tao ng iyong county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>. O tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).

### Mga mag-aaral sa kolehiyo na lumipat sa isang bagong county

Kung lilipat ka sa isang bagong county sa California upang mag-aral sa kolehiyo, sasaklawin ng Health Net ang mga serbisyong pang-emergency sa iyong bagong county. Available ang lahat ng serbisyong pang-emergency sa lahat ng nagpapatala sa Medi-Cal sa buong estado anuman ang county na tinitirahan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 20

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Kung nagpatala ka sa Medi-Cal at mag-aaral ka ng kolehiyo sa ibang county, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon. Hindi kinakailangan ng bagong aplikasyon sa Medi-Cal hanggang sa hindi ka pa 21 taong gulang, panandalian lang na wala sa tahanan, at kini-claim pa rin bilang isang umaasa sa pagbubuwis sa sambahayan.

Kapag panandalian kang umalis sa bahay upang magkolehiyo, mayroong dalawang opsiyong available sa iyo. Maaari mong:

- Abisuhan ang lokal na mga panlipunang serbisyo ng iyong county na panandalian kang aalis para magkolehiyo at ibigay ang iyong address sa bagong county. Ia-update ng county ang mga tala ng kaso sa paglalagay ng iyong bagong address at county code sa database ng Estado. Kung ang Health Net ay hindi nagpapatakbo sa iyong bagong county, kakailanganin mong baguhin ang iyong planong pangkalusugan sa mga available na opsiyon sa iyong bagong county. Para sa mga tanong at upang maiwasan ang anumang antala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).

### O

- Piliing huwag baguhin ang iyong planong pangkalusugan kapag panandalian kang lumipat upang magkolehiyo sa ibang county. Magkakaroon ka lang ng access sa mga serbisyo ng emergency room sa bagong county. Para sa karaniwan o pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin mong gamitin ang regular na network ng mga provider ng Health Net na nasa tinitirahang county ng ulo ng sambahayan.

---

## Pagpapatuloy ng pangangalaga

Kung pupunta ka ngayon sa mga provider na wala sa network ng Health Net, sa mga partikular na kaso maaari kang makatanggap ng pagpapatuloy ng pangangalaga at makapunta sa kanila nang hanggang sa 12 buwan. Kung hindi sasali ang iyong mga provider sa network ng Health Net sa katapusan ng 12 buwan, kakailanganin mong lumipat sa mga provider sa network ng Health Net.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 21

## Paano patuloy na magpatingin sa iyong doktor kung isa kang bagong miyembro

Kung kakasali mo lang sa aming plano sa unang pagkakataon, maaari mong hilinging patuloy na magpatingin sa iyong wala sa network na provider (kabilang ang PCP at Espesyalista) nang hanggang sa 12 buwan. Tinatawag itong isang benepisyong ng “pagpapatuloy ng pangangalaga.” Upang maging kuwalipikado sa benepisyong ito, ang mga sumusunod na kundisyon ay dapat matugunan:

- Dapat nagpatingin ka sa wala sa network na provider nang kahit isang beses sa panahon ng labing-dalawang (12) buwan bago ang petsa ng iyong Pagpapatala sa aming plano, para sa pagpapatuloying hindi emergency;
- Ang wala sa network na provider ay dapat sumang-ayon sa aming karaniwang singil na bayad o sa singil na bayad ng Medi-Cal;
- Ang wala sa network na provider ay isang provider ng Plano na inaprubahan ng Estado ng California.

Kung natutugunan ng iyong kahilingan ang mga kundisyong ito, aaprubahan namin ang iyong kahilingan at papahintulutan kang magpatingin sa iyong provider nang hanggang sa 12 buwan.

Ang benepisyong pagpapatuloy ng pangangalaga ay kinabibilangan lang ng mga serbisyong sinasaklawan ng aming plano, ngunit hindi kinabibilangan ng :

- Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment)
- Transportasyon
- Iba pang pansuportang serbisyo, at
- Mga serbisyong ibinibigay ng programang Fee-for-Service ng Medi-Cal at hindi sinasaklawan ng plano.

Upang humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga, mangyaring tumawag sa 1-800-675-6110. (TTY: 711).

## Pagpapatuloy ng Pangangalaga para sa matatanda at may kapansanan

Ang matatanda at may Kapansanan na kakasali lang sa aming plano ay maaaring humiling na patuloy na magpatingin sa kanilang doktor kung mayroong aktibong kahilingan ng pagpapahintulot ng Fee-For Service na paggamot ng Medi-Cal.

Tatanggapin ng aming plano ang anumang aktibong pahintulot sa paggamot ng Medi-Cal Fee-For-Service nang hanggang sa 60 araw mula sa petsa ng pagsali mo sa aming plano o hanggang sa makakumpleto ang aming plano ng bagong pagtatasa. Upang humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga, mangyaring tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 22

## Pagpapatuloy ng Pangangalaga para sa mga miyembrong lumilipat mula sa Covered California

Kung kakasali mo lang sa aming plano dahil sa kinakailangang paglipat mula sa Covered California papunta sa Medi-Cal Managed Care, mayroon kang karapatang kumpletuhin ang dating naaprubahan at kinakailangan sa medikal na pangangalaga mula sa iyong gumagamot na provider:

- Nang hanggang sa 60 araw mula sa petsa ng iyong pagsali sa aming plano, o
- Hanggang sa makakumpleto ang aming plano ng bagong pagtatasa nang walang kahilingan mo o ng provider.

Bilang karagdagan, maaari kang humiling ng kahilingan ng pagpapatuloy ng pangangalaga mula sa iyong wala sa network na provider nang hanggang sa 12 buwan mula sa petsa ng iyong pagsali sa aming plano. Tingnan ang seksiyon ng *“Patuloy na magpatingin sa iyong provider kung isa kang bagong miyembro”* sa itaas para sa higit pang impormasyon.

Upang humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga, mangyaring tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

## Pagpapatuloy ng Pangangalaga para sa mga batang tumatanggap ng Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Treatment o BHT)

Maaaring patuloy na magpatingin ang mga batang tumatanggap ng Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali sa kanilang wala sa network na provider ng serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali nang hanggang sa 12 buwan. Dapat mayroon silang kasalukuyang ugnayan sa provider ng serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali. Nangangahulugan itong nakapagpatingin ang Miyembro sa provider na iyon nang kahit isang beses sa panahon ng 6 na buwan bago ang pagpapatala sa aming plano o paglilipat mula sa isang Pangrehiyong Sentro (Regional Center). Upang humiling ng kahilingan ng pagpapatuloy ng pangangalaga, mangyaring tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711)



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 23

### Mga Provider na umalis sa Health Net

Kung ang iyong provider ay titigil na makipagtulungan sa Health Net, maaari mo pa ring magawang makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyon. Ito ay isa pang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagbibigay ang Health Net ng mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa:

- Mga serbisyong ibinigay ng iyong doktor, kabilang ang mga espesyalista at ospital. Maaari kang patuloy na makatanggap ng mga sinasaklawang serbisyo kung sumang-ayon ang iyong doktor sa mga kundisyon ng pagpapatuloy ng pangangalaga, at ginagamot ka para sa anuman sa sumusunod:
  - Malubha o acute na kundisyon (isang seryoso at biglaang kundisyon na nagtatagal ng maikling panahon tulad ng atake sa puso o pneumonia) – Para sa panahon ng pagtagal ng kundisyon.
  - Seryosong Malubhang (long-term) kundisyon – Para sa hanggang 12 buwan. Karaniwang hanggang sa makakumpleto ka ng kurso ng paggamot at ligtas kang maililipat ng iyong doktor sa isa pang provider.
  - Pagbubutis – Sa panahon ng pangangalaga para sa pagbubuntis at para sa post-partum (anim na linggo pagkatapos manganak).
  - Kalusugan ng Pag-iisip ng Ina (Para sa hanggang 12 buwan mula sa diyagnosis o mula sa katapusan ng pagbubuntis, alinman ang mas nahuli).
  - Mga karamdaman/kondisyong nagtataning sa buhay – Para sa haba ng karamdaman.
  - Mga batang nasa edad na pagkapanganak hanggang 36 na buwan – Para sa hanggang 12 buwan.
  - Mayroon kang operasyon o iba pang pamamaraan na inaprubahan ng aming plano bilang bahagi ng nakatalang kurso ng paggamot. Ang paggamot na ito ay naitalaga upang maisagawa sa loob ng 180 araw ng panahon nang tumigil ang doktor o Ospital na makipagtulungan sa aming plano o sa loob ng 180 araw ng panahong nagsimula ang pagsaklaw mo sa amin.

**Hindi** nagbibigay ang Health Net ng pagpapatuloy ng pangangalaga ng mga serbisyo ng pangangalaga kung hindi mo matutugunan ang mga kundisyon sa itaas. Dagdag pa rito, hindi kabilang sa pagpapatuloy ng benepisyo ng pangangalaga ang mga sumusunod na serbisyo:

- Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment)
- Transportasyon
- Iba pang pansuportang serbisyo, at
- Mga serbisyong ibinigay ng programang Fee-for-Service ng Medi-Cal at hindi sinasaklawan ng plano.

Upang matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at pagiging kuwalipikado, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 24



---

## Mga Gastos

### Mga gastos ng miyembro

Pinaglilingkuran ngHealth Net ang mga taong kuwalipikado para sa Medi-Cal. **Hindi** kailangang magbayad ng mga miyembro ngHealth Net para sa mga sinasaklawang serbisyo. Hindi ka magkakaroon ng mga premium o nababawas. Para sa listahan ng mga sinasaklawang serbisyo, pumunta sa "Mga benepisyo at serbisyo."

### Para sa mga miyembrong may bahagi sa gastos

Maaaring kailangan mong magbayad ng bahagi sa gastos bawat buwan. Nakadepende ang halaga ng iyong bahagi sa gastos sa iyong kita at mga pinagkukunan. Bawat buwan babayaran mo ang iyong mga sariling gastusing medikal hanggang sa pumantay na ang halagang binayaran mo sa iyong bahagi sa gastos. Pagkatapos niyon, sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi ka sasaklawin ng Health Net hanggang sa mabayaran mo ang iyong buong bahagi sa gastos para sa kasalukuyang buwan. Matapos mong matugunan ang iyong bahagi sa gastos para sa kasalukuyang buwan, maaari ka nang pumunta sa sinumang doktor ng Health Net. Kung isa kang miyembrong may bahagi sa gastos, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

### Paano binabayaran ang isang provider

Binabayaran ng Health Net ang mga provider sa mga paraang ito:

- Mga kabayaranang capitation
  - Binabayaran ng Health Net ang ilang provider ng takdang halaga ng pera kada buwan para sa bawat miyembro ng Health Net. Tinatawag itong kabayaranang capitation. Nagtutulungan ang Health Net at mga provider upang pagpasyahan ang halaga ng bayad.
- Mga fee-for-service na bayad
  - Nagbibigay ang ilang mga provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng Health Net at pagkatapos ay nagpapadala sa Health Net ng bayarin para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong fee-for-service na bayad. Nagtutulungan ang Health Net at mga provider upang pagpasyahan ang halaga ng bawat serbisyo.
- Binabayaran din ngHealth Net ang mga provider para sa pag-abot sa mga partikular na sukatan ng kalidad.

Upang matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng Health Net ang mga provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 25

### **Paghiling sa Health Net na magbayad ng bayarin**

Kung makakatanggap ka ng bayarin para sa isang sinasaklawang serbisyo, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Kung magbabayad ka para sa isang serbisyong sa palagay mo ay dapat sinasaklawan ng Health Net maaari kang maghain ng reklamo. Gumamit ng form ng reklamo at sumulat sa Health Net kung bakit kinailangan mong magbayad. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) para humingi ng form ng reklamo. Susuriin ng Health Net ang iyong reklamo at magpapasya kung mababawi mo ang iyong pera.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 26

---

# 3. Paano makakuha ng pangangalaga

---

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

**MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN MO KUNG KANINO O SA ALING GRUPO NG MGA PROVIDER MAAARING MAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.**

Maaari ka nang magsimulang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pag-iral ng iyong pagsaklaw. Laging dalhin ang iyong ID card ng Health Net at Medi-Cal BIC card. Huwag kailanman hayaan ang sinumang gamitin ang iyong ID card ng Health Net o BIC card.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng Health Net. Ang network ng Health Net ay isang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Health Net. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na maging miyembro ka ng Health Net. Kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net pipili ng isa para sa iyo.

Maaari mong piliin ang parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Health Net.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong papanatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCP, maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider. Mayroon itong listahan ng lahat ng PCP sa network ng Health Net. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider upang matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo sa kalahok na provider sa network ng Health Net, dapat humngi ang iyong PCP ng pag-apruba mula sa Health Net upang papuntahin ka sa isang wala sa network na provider.

Basahin ang kabuuan ng kabanatang ito upang matuto pa tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider at network ng provider.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 27

## Paunang pagtatasa ng kalusugan (Initial health assessment o IHA)

Inirerekomenda ng Health Net na, bilang isang bagong miyembro, bisitahin mo ang iyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa paunang pagtatasa ng kalusugan (IHA). Ang layunin ng IHA ay upang matulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan ng pangangalagang pangkalusugan at mga pangangailangan. Maaaring tanungin ka ng iyong PCP ng ilang tanong tungkol sa iyong kasaysayang pangkalusugan o maaaring hilingin sa iyong magsagot ng talatanungan. Sasabihin din sa iyo ng PCP ang tungkol sa pagpapayo at klase para sa edukasyong pangkalusugang maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang magtakda ng IHA appointment, sabihin sa taong sasagot sa telepono na isa kang miyembro ng Health Net. Ibigay ang numero ng iyong Health Net ID.

Dalhin ang iyong BIC card at Health Net ID card sa iyong appointment. Magandang ideyang magdala ng listahan ng iyong mga gamot at tanong sa iyong pagbisita. Maghandang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tumawag sa tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi ka makakapunta sa appointment.

## Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pang-iwas na pangangalaga, na tinatawag ding pangangalaga para sa kahusayang pangkalusugan o mabuting pangangalaga (well care). Tinutulungan ka nitong manatiling malusog at iniwas ka sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na pagpapatingin at edukasyong pangkalusugan at pagpapayo. Dagdag sa pangangalagang pang-iwas sa sakit, kabilang din sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Sinasaklawan ng Health Net ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Gagawin ng iyong PCP na:

- Ibigay sa iyo ang lahat ng iyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na pagpapatingin, bakuna, paggamot, reseta, at payong medikal
- Itabi ang iyong mga tala sa kalusugan
- I-refer (papuntahin) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-atas ng mga X-ray, mammogram, o gawain sa lab kung kinakailangan mo ang mga ito

Kung kailangan mo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa isang appointment. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga, maliban na lang kung emergency. Para sa mga emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Upang matuto pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklawan ng iyong plano, at kung ano ang hindi sinasaklawan nito, basahin ang Kabanata 4 sa handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 28

#### Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o agaw-buhay na kundisyon. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan mo upang maiwasan ang seryosong pagkasira ng iyong kalusugan dahil sa biglaang pagkakasakit, pinsala o kumplikasyon ng kundisyong nararanasan mo na. Nangangailangan ang mga appointment ng agarang pangangalaga ng pangangalaga sa loob ng 48 oras. Kung nasa labas ka ng rehiyon ng serbisyo ng Health Net, maaaring masaklawan ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga. Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring sipon, magang lalamunan, lagnat, pagsakit ng tenga, pilay ng kalamnan o mga serbisyo para sa pagbubuntis.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung hindi mo makontak ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). O kaya, maaari mong tawagan ang linya ng pagpapayo ng nars sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Piliin ang opsiyong 24 na oras na linya ng pagpapayo ng nars sa menu.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng rehiyon ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip, tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng Mental Health Plan ng county na available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Upang hanapin ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng county online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

#### Emergency na pangangalaga

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa emergency na pangangalaga, **hindi** mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net.

Ang emergency na pangangalaga ay para sa mga agaw-buhay na medikal na kundisyon. Ang pangangalagang ito ay para ito sa mga sakit o pinsala, na kapag hindi ka kaagad nakatanggap ng pangangalaga, maaaring asahan ng isang nasa katuwirang karaniwang tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina, ay maaaring manganib ang iyong kalusugan (o ang kalusugan ng iyong ipinagbubuntis na sanggol), o maaaring lubhang makapinsala sa isang paggana ng katawan, organ ng katawan, o bahagi ng katawan. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Aktibong pagle-labor
- Pagkabali ng buto
- Malubhang pangingirot, lalo na sa dibdib
- Matinding pagkapaso
- Pagka-overdose sa droga



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 29

- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Pang-emergency na kalagayang psychiatric

**Huwag magpunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga.** Dapat kang tumanggap ng karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP, na siyang pinakamahusay na nakakakilala sa iyo. Kung hindi ka nakatitiyak kung ang iyong medikal na kundisyon ay isang emergency, tawagan ang iyong PCP. Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na numero ng telepono ng linya ng nars sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Piliin ang opsiyong 24 na oras na linya ng pagpapayo ng nars sa menu.

Kung kailangan mo ng emergency na pangangalaga nang malayo sa iyong tahanan, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit wala ito sa network ng Health Net. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanilang tawagan ang Health Net. Ikaw o ang ospital kung saan ka na-admit ay dapat tumawag sa Health Net sa loob ng 24 na oras matapos kang makatanggap ng emergency na pangangalaga. Kung nagbabiyaha ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailagan ng emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang magpaalam muna sa iyong PCP o sa Health Net bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala sa network matapos ang iyong emergency (post-stabilization care o pangangalaga matapos na mailayo sa panganib ang iyong kalagayan), tatawagan ng ospital ang Health Net.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban kung isa itong emergency. Humingi lang ng emergency na pangangalaga para sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o para sa karaniwang sakit tulad ng sipon o pamamaga ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Sensitibong pangangalaga

### ***Mga serbisyong maaaring ibigay nang may pahintulot ng menor-de-edad***

Kung wala ka pang 18 taong gulang, maaari kang magpatingin sa doktor nang walang pahintulot mula sa iyong mga magulang o tagapangalaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa) para sa:
  - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
  - Kapag maaari mong saktan ang iyong sarili o ang ibang tao
- Pagbubuntis



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 30

### 3 | Paano makakatanggap ng pangangalaga

- Pagpaplano ng Pamilya o gamot na pampigil sa pagbubuntis (maliban sa sterilization o pagwawakas ng abilidad na magkaanak)
- Sekswal na pag-atake
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot para sa HIV/AIDS (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa)
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot para sa mga impeksiyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa)
- Paggamot para sa pag-abuso sa droga at alak (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa)

Hindi kailangang maging bahagi ng network ng Health Net ang doktor o klinika at hindi mo na kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito, maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na numero ng telepono ng linya ng nars sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na linya ng pagpapayo ng nars sa menu.

Maaaring makipag-usap ang mga menor-de-edad nang pribado tungkol sa kanilang mga usaping pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na linya ng nars sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

#### ***Mga sensitibong serbisyong para sa nasa hustong gulang***

Bilang nasa hustong gulang, maaaring hindi mo gustong pumunta sa iyong PCP para sa mga partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung ganoon, maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya
- Pagsusuri para sa HIV/AIDS
- Mga impeksiyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik

Hindi kailangang maging bahagi ng network ng Health Net ang doktor o klinika. Hindi kailangang i-refer ka ng iyong PCP para sa mga ganitong uri ng serbisyo. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyong ito, maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7na linya ng nars sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 31

#### Mga paunang direktiba

Ang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Dito, maaari mong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang gusto mo sakaling hindi ka na makapagsalita o makapagdesisyon sa mga darating na panahon. Maaari mong ilista kung anong pangangalaga ang **ayaw** mo. Maaari kang magbigay ng pangalan ng tao, tulad ng asawa, upang magdesisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo na ito magagawa.

Maaari kang makakuha ng form ng paunang direktiba sa mga drugstore, ospital, law office at tanggapan ng doktor. Maaaring kailanganin mong bayaran ang form. Maaari ka ring makahanap at makapag-download ng libreng form online. Maaari kang magpatulong sa iyong pamilya, PCP, o sinumang pinagkakatiwalaan mo na sagutan ang form.

May karapatan kang mailagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihan ka ng Health Net tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ang pagbabago.

---

#### Saan makakatanggap ng pangangalaga

Makukuha mo ang karamihan sa iyong pangangalaga mula sa iyong PCP. Ibibigay ng iyong PCP ang lahat ng iyong karaniwang pang-iwas na (kahusayang pangkalusugan) pangangalaga. Pupunta ka rin sa iyong PCP para sa pangangalaga kapag may sakit ka.

Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng hindi pang-emergency na pangangalaga. Ire-refer (papapuntahin) ka ng iyong PCP sa mga espesyalista kung kailangan mo sila.

Upang makahingi ng tulong sa iyong mga katanungan kaugnay ng iyong kalusugan, maaari mo ring tawagan ang linya ng nars sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Ang agarang pangangalaga ay pangangalagang kailangan mo sa loob ng 48 oras, ngunit hindi isang emergency. Kinabibilangan ito ng pangangalaga para sa mga bagay gaya ng sipon, pamamaga ng lalamunan, lagnat, pananakit ng tainga, o pilay.

Para sa mga emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 32



#### **Moral na pagtangga**

Ang ilang provider ay may moral na pagtangga sa ilang mga serbisyo. Nangangahulugan itong may karapatan silang **hindi** i-alok ang ilang sinasaklawang serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon batay sa mga moral na dahilan. Kung may moral na pagtangga ang iyong provider, tutulungan ka niyang maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ring makipagtulungan sa iyo ang Health Net upang maghanap ng provider.

Hindi inaalok ng ilang mga ospital at ibang mga provider ang isa o higit pa sa mga nakalistang serbisyo sa ibaba. Ang mga serbisyong ito na maaaring kailanganin mo o ng iyong kapamilya ay maaaring sinasaklawan sa ilalim ng kontrata ng iyong plano:

- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya at pagpigil sa pagbubuntis, kasama ang pang-emergency na paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis
- Isterilisasyon, kabilang ang tubal ligation sa panahon ng pagle-labor at panganganak
- Mga paggamot para sa pagkabaog
- Pagpapalaglag

Dapat kang kumuha nang higit pang impormasyon bago ka magpatala. Tawagan ang bagong doktor, grupong medikal, asosasyon ng independiyenteng pagsasanay o klinikang gusto mo. O tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

#### **Direktoryo ng Provider**

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Health Net ang mga provider na lumalahok sa network ng Health Net. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Health Net.

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Health Net ang mga ospital, parmasya, PCP, espesyalista, manggagamot na nars, nars na midwife (nagpapaanak), katulong ng doktor, provider ng pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kuwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Centers o FQHC), provider ng serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term service and support o LTSS), Nagsasariling Sentro ng Paanakan (Freestanding Birth Center o FBC), Pasilidad ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Service Facility o IHS) at Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (Rural Health Clinics o RHC).

Ang Direktoryo ng Provider ay mayroon ding mga tiyak na detalye, gaya ng mga pangalan, address, numero ng telepono, oras ng pagsisilbi at wikang sinasalita ng provider sa network ng Health Net. Sinasabi nito kung tumatanggap ang provider ng mga bagong pasyente. Binibigay rin nito ang antas ng kadaliang magamit para sa gusali, gaya ng paradahan, mga rampa, mga hagdang may hawakan, at mga palikuran na may malalawak na pintuan at pansuportang hawakan (grab bar).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 33

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Provider sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

---

## Network ng provider

Ang network ng provider ay ang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Health Net. Makukuha mo ang iyong mga sinasaklawang serbisyo sa pamamagitan ng network ng Health Net.

Kung ang iyong provider sa network, kabilang ang isang PCP, ospital o iba pang provider, ay mayroong moral na pagtangga sa pagbibigay sa iyo ng sinasaklawang serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Tingnan ang Kabanata 3 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga moral na pagtangga.

Kung may moral na pagtangga ang iyong provider, maaari ka niyang tulungang maghanap ng ibang provider na magbibigay sa iyo ng mga serbisyong kailangan mo. Maaari ring makipagtulungan sa iyo ang Health Net upang maghanap ng provider.

## Nasa network

Gagamitin mo ang mga provider na nasa network ng Health Net para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pang-iwas at karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang provider sa network ng Health Net.

Upang makakuha ng Direktoryo ng Provider ng mga provider sa network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Provider online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Maliban sa emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang mula sa mga provider na wala sa network.

## Wala sa network o Wala sa lugar ng serbisyo

Ang mga provider na wala sa network ay iyong mga walang kasunduang makipagtulungan sa Health Net. Maliban sa emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklawang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha mo ang mga ito mula sa wala sa network nang libre hangga't sa medikal na kinakailangan at hindi available sa network ang mga ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 34

### 3 | Paano makakatanggap ng pangangalaga

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong mula sa labas ng network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Health Net at nangangailangan ka ng pangangalagang **hindi** isang emergency o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklawan ng Health Net ang emergency na pangangalagang mula sa labas ng network. Kung bibiyahe ka papunta ng Canada o Mexico at kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga. Kung nagbibiyahe ka palabas ng Canada o Mexico at kailangan mo ng emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang kundisyong kuwalipikado para sa California Children's Services (CCS) at walang espesyalistang nasuri ng CCS ang Health Net sa network na makakapagbigay ng pangangalagang kailangan mo, maaari kang pumunta sa isang provider na wala sa network ng provider nang libre. Upang matuto pa tungkol sa programang CCS, basahin ang kabanata ng Mga Benepisyo at Serbisyo ng handbook na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalaga mula sa labas ng network o sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Kung sarado ang tanggapan at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tawagan ang linya ng nars sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

#### Mga doktor

Pipiliin mo ang iyong doktor o provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP) mula sa Direktoryo ng Provider ng Health Net . Ang doktor na pipiliin mo ay dapat isang kalahok na provider. Nangangahulugan itong ang provider ay nasa network ng Health Net . Upang makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O hanapin ito online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Dapat ka ring tumawag kung gusto mong makatiyak na ang gusto mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung may dati kang doktor bago ka naging miyembro ng Health Net, maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang magbasa nang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-ref ka ng iyong PCP sa isang espesyalistang nasa network ng Health Net.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 35

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net ang pipili ng isa para sa iyo. Ikaw ang pinakamahasay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam na ikaw na ang pumili ng iyong PCP. Kung mayroon ka ng kapwa pagsaklaw mula sa Medicare at Medi-Cal, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, kailangan mong pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Health Net. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Upang palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

## Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang iyong PCP ang magpapasya kung sa aling ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa isang ospital na nasa loob ng network. Nakalista ang mga ospital na nasa network ng Health Net sa Direktoryo ng Provider. Ang mga serbisyo sa ospital, maliban sa mga emergency, ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

---

## Provider ng Pangunahing Pangangalaga o Primary Care Provider (PCP)

Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa iyong pagpapatala sa Health Net. Depende sa iyong edad at kasarian, maaari kang pumili ng pangkalahatang manggagamot, ob/gyn, pampamilyang manggagamot, internist o pediatrician bilang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaari ring gumanap bilang iyong PCP ang isang manggagamot na nars o nurse practitioner (NP), katulong ng manggagamot o physician assistant (PA) o pinatotohanang nagpapaanak na nars o nurse midwife. Kung pipili ka ng NP, PA o pinatotohanang nagpapaanak na nars, maaaring italaga sa iyo ang isang doktor na mangangasiwa sa iyong pangangalaga.

Maaari ka ring pumili ng Pasilidad ng Serbisiyong Pangkalusugan para sa Indian o Indian Health Service Facility (IHF), Pederal na Kuwalipikadong Health Center o Federally Qualified Health Center (FQHC) o isang Klinikang Pangkalusugan sa Nayon o Rural Health Clinic (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari mong magawang pumili ng isang PCP para sa iyong buong pamilyang mga miyembro ng Health Net.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 ng pagpapatala, ang Health Net ang magtatalaga sa iyo sa isang PCP. Kung nakatalaga ka sa isang PCP at gusto mong baguhin iyon, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 36

Gagawin ng iyong PCP na:

- Alamin ang iyong kasaysayan at mga pangangailangang pangkalusugan
- Itabi ang iyong mga tala sa kalusugan
- Ibigay sa iyo ang kailangan mong pang-iwas at karaniwang pangangalagang pangkalusugan
- I-refer (papuntahin) ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ng isa
- Mag-ayos ng pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider upang maghanap ng PCP sa network ng Health Net . Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHF, FQHC, at RHC na nakikipagtulungan sa Health Net.

Makikita mo ang Direktoryo ng Provider ng Health Net online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). O maaari ka ring humiling ng Direktoryo ng Provider na ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Maaari ka ring tumawag upang malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto mo.

### **Pagpipilian ng mga doktor at iba pang mga provider**

Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam na ikaw na ang pumili ng iyong PCP.

Pinakamainam na manatili sa iisang PCP nang sa gayon ay malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong lumipat sa bagong PCP, maaari kang lumipat anumang oras. Maaari kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng Health Net at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang bago mong pipiliin ang iyong magiging PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong isagawa ang pagbabago.

Upang palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Maaaring hilingin sa iyo ng Health Net na palitan ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente, kung umalis na siya sa network ng Health Net o hindi siya nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad mo. Maaari ring hilingin sa iyo ng Health Net o ng iyong PCP na lumipat sa bagong PCP kung hindi kayo magkasundo o magkaayon ng iyong PCP, o kung nakakaligtaan o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng Health Net ang iyong PCP, sasabihan ka ng Health Net sa sulat.

Kapag nagpalit ka ng PCP, makakatanggap ka ng bagong ID card ng miyembro ng Health Net sa koreo. Maglalaman ito ng pangalan ng iyong bagong PCP. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

*Para lang sa mga Miyembro ng Los Angeles County:*



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 37

Kung nakatira ka sa Los Angeles County, maaari kang pumili ng PCP na nakakontra sa Health Net o sa aming subcontracting plan, ang Molina Healthcare of California (Molina). Kung pipili ka ng PCP na nakikipagtulungan sa Molina, kukunin mo ang iyong mga gamot sa mga parmasyang nakakontra sa Molina at gagamitin mo ang Listahan ng Pinapaborang Gamot o Preferred Drug List ng Molina. Upang makakuha ng kopya ng Listahan ng Pinapaborang Gamot o Preferred Drug List ng Molina, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Kung kailangan mong magpatingin sa Espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa Espesyalistang nakakontra sa Molina. Basahin ang Seksiyon ng "Molina" sa iyong Direktoryo ng Provider upang makita kung aling mga provider na parmasya at para sa mata ang maaari mong gamitin.

## Mga Appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda ang numero ng iyong Health Net ID bago tumawag
- Mag-iwan ng mensahe kasama ng iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC card at Health Net ID card sa iyong appointment
- Humingi ng impormasyon tungkol sa transportasyon papunta sa iyong appointment, kung kinakailangan
- Humingi ng mga serbisyo para sa tulong sa wika o pagsasalin, kung kinakailangan
- Dumating sa tamang oras ng iyong appointment
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakarating sa iyong appointment o kung mahuhuli ka
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon tungkol sa iyong gamot sakaling kailanganin mo ang mga ito

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Pagbabayad

**Hindi** mo kailangang magbayad para sa mga sinasaklawang serbisyo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka makakatanggap ng bill mula sa isang provider. Maaari kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo o Explanation of Benefits (EOB) o pahayag mula sa isang provider. Ang mga EOB at pahayag ay hindi mga bill.

Kapag makakatanggap ka nga ng bill, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Sabihin sa Health Net ang halagang sinisingil, ang petsa ng serbisyo at ang dahilan ng bill.

**Hindi** ka responsableng bayaran ang isang provider ng anumang halagang dapat sagutin ng Health Net para sa anumang sinasaklawang serbisyo. Maliban sa



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 38

emergency na pangangalaga o agarang pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklawang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga iyon wala sa network na provider nang walang bayad hangga't ang mga iyon ay medikal na kinakailangan at hindi available sa network.

Kung nakatanggap ka ng bill o sinabihan kang magbayad ng co-pay na sa palagay mo ay hindi mo kailangang bayaran, maaari ka ring maghain ng reklamo sa Health Net. Kakailanganin mong sabihan ang Health Net sa sulat kung bakit kinailangan mong magbayad para sa item o serbisyo. Babasahin ng Health Net ang iyong reklamo at pagpapasyahan kung mababawi mo ang iyong pera. Para sa mga tanong o upang humingi ng form ng reklamo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### Mga Referral

Bibigyan ka ng iyong PCP ng referral upang papuntahin ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito. Ang isang espesyalista ay isang doktor na may dagdag na edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP upang pumili ng espesyalista. Maaari kang tulungan ng tanggapan ng iyong PCP na magtakda ng oras upang pumunta sa espesyalista.

Kabilang sa iba pang mga serbisyong maaaring mangailangan ng referral ang mga in-office na pamamaraan, X-ray, gawain sa lab, at ilang serbisyo mula sa isang espesyalista.

Sisimulan ng iyong PCP ang proseso ng referral. Malalaman ng iyong PCP kung kailangan mo ng pahintulot o kung maaari mong direktang gawin ang appointment. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa kung kailangan ng pag-apruba ang pangangalaga mula sa isang Espesyalista o mula sa isang Ospital, maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Ang mga karaniwang mga referral ay umaabot nang hanggang 5 araw ng pagtatrabaho upang maproseso (ang “mga araw ng pagtatrabaho” ay Lunes hanggang Biyernes), ngunit maaaring umabot nang hanggang 28 araw sa kalendaryo (14 na araw mula sa petsa ng orihinal na paghiling at karagdagang 14 na araw kung humiling ng pagpapalawig) kung kailangan ng karagdagang impormasyon mula sa iyong PCP. Sa ilang kalagayan, maaaring hilingin ng iyong PCP na madaliin ang iyong referral. Ang mga pinabilis (minadaling) referral ay hindi maaaring tumagal nang lampas sa 72 oras. Mangyaring tawagan ang aming plano kung hindi ka makakuha ng sagot sa loob ng panahong ito. Kung mayroon kang problemang pangkalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring mangailangan ka ng umiiral na referral. Nangangahulugan itong maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi na humihingi ng referral sa bawat pagkakataon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 39

### 3 | Paano makakatanggap ng pangangalaga

Kung nahihirapan kang kumuha ng umiiral na referral o gusto mo ng kopya ng patakaran sa referral ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Hindi mo na kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Ob/gyn
- Mga pagbisita para sa agaran o emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyong para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o family planning (upang matuto pa, tawagan ang California Family Planning Information and Referral Service sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa)
- Paggamot para sa mga impeksiyong naipapasa sa pamamagitan ng pagkikipagtalik o sexually transmitted infections (mga menor-de-edad lang na 12 taong gulang o higit pa)
- Acupuncture (sa unang dalawang serbisyo kada buwan; mangangailangan ng referral ang mga karagdagan appointment)
- Mga serbisyo para sa pangangalaga ng gulugod o chiropractic (kapag ibinigay ng mga FQHC at RHC)
- Mga serbisyo sa pangangalaga at paggamot ng paa o podiatry (kapag ibinigay ng mga FQHC at RHC)
- Mga kuwalipikadong serbisyo sa ngipin
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip
- Karaniwang perinatal na pangangalaga mula sa isang doktor na nakikipagtulungan sa Health Net
- Mga serbisyo ng isang Sertipikadong Nars na Komadrona o Certified Nurse Midwife
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-uugali mula sa isang provider ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakikipagtulungan sa Health Net

Hindi rin kailangan ng mga menor-de-edad ng referral para sa:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient para sa:
  - Sekswal o pisikal na pang-aabuso
  - Kapag maaari mong saktan ang iyong sarili o ang ibang tao
- Pangangalaga sa panahon ng pagbubuntis
- Pangangalaga para sa mga biktima ng sekswal na pag-atake
- Paggamot para sa pag-abuso ng droga o alak



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 40



#### Paunang pag-apruba

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na magpaalam sa Health Net bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot, paunang pag-apruba, o pre-approval.

Nangangahulugan itong dapat tiyakin ng Health Net na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan.

Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung makatuwiran at mahalaga ito upang maprotektahan ang iyong buhay, inilalayo ka nito sa malubhang pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan, o binabawasan nito ang napakatinding sakit mula sa nasuring karamdaman, sakit o pinsala.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay laging nangangailangan ng paunang pag-apruba, kahit pa matanggap mo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng Health Net:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan ng Health Net
- Outpatient na operasyon
- Pangmatagalang pangangalaga sa isang pasilidad ng pangangalaga
- Mga espesyalisadong paggamot

Para sa ilang mga serbisyo, kailangan mo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sa ilalim ng Health and Safety Code Section 1367.01(h)(2), pagpapasyahan ng Health Net ang mga karaniwang paunang pag-apruba sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa pagkakatanggap ng Health Net sa impormasyong makatuwirang kinakailangan upang magpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan ipinahayag ng provider o natukoy ng Health Net na ang pagsunod sa pamantayang timeframe ay maaaring malubhang magsapanganib sa iyong buhay o kalusugan o kakayahang matamo, mapanatili, o mabawi ang maximum na pagkilos, gagawa ang Health Net ng pinabilis na pagpapasya sa paunang pag-apruba. Magbibigay ang Health Net ng abiso sa bilis na kinakailangan ng iyong kalagayang pangkalusugan at nang hindi lalampas sa 72 oras matapos matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

**Hindi** binabayaran ng Health Net ang mga reviewer upang ipagkait ang pagsaklaw o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng Health Net ang kahilingan, padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos o Notice of Action (NOA). Sasabihin sa iyo ng sulat na NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya.

Kokontakin ka ng Health Net kung kailangan ng Health Net ng higit pang impormasyon o panahon upang repasuhin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba para sa emergency na pangangalaga, kahit sa labas pa ito ng network. Kabilang dito ang pagle-labor at panganganak kung buntis ka.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 41

## Mga pangalawang opinyon

Maaaring gustuhin mong makakuha ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diyagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gustuhin mong makakuha ng pangalawang opinyon kung hindi ka siguradong kailangan mo ng inirerekomendang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano ng paggamot at hindi ito gumana.

Kung gusto mong makakuha ng pangalawang opinyon, maaari kang pumili ng nasa network na provider. Kung humihiling ka ng pangalawang opinyon tungkol sa isang diyagnosis na ginawa ng iyong PCP, dapat magmula ang pangalawang opinyon sa isa pang PCP na nasa loob ng Network ng Mga Doktor ng aming plano. Maaari ring magmula ang pangalawang opinyon sa isang espesyalistang Doktor na pamilyar sa medikal na problemang mayroon ka. Kung humihiling ka ng pangalawang opinyon tungkol sa isang Diyagnosis na ginawa ng iyong Espesyalista, dapat magmula ang pangalawang opinyon sa alinmang Asosasyon ng Independiyenteng Doktor (IPA) o Grupong Medikal na nasa loob ng Network ng aming plano para sa parehong specialty. Kung walang "kuwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan" sa Network ng iyong plano, papahintulutan (aaprubahan) namin ang pangalawang opinyon ng isang kuwalipikadong provider sa labas ng Network. Maaari kang i-refer ng iyong PCP sa isang provider sa network para sa pangalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon kung hihilingin mo ito o ng iyong provider sa network at kung kukunin mo ang pangalawang opinyon mula sa isang provider sa network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa Health Net para humingi ng pangalawang opinyon mula sa isang provider sa network.

Kung walang provider sa network ng Health Net na magbibigay sa iyo ng pangalawang opinyon, ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa isang wala-sa-network na provider. Sasabihin sa iyo ng Health Net sa loob ng 5 araw ng negosyo kung inaprubahan ang iyong piniling provider para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang pangmatagalan, malubha o seryosong karamdaman, o kung humaharap ka sa isang napipinto at seryosong panganib sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit limitado sa, pagkawala ng buhay, biyas, o mahalagang bahagi ng katawan o paggana ng katawan, magpapasya ang Health Net sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng Health Net ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang umapela. Upang matuto pa tungkol sa mga apela, pumunta sa pahina 98 sa handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 42

#### Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa loob ng network ng Health Net para sa sinasaklawang pangangalagang kailangan upang maibigay sa kababaihan ang mga karaniwan at pang-iwas na serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na linya ng nars sa 1-800-675-6110 (TTY: 711)

#### Oras at layo ng pagbibiyaheng papunta sa pangangalaga

Dapat sumunod ang Health Net sa mga pamantayan ng oras at layo ng pagbibiyaheng para sa iyong pangangalaga. Tumutulong ang mga pamantayang iyong matiyak na magagawa mong makatanggap ng pangangalaga nang hindi nagbibiyaheng nang masyadong matagal o masyadong malayo mula sa kung saan ka nakatira. Iba't iba ang mga pamantayan ng oras at layo ng pagbibiyaheng depende sa county na tinitirahan mo.

Kung hindi magagawa ng Health Net na magbigay ng pangangalaga sa iyo sa loob ng mga pamantayan ng oras at layo ng pagbibiyaheng ito, maaaring gumamit ng ibang pamantayang tinatawag na pamantayan ng alternatibong access. Upang makita ang mga pamantayan ng oras at layo ng pagbibiyaheng ng Health Net para sa kung saan ka nakatira, mangyaring bisitahin ang [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com) o tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang espesyalista at malayo sa iyong tirahan ang provider na iyon, maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) upang makakuha ng tulong sa paghahanap ng pangangalaga sa espesyalistang mas malapit sa iyo. Kung hindi makahanap ang Health Net ng pangangalaga para sa iyo sa isang mas malapit na espesyalista, maaari mong hilingin sa Health Net na mag-ayos ng transportasyon para sa iyo upang magpatingin sa isang espesyalista kahit na malayo ang espesyalista mula sa iyong tinitirahan. Itinuturing itong malayo kung hindi ka makakarating sa espesyalistang iyon sa loob ng mga pamantayan ng oras at layo ng pagbibiyaheng ng Health Net para sa county mo, sa kabila ng anumang pamantayan ng alternatibong access na maaaring gamitin ng Health Net para sa iyong ZIP Code.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 43

### Napapanahong access sa pangangalaga

Uri ng Appointment	Dapat Makakuha ng Appointment sa Loob ng
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment para sa hindi agarang pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Hindi agarang espesyalista	15 araw ng negosyo
Hindi agarang provider ng kalusugan ng pag-iisip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Hindi agarang appointment para sa mga pantulong na serbisyo para sa diyagnosis o paggagamot ng pinsala, sakit, o iba pang kalagayang pangkalusugan	15 araw ng negosyo
Oras ng paghihintay sa telepono sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Triage – mga 24/7 na serbisyo	Mga 24/7 na serbisyo – Hindi lalampas ng 30 minuto
Paunang pre-natal na pangangalaga	10 araw ng negosyo



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 44

---

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

---

## Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinaliliwanag ng seksiyong ito ang lahat ng iyong sinasaklawang serbisyo bilang miyembro ng Health Net. Libre ang iyong mga sinasaklawang serbisyo hangga't ang mga ito'y medikal na kinakailangan at ibinibigay ng nasa network na provider. Maaaring saklawan ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa isang provider na wala sa network. Ngunit dapat mong hilingin ang mga ito sa Health Net. Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung makatuwiran at mahalaga ito upang maprotektahan ang iyong buhay, inilalayo ka nito sa malubhang pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan, o binabawasan nito ang napakatinding sakit mula sa nasuring karamdaman, sakit o pinsala.

Inaalok ng Health Net ang mga ganitong uri ng serbisyo:

- Mga serbisyong outpatient (ambulatory)
- Mga serbisyong pang-emergency
- Pangangalaga sa hospisyo at pangangalagang pampakalma
- Pagpapaospital
- Pangangalaga sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol
- Mga serbisyong para sa transgender
- Mga inireresetang gamot
- Mga serbisyo at aparato na rehabilitative at habilitative
- Mga serbisyong panglaboratoryo at sa radiology, gaya ng mga X-ray
- Mga serbisyong pang-iwas at pangkahasayang pangkalusugan at pamamahala ng pangmatagalang sakit
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa paggamot ng sakit na paggamit ng substansya
- Mga serbisyong pediatriko o pambata
- Mga serbisyo para sa paningin
- Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon o non-emergency medical transportation (NEMT)
- Hindi medikal na transportasyon o non-medical transportation (NMT)
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta o long-term services and supports (LTSS)



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 45

- Mga serbisyo ng Telehealth

Basahin ang bawat isa sa mga seksiyon sa ibaba upang matuto pa tungkol sa mga serbisyong maaari mong matanggap.

---

## Mga benepisyo sa Medi-Cal

### Mga serbisyong outpatient (ambulatory)

- ***Mga Nasa hustong gulang na Pagpapabakuna***  
Maaari kang makatanggap ng pagpapabakuna para sa nasa hustong gulang (mga iniksiyon) mula sa parmasya sa network o provider sa network nang walang paunang pag-apruba. Sinasaklaw ng Health Net ang mga iniksiyong inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna o Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit o Centers for Disease Control and Prevention (CDC).
- ***Pangangalaga sa alerhiya***  
Sinasklaw ng Health Net ang pagsusuri at paggamot ng alerhiya, kabilang ang desensitization, hyposensitization o immunotherapy ng alerhiya.
- ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***  
Sinasklaw ng Health Net ang mga serbisyong pang-anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tatanggap ka ng outpatient na pangangalaga.
- ***Mga serbisyong chiropractic***  
Sinasklaw ng Health Net ang mga chiropractic na serbisyo, limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manuwal na pagmamanihula. Limitado ang mga serbisyo para sa pangangalaga ng gulugod o chiropractic sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, occupational therapy, at speech therapy. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba sa iba pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.  
Ang mga sumusunod na miyembro ay kuwalipikado para sa mga serbisyo para sa pangangalaga ng gulugod:
  - Mga batang wala pang 21 taong gulang;
  - Mga buntis na kababaihan hanggang sa katapusan ng buwan na may kasamang 60 araw kasunod ng wakas ng pagbubuntis;



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 46

- Mga residente sa isang pasilidad ng sinanay na pangangalaga (skilled nursing facility), pasilidad ng intermedyaryong pangangalaga (intermediate care facility), o pasilidad ng pangangalaga para sa subacute (subacute care facility); o
- Lahat ng miyembro kapag ibinibigay ang mga serbisyo sa mga outpatient na kagawaran ng ospital, FQHC o RHC.

### ▪ ***Mga serbisyong dialysis/hemodialysis***

Sinasaklaw ng Health Netang mga dialysis na paggamot. Sinasaklaw din ng Health Net ang mga serbisyong hemodialysis (chronic dialysis) kung aaprubahan ito ng iyong PCP at ng Health Net .

### ▪ ***Outpatient na operasyon***

Sinasaklaw ng Health Netang mga outpatient na pamamaraan ng operasyon. Nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) yaong kinakailangan para sa mga layunin ng diyagnosis, pamamaraang itinuturing na hindi sapilitan, at tinukoy na outpatient na medikal na pamamaraan.

### ▪ ***Mga serbisyo ng doktor***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### ▪ ***Mga serbisyong podiatry (sa paa)***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong podiatry kung medikal na kinakailangan para sa diyagnosis at medikal, surgical, mekanikal, manipulatibo, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao, kabilang ang sakong at mga litid na sumuksuk sa paa at ang hindi surgical na paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na nangangasiwa sa mga galaw ng paa.

### ▪ ***Mga terapiyang paggamot***

Sinasaklaw ng Health Net ang iba't ibang terapiyang paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 47

## Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip

- **Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**
  - Sinasaklaw ng Health Net ang isang miyembro para sa isang paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang tumanggap ng pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensiyadong provider ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa network ng Health Net nang walang referral.
  - Gagawa ang iyong PCP o provider ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng referral para sa karagdagang screening ng kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalistang nasa loob ng network ng Health Net upang matukoy ang antas ng iyong pagkakapinsala. Kung matutukoy ng mga resulta ng screening ng kalusugan ng iyong pag-iisip na ikaw ay may kaunti o katamtamang pagkabalisa o may kapansanan sa paggana ng iyong pag-iisip, emosyon, o pag-uugali, magagawa ng Health Net na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa iyo. Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ito:
    - Pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
    - Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na ipinahihiwatig upang tasahin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
    - Pagpapaunlad ng mga kakayahan sa pag-iisip upang mapahusay ang tuon, alaala at paglutas ng problema
    - Mga outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay sa terapiya ng gamot
    - Outpatient na laboratoryo, mga gamot, suplay at supplement
    - Psychiatric na pagkonsulta
  - Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
  - Kung matutukoy ng mga resulta ng iyong screening ng kalusugan ng pag-iisip na maaaring mayroon kang mas mataas na antas ng pagkakapinsala at na kailangan mo ng mga espesyalidad na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip o specialty mental health services (SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o ng iyong provider sa kalusugan ng pag-iisip sa plano ng kalusugan ng pag-iisip ng county upang makatanggap ng pagtatasa. Upang matuto pa, basahin ang *“Ano ang hindi sinasaklawan ng iyong planong pangkalusugan”* sa pahina 67.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 48



## Mga serbisyong pang-emergency

- ***Mga serbisyong inpatient at outpatient na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency***

Sinasaklaw ng Health Net ang lahat ng serbisyong kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency na nangyayari sa U.S. o kinakailangang nasa ospital ka sa Canada o Mexico. Ang isang medikal na emergency ay isang medikal na kundisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala.

Napakaseryoso ng kalagayan na, kapag hindi ito nakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng sinumang may katamtamang kaalaman sa kalusugan at medisina na magresulta ito sa:

- Seryosong panganib sa iyong kalusugan; ○
- Seryosong pinsala sa mga paggana ng katawan; ○
- Seryosong abnormal na paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan; ○
- Sa kalagayan ng buntis na aktibong nagle-labor, na nangangahulugang pagle-labor sa panahon na magaganap ang alinman sa mga sumusunod:
  - Wala nang sapat na panahon upang ligtas kang ilipat sa ibang ospital bago ang panganganak.
  - Maaaring magdulot ng panganib ang paglilipat sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa kalusugan o kaligtasan ng iyong dinadalang sanggol.

- ***Mga serbisyo sa emergency na transportasyon***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong ambulansiya upang matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga kalagayan ng emergency. Nangangahulugan itong seryoso ang iyong kundisyon at ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring magdulot ng panganib sa iyong kalusugan o buhay. Hindi sinasaklawan ang mga serbisyo sa labas ng U.S., maliban sa mga serbisyong emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.

## Pangangalaga sa hospisyo at pangangalagang pampakalma

Sinasaklaw ng Health Net ang pangangalaga sa hospisyo gayundin ang pangangalagang pampakalma para sa mga bata at nasa hustong gulang, na nagpapahupa ng pisikal, emosyonal, sosyal at espiritwal na kahirapan.

Ang pangangalaga sa hospisyo ay isang benepisyong nagsisilbi sa mga miyembrong may taning na ang buhay. Interbensiyon ito na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa lunas upang mapahaba ang buhay.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 49

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyo ang:

- Mga serbisyo sa pag-aalaga
- Mga serbisyo sa pisikal, occupational, o pagsasalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Katulong sa kalusugan sa tahanan at mga serbisyo ng maybahay
- Mga medikal na suplay at kagamitan
- Mga gamot at bayolohikong serbisyo
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga patuloy na serbisyo ng pag-aalaga sa batayang 24 na oras sa mga yugto ng krisis at kung kinakailangan upang panatilihn ang miyembrong may taning na ang buhay sa bahay
- Panandaliang pangangalaga sa inpatient nang hanggang sa palima-limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga o pasilidad ng hospisyo
- Maikling panahong pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga o pasilidad ng hospisyo

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-agap, pag-iwas at paggamot sa paghihirap. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na magkaroon ang miyembro ng taning na anim na buwan o mas mababa. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng panggamot na pangangalaga.

### Pagpapaospital

- ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa panahon ng mga pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na bihasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa panahon ng ilang medikal na pamamaraan.

- ***Mga inpatient na serbisyo sa ospital***

Sinasaklawan ng Health Net ang medikal na kinakailangang inpatient na pangangalaga sa ospital kapag na-admit ka sa ospital.

- ***Mga serbisyong surgical o pag-oopera***

Sinasaklawan ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang operasyong isinasagawa sa isang ospital.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 50

### Pangangalaga sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol

Sinasaklawan ng Health Net ang mga serbisyo ng pangangalaga para sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol na ito:

- Edukasyon at mga tulong hinggil sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos ng panganganak
- Prenatal na pangangalaga
- Mga serbisyo sa paanakan
- Sertipikadong Nars na Komadrona (CNM)
- Lisensiyadong Komadrona (LM)
- Diyagnosis ng mga kapansanan sa henetika ng fetus at pagpapayo
- Hanggang 20 sesyon ng pagpapayo para sa buntis o nanganak na kababaihan upang maiwasan ang perinatal na depresyon

### Pamamahala sa kaso

Nauunawaan naming may mga espesyal na pangangailangan ang ilang mga miyembro. Sa mga kasong iyon, nag-aalok ang Health Net ng mga serbisyo ng pamamahala sa kaso para sa aming mga miyembro upang tumulong sa mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali, buntis o may kapansanan, maaari kang matulungan ng aming mga tagapamahala ng kaso. Ang aming mga tagapamahala ng kaso ay mga rehistradong nars o social worker. Matutulungan ka nilang maunawaan ang mga pangunahing problemang pangkalusugan at magsaayos ng pangangalaga sa iyong mga doktor. Makikipagtulungan sa iyo at sa iyong doktor ang isang tagapamahala ng kaso upang matulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo.

Ang serbisyong ito ay para sa mga miyembrong may biglaan o kumplikadong medikal na kundisyon at na madalas na nangangailangang magpatingin sa ilang doktor. Maaaring mangailangan sila ng mga medikal na suplay o tulong sa bahay. Maaaring maging kabilang sa mga kundisyon ang:

- Mga pinsala
- Kanser
- Diabetes
- Chronic Obstructive Pulmonary Disease (COPD)
- Huling Yugto ng Sakit sa Bato (Renal Disease)
- Pagpalya ng Puso
- Sakit na sickle cell
- Multiple sclerosis
- Sakit sa kidney o bato
- HIV/AIDS
- Hemophilia



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 51

- Depresyon
- Pagkabalisa

### Mga inireresetang gamot

#### *Mga sinasaklawang gamot*

Maaari kang resetahan ng iyong provider ng mga gamot na nasa listahan ng pinapaborang gamot (PDL) ng Health Net, na napapailalim sa mga pagbubukod at limitasyon. Ang PDL ng Health Net ay minsang tinatawag na pormularyo. Ang mga gamot na nasa PDL ay ligtas at epektibo para sa kanilang nakatakdang paggamit. Ina-update ng isang grupo ng mga doktor at parmasista ang listahang ito.

- Ang pag-a-update ng listahang ito ay nakakatulong upang tiyaking ligtas at epektibo ang mga gamot na narito.
- Kung sa palagay ng iyong doktor ay kailangan mong uminom/gumamit ng gamot na wala sa listahang ito, kakailanganin ng iyong doktor na tawagan ang Health Net upang humingi ng paunang pag-apruba bago mo makuha ang gamot.

Mangyaring tandaang ang pagkakaroon ng gamot sa PDL ay hindi garantyang irereseta ng iyong doktor ang gamot para sa partikular na medikal na kundisyon. Upang malaman kung ang isang gamot ay nasa PDL ng Health Net o upang makakuha ng kopya ng PDL, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Maaari mo ring mahanap ang PDL sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Minsan, kailangang aprubahan ng Health Net ang isang gamot bago ito mairereseta ng isang provider. Rerepasuhin at pagpapasyahan ng Health Net ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaari kang bigyan ng isang parmasista o emergency room ng ospital ng pang-emergency na suplay para sa 72 oras kung sa palagay nila ay kailangan mo ito. Babayaran ng Health Net ang pang-emergency na suplay.
- Kung hihindi ang Health Net sa kahilingan, padadalhan ka ng Health Net ng sulat na nagpapaalam sa iyo kung bakit at anong iba pang gamot o paggamot ang maaari mong subukan.

#### *Mga Parmasya*

Kung nagpapapuno o muli kang nagpapapuno ng reseta, dapat mong kunin ang iyong mga iniresetang gamot mula sa parmasyang nakikipagtulungan sa Health Net. Makakakita ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Health Net sa Direktoryo ng Provider ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). Maaari ka ring makakita ng parmasyang malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 52

Kapag nakapili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Maaari rin itong ipadala ng provider sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta, kasama ng iyong Health Net ID card. Tiyaking alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iniinom mo at anumang alerhiyang mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong reseta, tiyaking magtanong sa parmasista.

*Para lang sa mga Miyembro ng Los Angeles County:*

Kung nakatira ka sa Los Angeles County, maaari kang pumili ng PCP na nakakontrata sa aming plano o sa aming subcontracting plan, ang Molina Healthcare of California (Molina). Kung pipili ka ng PCP na nakikipagtulungan sa Molina, kukunin mo ang iyong mga gamot sa mga parmasyang nakakontrata sa Molina at gagamitin mo ang Listahan ng Pinapaborang Gamot o Preferred Drug List ng Molina. Upang makakuha ng kopya ng Listahan ng Pinapaborang Gamot o Preferred Drug List ng Molina, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### Mga serbisyo at aparato na rehabilitative at habilitative

Sinasaklawan ng plano ang:

- **Acupuncture**

Sinasaklawan ng Health Net ang mga serbisyong acupuncture upang maiwasan, baguhin, o pahupain ang matindi at pabalik-balik na kronikong pananakit na nagreresulta mula sa isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kundisyon. Limitado ang mga serbisyong acupuncture para sa outpatient (mayroon o walang elektronikong pagpapasigla ng mga karayom) sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo ng audiology, chiropractic, occupational therapy at speech therapy. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

- **Audiology (pandinig)**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa audiology. Limitado ang mga serbisyong audiology para sa outpatient sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy at speech therapy. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 53

- ***Mga paggagamot sa kalusugan ng pag-uugali o behavioral health treatments***

Ang paggamot ng kalusugan ng pag-uugali o behavioral health treatment (BHT) ay kinabibilangan ng mga serbisyo at programa ng paggagamot, gaya ng mga programa ng applied behavior analysis at evidence-based behavior intervention program, na nagpapaunlad o nagpapanumbalik, sa maximum na antas na maaari, ang maayos na paggana ng isang indibidwal.

Ang mga serbisyong BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan sa gamit ang pagsubaybay at pagsuporta sa pag-uugali, o sa pamamagitan ng paghihikayat upang ituro ang bawat hakbang tungo sa isang nilalayong pag-uugali. Ang mga serbisyong BHT ay nakabatay sa mga mapagkakatiwalaang ebidensiya at hindi eksperimental. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ang mga behavioral intervention, cognitive behavioral intervention package, comprehensive behavioral treatment at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensiyadong doktor o sikolohista, inaprubahan ng plano, at ibinibigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

- ***Mga klinikal na pagsubok para sa kanser***

Sumasaklaw ang Health Net ng klinikal na pagsubok if nauugnay ito sa pag-iwas, pagtukoy o paggamot ng kanser o iba pang kundisyong nagsasapanganib ng buhay at kung isinasagawa ang pag-aaral sa U.S Food and Drug Administration (FDA), Centers for Disease Control and Prevention (CDC) o Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS). Ang mga pag-aaral ay dapat aprubahan ng National Institutes of Health, FDA, Department of Defense o ng Veterans Administration.

- ***Cardiac rehabilitation o pagpapatatag ng puso***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga inpatient at outpatient na serbisyo sa cardiac rehabilitasyon o pagpapatatag ng puso.

- ***Cosmetic Surgery***

Hindi sumasaklaw ang Health Net ng cosmetic surgery upang baguhin ang hugis ng mga normal na istruktura ng katawan upang mapaganda ang hitsura.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 54

- ***Matibay na Kagamitang Medikal (DME)***

Sinasaklaw ng Health Net ang pagbili o pag-upa ng mga medikal na suplay, kagamitan at iba pang serbisyong may reseta mula sa doktor. Maaaring masaklaw ang mga iniresetang DME na item kung medikal na kinakailangan upang mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o upang maiwasan ang mayor na pisikal na kapansanan. Hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga gamit, tampok, at suplay na para sa ginhawa, kaalwanan o luho.

- ***Enteral at parenteral na nutrisyon***

Ginagamit ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng medikal na kundisyon na normal na kumain ng pagkain. Sinasaklaw ng Health Net ang mga produkto para sa enteral at parenteral na nutrisyon kapag medikal na kinakailangan.

- ***Mga pantulong sa pandinig o hearing aids***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga pantulong sa pandinig o hearing aid kung nasuri ka para sa pagkawala ng pandinig at nakatanggap ka ng reseta mula sa iyong doktor. Maaari ring saklawin ng Health Net ang mga pag-upa ng hearing aid, pagpapalit at mga baterya para sa iyong unang hearing aid.

- ***Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong pangkalusugang ibinigay sa iyong tahanan, kapag inireseta ng iyong doktor at napag-alamang medikal na kinakailangan.

- ***Mga medikal na suplay, kagamitan at appliance***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na suplay na inireseta ng isang doktor. Sinasaklaw ng Health Net ang mga incontinence na supply kapag in-order ng iyong doktor at ibinigay ng tagasuplay na nakakontrata sa plano.

- ***Occupational therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong occupational therapy, kabilang ang pagsusuri para sa occupational therapy, pagpapalano ng gamutan, paggamot, mga serbisyong pagtatagubilin at pagkonsulta. Limitado ang mga serbisyong occupational therapy sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, occupational therapy, at speech therapy. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 55

- ***Orthotics/prostheses***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga orthotic at prosthetic na aparato at serbisyong medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kabilang dito ang mga naka-implant na aparato para sa pandinig, breast prosthesis/mastectomy bra, compression burn garment at prosthetics upang mapanumbalik ang paggana ng o palitan ang bahagi ng katawan, o upang sumuporta ng nanghina o nadepormang bahagi ng katawan.

- ***Mga suplay para sa ostomy at urological na suplay***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga bag ng ostomy, urinary catheter, draining bag, suplay at pandikit ng irigasyon. Hindi kabilang dito ang mga suplay na para sa kagamitan o tampok ng ginhawa, kaalwanan, o luho.

- ***Physical therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong physical therapy, kabilang ang pagsusuri para sa physical therapy, pagpapalano ng gamutan, paggamot, pagtatagubilin, mga serbisyong pagkonsulta, at paglalagay ng mga gamot na ipinapahid.

- ***Pulmonary rehabilitation o pagpapatatag ng baga***

Sinasaklaw ng Health Net ang pulmonary rehabilitation o pagpapatatag ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng isang doktor.

- ***Mga Pambuong Muli na Serbisyo***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang magpahusay o gumawa ng normal na hitsura hangga't sa maaari. Ang mga abnormal ng istruktura ng katawan ay yaong mga dinulot ng mga depekto mula pagkasilang, abnormalidad sa pagkakabuo, truma, impeksiyon, mga tumor, o sakit.

- ***Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga o skilled nursing facility***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga kung medikal na kinakailangan, kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng silid at pagtira sa isang lisensiyadong pasilidad ng sanay na pag-aalaga nang 24 na oras araw-araw.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 56



### ▪ **Speech therapy**

Sinasaklaw ng Health Net ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Limitado ang mga serbisyong speech therapy sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### ▪ **Mga Serbisyong para sa Transgender**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo para sa pag-aayon ng kasarian) bilang benepisyo kapag ang mga ito ay medikal na kinakailangan o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang pamantayan para sa pagbubuong muli na operasyon.

Nangangailangan ang lahat ng sinasaklawang benepisyo ng paggamot para sa Gender Identity Disorder (GID) ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sumusunod ang paggamot sa pinakahuling bersiyon ng dokumento ng World Professional Association for Transgender Health (WPATH) na *Standards of Care for the Health of Transsexual, Transgender, and Gender-Nonconforming People* at mga pamantayan ng Medi-Cal. Dapat magkaroon ang miyembro ng diyagnosis para sa gender dysphoria o GID na ginawa ng naaangkop na propesyunal na may pagsasanay sa larangang ito at ayon sa mga alituntunin ng WPATH at Medi-Cal.

Kabilang sa mga sinasaklawang benepisyo ang:

- Psychotherapy,
- Tuluy-tuloy na hormonal therapy,
- Pagsusuri sa laboratoryo upang subaybayan ang hormone therapy, at
- Gender reassignment surgery (operasyon para palitan ang ari) na hindi kosmetiko ang kalikasan.

Ang Gender Reassignment Surgery ay saklaw kapag ang miyembro, na nadayagnos na may GID:

- ay hindi bababa sa 18 taong gulang,
- may kakayahang magbigay ng may ganap na may-kabatirang pahintulot,
- at naabot ang pamantayan ng WPATH para sa operasyon.

Sinasaklaw lang ang operasyon ng pagpapadagdag ng dibdib o breast implant surgery (at mga nauugnay na medikal na kinakailangang serbisyo) para sa mga miyembrong babae-patungong-lalaki kapag hindi napalaki ng maayos na pagsubok ng hormone therapy ang dibdib.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 57

**Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Center ng Pakikipag-ugnayan ng Customer ng Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).**

### **Mga serbisyong panglaboratoryo at para sa radiology**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga outpatient at inpatient na serbisyo ng laboratoryo at x-ray kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang iba't ibang makabagong imaging procedure batay sa medikal na pangangailangan. Ang mga serbisyong ito ay sinasaklawan kapag in-order ng iyong doktor at ibinigay ng provider na nakakontrata sa plano o sa panahon ng emergency.

### **Mga serbisyong pang-iwas at pangkahusayan ng kalusugan at pamamahala ng pangmatagalang sakit**

Sinasaklawan ng plano ang:

- Mga bakunang inirerekomenda ng Advisory Committee for Immunization Practices
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o family planning
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng Health Resources and Service Administration
- Mga pang-iwas na serbisyo para sa kababaihang inirerekomenda ng Institute of Medicine
- Mga serbisyo para sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekomendang pang-iwas na serbisyo ng United States Preventive Services Task Force A at B

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembrong nasa edad na may kakayahang magdalang-tao upang bigyan sila ng kakayahang tukuyin ang bilang at agwat ng mga anak. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga pamamaraan ng pagpigil ng pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Available ang mga PCP at espesyalistang ob/yyn ng Health Net para sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinikang hindi konektado sa Health Net nang hindi humihingi ng paunang pag-apruba sa Health Net. Hindi maaaring saklawin ang mga serbisyong mula sa provider na wala sa network na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya. Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 58

## Pamamahala sa Sakit/Pagpapayo sa Kalusugan o Health Coaching

Sa Health Net, nagsisikap kaming matulungan ang aming mga miyembrong makuha ang paggamot at mga panlipunang serbisyong kailangan nila, kapag kailangan nila. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng edukasyon at personal na tulong mula sa kawani ng pamamahala sa pangangalaga. Ang layunin ng serbisyong ito ay upang pataasin ang kalidad ng iyong pangangalaga at tulungan kang mapahusay ang iyong kalusugan. Kabilang sa aming mga programa ng pamamahala sa sakit ang:

- Hika
- Diabetes
- Pagpalya ng puso

Ang lahat ng aming mga programa ay nakatuon sa pagtulong iyong maunawaan at aktibong mapamahalaan ang iyong kalusugan. Narito kami upang tulungan ka sa mga bagay na tulad ng:

- Paano uminom/gumamit ng mga gamot
- Anong mga pagsusuri ng screening ang kukunin
- Kailan tatawag sa doktor

Bibigyan ka namin ng mga kagamitan upang matulungan kang matutunan at makontrol ang iyong kundisyon. Para sa higit pang impormasyon o upang i-refer ang sarili, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (Para sa TTY, makipag-ugnayan sa California Relay sa pamamagitan ng pagtawag sa 711 at ibigay ang numero ng Mga Serbisyo para sa Miyembro: 1-800-675-6110). Maaari mong hilinging makipag-usap sa isang tagapayo sa kalusugan para sa pamamahala sa sakit.

## Programang Pang-iwas sa Diabetes

Ang Programang Pangontra sa Diabetes (DPP) ay isang nakabatay sa ebidensiyang paraan ng programa ng pagbabago ng pamamaraan ng pamumuhay. Idinisenyo ito upang pigilan o antalahin ang pagkakaroon ng type 2 diabetes sa mga indibidwal na nadayagnos na may prediabetes. Ang programa ay nagtatagal ng isang taon. Maaari itong umabot nang dalawang taon para sa mga miyembrong kuwalipikado. Ang mga suporta at pamamaraan ng pamumuhay na inaprubahan ng programa ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng panghihikayat at puna
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay ng mga karaniwang pagtitimbang upang makatulong na makamit ang mga layunin



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 59

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado upang makasali sa DPP. Tawagan ang Health Net upang matuto pa tungkol sa programa at pagiging kuwalipikado.

### **Mga serbisyo para sa sakit na pag-abuso sa paggamit ng substansya**

Sinasaklaw ng plano ang mga screening para sa pagkalulong sa alak at pagpapayong interbensiyon para sa kalusugan ng pag-uugali para sa pagkalulong sa alak. Ang mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang (may edad 18 at higit pa) na may mga sakit sa pag-abuso ng alak o iba pang substansya ay libreng iniaalok sa iyo. Ang mga sinasaklawang serbisyo para sa pagkalulong sa alak ay:

- Isang pinalawak na screening para sa mapanganib na paggamit ng alak kada taon (isang pansalang kasangkapan na humihingi sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong paggamit ng alak)
- Tatlong 15-minutong sesyon ng interbensiyon kada taon upang pag-usapan ang mapanganib na paggamit ng alak

Sinasaklaw rin ng plano ang inpatient na paggamot para Malubha o acute na pagka-overdose sa droga o alak kapag medikal na kinakailangan.

### **Mga serbisiyong pediatriko o pambata**

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga serbisyo sa maaga at pana-panahong screening, diyagnostiko at paggagamot o Early and periodic screening, diagnostic and treatment (EPSDT).
- Kung ang iyong anak o mga anak ay wala pang 21 taong gulang, sinasaklaw ng Health Net ang mga well-child na pagbisita. Ang mga well-child na pagbisita ay malawakang pangkat ng mga serbisyo ng pang-iwas, screening, diyagnostik, at paggamot.
- Gagawa ang Health Net ng mga appointment at magbibigay ng transportasyon upang matulungan ang mga bata na makuha ang pangangalagang kailangan nila.
- Ang pang-iwas na pangangalaga ay maaaring mga regular na pagpapatinging pangkalusugan at screening upang matulungan ang iyong doktor na maagang mahanap ang mga problema. Tumutulong ang mga regular na pagpapatingin sa iyong doktor na maghanap ng anumang problema sa iyong kalusugang medikal, ngipin, paningin, pandinig, ng pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng substansya. Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng screening (kabilang ang pagtatasa ng antas ng tingga sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi sa panahon ng regular na pagpapatingin. Ang pang-iwas na pangangalaga ay maaari ring mga bakunang kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Health Net na makukuha ng lahat ng nakatalang bata ang mga



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 60

- kinakailangang bakuna sa oras ng anumang pagbisita para sa pangangalagang pangkalusugan.
- Kung may nahanap na problemang pisikal o isyu sa kalusugan ng pag-iisip sa panahong ng pagpapatingin o screening, maaaring mayroong pangangalagang makakaayos o makakatulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at responsable ang Health Net sa pagbabayad para sa pangangalaga, sasaklawin ng Health Net ang pangangalaga nang libre para sa iyo. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
    - Doktor, manggagamot na nars, at pangangalaga sa ospital
    - Mga bakuna upang mapanatili kang malusog
    - Mga physical, speech/language, at occupational therapy
    - Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, na maaaring medikal na kagamitan, mga suplay, at appliance
    - Paggamot para sa paningin at pandinig, na maaaring salamin at pantulong sa pandinig (hearing aid).
    - Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa autism spectrum disorder at iba pang mga kapansanan sa pag-unlad
    - Pamamahala sa kaso, pinuntirang pamamahala sa kaso, at edukasyong pangkalusugan
    - Reconstructive surgery, na operayon upang magtama o mag-ayos ng mga abnormal istruktura ng katawang idinulot ng mga depekto mula sa pagkasilang, mga abnormalidad sa pagkakabuo, trauma, impeksiyon, mga tumor, o sakit upang mapahusay ang paggana o gumawa ng normal na hitsura.
  - Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at hindi responsable ang Health Net sa pagbabayad para sa pangangalaga, tutulungan ka ng Health Net na makuha ang tamang pangangalagang kailangan mo. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
    - Mga serbisyo ng paggamot at rehabilitasyon para sa mga sakit sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substansya.
    - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, na maaaring orthodontics
    - Mga serbisyo ng pribadong naka-duty na nars

### Mga serbisyo para sa paningin

Sinasaklawan ng plano ang:

- Karaniwang pagsusuri ng mata isang beses kada 24 na buwan, maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.
- Mga salamin (mga frame at lens) isang beses kada 24 na buwan; mga contact lens kapag kinakailangan para sa medikal na kundisyon gaya ng aphakia, aniridia, at keratoconus.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 61

## Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon o non-emergency medical transportation (NEMT)

May karapatan kang gumamit ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) kapag ikaw ay pisikal o medikal na walang kakayahang pumunta sa iyong appointment para sa medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng substansya sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi, at nagbabayad ang plano para sa iyong medikal o pisikal na kundisyon. Bago makakuha ng NEMT, kailangan mong hilingin ang serbisyo sa pamamagitan ng iyong doktor, at irereseta nila ang tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong medikal na kundisyon.

Ang NEMT ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o transportasyon sa pamamagitan ng himpapawid. Ang NEMT ay hindi isang kotse, bus o taxi. Pinahihintulutan ng Health Net ang pinakamababang gastos sa NEMT para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Nangangahulugan iyong, halimbawa, kung ikaw ay may pisikal o medikal na kakayahang madala ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang Health Net ng ambulansiya. May karapatan ka sa transportasyon sa pamamagitan ng himpapawid kung magdudulot ang iyong medikal na kundisyon ng hindi posibleng transportasyon sa daan.

Dapat gamitin ang NEMT kapag:

- Ito ay pisikal o medikal na kinakailangan gaya ng tinukoy sa isang nakasulat na pahintulot ng doktor; o wala kang kakayahang pisikal o medikal na sumakay sa bus, taxi, kotse, o van upang makarating sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o mental na kapansanan.
- Nauna na itong naaprubahan ng Health Net nang may nakasulat na pahintulot ng doktor.

Upang humiling ng mga serbisyong NEMT na inireseta ng iyong doktor, mangyaring tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card bago ka tumawag.

### **Mga Limitasyon ng NEMT**

Walang limitasyon sa pagtanggap ng NEMT sa o mula sa mga appointment para sa medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, at sakit sa paggamit ng substansya na sinasaklawan sa ilalim ng Health Net kapag inireseta ito ng provider para sa iyo. Kung ang uri ng appointment ay saklaw ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, ang iyong planong pangkalusugan ang magbibigay o tutulong sa iyong itakda ang iyong transportasyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 62

### **Ano ang hindi nalalapat?**

Hindi magbibigay ng transportasyon kung pinahihintulutan ka ng iyong pisikal at medikal na kundisyon na makarating sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, taxi o iba pang madaling ma-access na paraan ng transportasyon. Hindi magbibigay ng transportasyon kapag ang serbisyo ay hindi sinasaklawan ng Medi-Cal. May listahan ng mga sinasaklawang serbiyo sa Handbook ng Miyembro na ito.

### **Gastos ng miyembro**

Walang gagastusin kapag ang transportasyon ay pinahintulutan ng Health Net.

### **Hindi medikal na transportasyon o non-medical transportation (NMT)**

Maaari kang gumamit ng hindi medikal na transportasyon (NMT) kapag:

- Bibiyahe papunta at mula sa isang appointment para sa serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider.
- Kukuha ng mga reseta at medikal na suplay.

Pinahihintulutan ka ng Health Net na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sinasaklawan ng Medi-Cal. Nagbibigay ang Health Net ng reimbursement para sa bawat milyang inaabot kapag ang transportasyon ay sa pamamagitan ng pribadong sasakyan na isinaayos ng miyembro at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, mga bus pass, taxi voucher o tiket ng tren.

Bago ang pagkuha ng pag-apruba para sa reimbursement para sa bawat milyang naabot, dapat mong ihayag sa Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, email o nang personal na sinubukan mong makuha ang lahat ng iba pang makatuwirang pagpipilian sa transportasyon at hindi ka makakuha ng isa. Pinahihintulutan ng Health Net ang pinakamababang gastos sa uri ng NMT na tumutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan.

Upang humiling ng mga serbisyong NMT na pinahintulutan ng iyong provider, tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card bago ka tumawag.

### **Mga Limitasyon ng NMT**

Walang limitasyon sa pagtanggap ng NEMT sa o mula sa mga appointment para sa medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, at sakit sa paggamit ng substansya kapag pinahintulutan ito ng provider para sa iyo. Kung ang uri ng appointment ay saklaw ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, ang iyong planong pangkalusugan ang magbibigay o tutulong sa iyong itakda ang iyong transportasyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 63

### **Ano ang hindi nalalapat?**

Hindi nalalapat ang NMT kung:

- Medikal na nangangailangan ng ambulansiya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng NEMT upang makarating sa isang sinasaklawang serbisyo.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o medikal na kundisyon.
- Hindi sinasaklawan ng Medi-Cal ang serbisyo.

### **Gastos ng miyembro**

Walang gagastusin kapag ang transportasyon ay pinahintulutan ng Health Net.

### **Mga serbisyo at suportang pangmatagalan o long-term services and supports (LTSS)**

Sinasaklawan ng Health Net ang mga benepisyong LTSS na ito para sa mga miyembrong kuwalipikado:

- Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga o skilled nursing facility kung inaprubahan ng Health Net
- Mga Serbisyonang Nakabase sa Tahanan at Komunidad o Home and Community Based Services (HCBS) kung inaprubahan ng Health Net

#### **PARA SA LOS ANGELES AT SAN DIEGO COUNTY LANG:**

- **Programang Mga Serbisyonang Para sa Matanda na Maraming Layunin o Multi-Purpose Senior Services Program (MSSP):** Maaari kang maging kuwalipikado para sa mga serbisyonang MSSP kung ikaw ay 65 taong gulang o higit pa, na may mga kapansanan at kuwalipikado para sa paglalagay sa pasilidad ng pag-aalaga ngunit mas pinipiling manatili sa tahanan. Pahihintulutan ka ng MSSP na ligtas na manatili sa tahanan bilang kapalit ng paglalagay sa pasilidad ng pag-aalaga. Maaaring kabilang sa mga serbisyonang ibinibigay ng MSSP ang:
  - Pangangalaga sa araw / sentro ng suporta para sa mga nasa hustong gulang o adult day care/support center
  - Tulong sa pabahay/ Maliit na pag-aayos ng tirahan
  - Tulong sa mga gawaing bahay at personal na pangangalaga
  - Pangangasiwa para sa proteksiyon
  - Pamamahala sa pangangalaga
  - Panandaliang Pangangalaga (sa loob ng bahay at sa labas ng bahay)
  - Transportasyon
  - Mga serbisyo sa pagkain – Grupo / Ipinapadala sa Bahay
  - Social reassurance / Therapeutic na Pagpapayo



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 64



- Mga serbisyo para sa pakikipag-ugnayan/ Pagsasalin/ Pagpapakahulugan
  - Mga Environmental Accessibility Adaptation
  - Personal na Sistema ng Pagtugon sa Emergency o Personal Emergency Response System (PERS)/ Aparato ng Pakikipag-ugnayan
  - Pamamahala sa Pera
- **Pangangalaga sa Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga o “SNF” (Pangangalaga sa Pasilidad ng Subacute/Katamtaman)** – Sinasaklaw ng aming plano ang mga serbisyo ng Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (SNF). Maaaring maging available sa iyo ang mag serbisyong SNF kung ikaw ay may pisikal na may kapansanan at nangangailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Ang mga Serbisyong SNF ay dapat irekomenda ng doktor o pinatotohanang manggagamot na nars (certified nurse practitioner) at ibigay sa isang lisensiyadong Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga (SNF). Kabilang sa Mga Sinasaklaw na Serbisyo ang:
- Pangangalaga ng sanay na pag-aalaga nang 24 na oras araw-araw.
  - Kuwarta at pagkain (araw-araw na rasyon ng pagkain).
  - Pamamahala sa Kaso.
  - Mga X-ray at laboratoryong pamamaraan.
  - Physical, Speech, at Occupational Therapy.
  - Mga iniresetang gamot at pangangasiwa sa medikasyon.
  - Mga medikal na suplay, kasangkapan, at kagamitan.

### **PARA SA LAHAT NG COUNTY:**

- **Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang na Nakabase sa Komunidad o Community-Based Adult Services (CBAS):** Maaari kang maging kuwalipikado para sa CBAS kung ikaw ay 18 taong gulang at higit pa, at nangangailangan ng karagdagang tulong dahil ikaw ay may mga problemang pangkalusugan na nagpapahirap sa iyong alagaan ang iyong sarili. Kung kuwalipikado ka, tutulungan ka naming maghanap ng sentrong pinakamainam na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Kung walang sentro ng CBAS sa iyong lugar, tutulungan ka naming makahanap ng iba pang mga serbisyo na nakabase sa tahanan at komunidad.
- Maaari mong makuha ang mga sumusunod na serbisyo sa sentro ng CBAS:
    - Indibidwal na pagtatasa
    - Mga serbisyo ng propesyunal na pag-aalaga
    - Mga physical, occupational at speech therapy
    - Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
    - Mga aktibidad na therapeutic
    - Mga serbisyong panlipunan
    - Personal na Pangangalaga
    - Mga pagkain



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 65

- Pagpapayo para sa nutrisyon
- Transportasyon papunta at mula sa iyong tirahan at sa sentro ng CBAS

### **Pag-uugnay ng pangangalaga para sa mga miyembro ng mga Pinamamahalaang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta o Managed Long Term Services and Support (MLTSS)**

- Nagbibigay ang aming plano ng pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga miyembrong tumatanggap ng mga Pinamamahalaang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (MLTSS) sa Los Angeles at San Diego County. Kapag nalalapat o hiniling ng Miyembro, magbubuo ang aming plano ng mga Individual Care Plans (ICP) para sa mga Miyembrong may mataas na antas ng panganib, at magtatatag ng mga Interdisciplinary Care Teams (ICT). Ang ICP at ICT ay binubuo batay sa mga pangangailangan ng miyembro at nagtitiyak ang mga ito ng pagsasama at pag-uugnay ng pangangalagang medikal at mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro

### **Mga serbisyo ng Telehealth**

Maaaring magawa ng Health Net na ibigay ang ilan sa iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Ang telehealth ay isang paraan ng pagtanggap ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong lokasyon ng iyong provider. Maaaring may kasamang live video na pag-uusap ang telehealth kasama ng iyong provider. O maaaring may kasamang pagbabahagi ng impormasyon ang telehealth kasama ng iyong provider nang walang live na pag-uusap. Mahalagang kapwa kayong sumang-ayon ng iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa patikular na serbisyo ay naaangkop para sa iyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa Health Net upang tukuyin kung aling mga uri ng serbisyo ng Health Net ang maaaring maibigay sa iyo sa pamamagitan ng telehealth.

---

## **Mga benepisyo ng Coordinated Care Initiative (CCI)**

*Para lang sa Los Angeles at San Diego County*

Ito ay listahan ng mga minimum na benepisyo ng Coordinated Care Initiative (CCI). Para sa mga detalye tungkol sa mga benepisyo ng CCI, mangyaring tingnan ang seksiyon ng Coordinated Care Initiative (CCI) ng handbook na ito.

Sinasaklawan ng plano ang:

- Network ng mga provider na nagtutulungan para sa iyo
- Personal na tagapag-ugnay ng pangangalaga na magtitiyak na makukuha mo ang pangangalaga at suportang kailangan mo



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 66

- Naka-customize na pagrepaso ng iyong mga pangangailangang pangkalusugan at plano sa pangangalaga
- Isang card ng segurong pangkalusugan
- Linya ng pagpapayo ng nars na matatawagan nang 24 na oras araw-araw, 7 araw kada linggo

---

## Ano ang hindi sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

### Iba pang serbisyong maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) na Medi-Cal

Minsan, hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga iyon sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Inililista ng seksiyong ito ang mga serbisyong ito. Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### ***Mga serbisyong espesyalidad para sa kalusugan ng pag-iisip***

Nagbibigay ang mga plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county ng mga serbisyong espesyalidad para sa kalusugan ng pag-iisip o specialty mental health service (SMHS) sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na tumutugon sa mga panuntunan ng medikal na pangangailangan. Maaaring kabilang sa SMHS ang mga outpatient, residensiyal at inpatient na serbisyong ito:

- Mga serbisyong outpatient:
  - Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagtatasa, pagbubuo ng plano, terapiya, rehabilitasyon, at kolateral)
  - Mga serbisyong suporta sa gamot
  - Mga masinsinang serbisyong paggamot sa araw o day treatment intensive services
  - Mga serbisyong rehabilitasyon sa araw o day rehabilitation services
  - Mga serbisyo ng interbensiyon sa panahon ng krisis
  - Mga serbisyo ng pagpapahupa ng krisis
  - Mga serbisyo ng pamamahala sa mga pinuntiryang kaso
  - Mga serbisyo ng therapeutic behavioral
  - Intensive care coordination (ICC)
  - Intensive home-based services (IHBS)
  - Therapeutic foster care (TFC)
- Mga serbisyo sa tahanan:
  - Mga serbisyong paggagamot sa tahanan ng mga nasa hustong gulang
  - Mga serbisyong paggagamot sa tahanan sa panahon ng krisis



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 67

- Mga inpatient na serbisyo:
  - Mga inpatient na serbisyo ng ospital para sa malubhang psychiatric na karamdaman
  - Mga inpatient na serbisyong propesyunal para sa psychiatric na karamdaman
  - Mga serbisyo ng pasilidad ng psychiatric na kalusugan

Upang matuto pa tungkol sa mga serbisyong espesyalidad para sa kaluugan ng pag-iisip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, maaari mong tawagan ang county. Upang hanapin ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng county online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

### ***Mga serbisyo para sa sakit sa paggamit ng substansya***

Maliban sa ipinapakita sa ilalim ng subseksiyon ng “mga benepisyo sa Medi-Cal,” ang lahat ng iba pang serbisyong paggamot para sa alak at droga at mga Outpatient na serbisyong heroin detoxification ay hindi sinasaklaw ng Health Net. Ang mga miyembrong mangangailangan ng mga serbisyong ito ay ire-refer sa provider ng Voluntary Inpatient Detox (VID) o sa programa ng kanilang county para sa paggamot sa paggamit sa alak at droga para sa paggamot. Patuloy na makikipagtulungan ang Health Net sa iyong PCP upang saklawin ang mga Pangunahing Pangangalaga at iba pang serbisyong walang kaugnayan sa paggamot para sa pag-abuso sa alak at substansya, at mag-uugnay ng mga serbisyo sa (mga) programa ng paggamot, kung kinakailangan.

### ***Mga serbisyo sa ngipin***

Kung nakatira ka sa Los Angeles o Sacramento county, nag-aalok ang Health Net ng plano sa ngipin ng Medi-Cal para sa mga benepisyaryo. Tumawag sa 1-800-213-6991 para sa higit pang impormasyon.

Para sa mga miyembro sa iba pang county, sinasaklaw ng Health Net ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diyagnostiko at pang-iwas na pangangalagang dental (gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pasta
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Pagsusukat at pagpapalano ng root
- Periodontal maintenance
- Buo at bahaging pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kuwalipikado



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 68

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Denti-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Denti-Cal sa [denti-cal.ca.gov](http://denti-cal.ca.gov).

### ***Institusyonal na pangmatagalang pangangalaga***

Para sa mga miyembro ng Kern, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, at Tulare county, sinasaklaw ng Health Net ang pangmatagalang pangangalaga sa isang pasilidad ng pag-aalaga sa buwan ng pagkaka-admit sa pasilidad at sa buwan pagkatapos niyan. **Hindi** sinasaklaw ng Health Net ang pangmatagalang pangangalaga kung mamamalagi ka nang mas matagal pa.

Sinasaklaw ng Regular na Medi-Cal ang iyong pamamalagi kung tatagal ito nang higit pa sa buwan pagkatapos kang pumasok sa isang pasilidad. Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### ***Mga inireresetang gamot***

Hindi sinasaklaw ng Health Net ang ilang gamot, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga iyon sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal.

- Ang California Children's Services (CCS) ay isang programa ng estado para sa mga batang hanggang 21 taong gulang na may mga partikular na karamdaman o problemang pangkalusugan. Ang mga tiyak na gamot para sa mga sinasaklaw ng CCS na karamdaman o problemang pangkalusugan ay hindi sinasaklaw ng Health Net. Ang mga doktor na inaprubahan ng CCS ang dapat magsulat ng mga reseta. Dapat singilin ng mga parmasya ang CCS para sa mga gamot na ginamit upang gamutin ang mga karamdaman o problemang pangkalusugan na sinasaklaw ng CCS. Kung sinusubukan mong mapapunuan ang iyong reseta sa parmasya at wala ka pa sa sistema ng CCS, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Makakatulong ang Mga Serbisyo para sa Miyembro na i-refer ka sa programang CCS. Maaari ka rin nilang tulungang makakuha ng pang-emergency na suplay ng iyong gamot kung kinakailangan.
- Ang karamihan ng mga antipsychotic, gamot na may kaugnayan sa HIV, coagulation factor, at gamot para sa heroin detoxification at gamot sa pagdepende ay sinasaklaw ng FFS Medi-Cal, hindi ng Health Net. Makakakuha ka pa rin ng reseta mula sa iyong doktor at ibibigay ng parmasya ang gamot. Gayunpaman, direktang sisingilin ng parmasya ang estado para sa mga gamot na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 69

### **Women, Infants and Children Program (WIC)**

- Ang Women, Infants and Children (WIC) Supplemental Nutrition Program ay nagbibigay sa mga buntis at kapanganak na ina ng impormasyon tungkol sa nutrisyon at mga coupon upang makabili ng masusustansiyang pagkain. Tanungin ang iyong doktor, maternity nurse o Sertipikadong Nars na Komadrona upang makaalam nang higit pa tungkol sa WIC.
- Hindi sinasaklawan ng Health Net ang mga serbisyong WIC. Gayunpaman, tutulong kaming i-refer ka sa programang WIC at makikipagtulungan kami sa iyong doktor upang tiyakin na ire-refer ka rin ng iyong doktor sa programang WIC. Bilang bahagi ng proseso ng referral, padadalhan ng iyong doktor ang programang WIC ng pangkasalukuyang hemoglobin o hematocrit (pagsusuri sa dugo) laboratory value.
- Bilang bahagi ng iyong paunang pagtatasa ng kalusugan, o bilang bahagi ng paunang pagtatasa ng bagong buntis, ire-refer at isasadokumento ng iyong doktor ang referral ng isang babaeng buntis, nagpapasuso, o kakapanganak lang, o ng isang magulang o tagapangalaga ng batang wala pang limang taong gulang, sa programang WIC, tulad ng iniaatas ng batas (Title 42 CFR 431.635)
- Makakakita ka ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa WIC sa ilalim ng seksiyon ng *"Mahahalagang numero at salitang dapat malaman"* sa handbook na ito.

### **Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensiyon**

- Ang Programa ng Maagang Pagsisimula o Early Start Program ay para sa mga bagong-silang at sanggol mula sa kanilang kapanganakan hanggang 3 taong gulang na nangangailangan ng mga serbisyo sa maagang interbensiyon at may mga problemang maaaring magresulta sa mga pagkaantala ng pag-unlad, o nagpapakita ng mga tanda ng pagkaantala ng pag-unlad. Ang ilan sa mga mapanganib ng kalagayan ay:
  - Asphyxia
  - Impeksiyon sa central nervous system
  - Prematurity
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensiyon o referral sa Panrehiyong Sentro para sa Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensiyon, makipag-usap sa iyong doktor o sa aming plano



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 70

### ***Mga serbisyo ng pagtatasa ng Local Education Agency (LEA)***

- Nagbibigay ang LEA ng mga partikular na serbisyo ng pagtatasa ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa sa paaralan. Ang LEA ay ang iyong lokal na pampublikong paaralan. Maaaring makatanggap ng mga serbisyo ang mga batang 3 hanggang 21 taong gulang nang walang referral mula sa kanilang PCP. Dapat iugnay ng PCP ang mga kinakailangang serbisyong medikal sa LEA. Maaaring maging kabilang sa mga serbisyong LEA ang:
  - Mga pagtatasa ng Pisikal na Kalusugan at Kalusugan ng Pag-iisip
  - Mga pagtatasa ng edukasyon at psychosocial na pagtatasa
  - Edukasyong pangkalusugan at nutrisyon
  - Mga pagtatasa ng pag-unlad
  - Physical at Occupational Therapy
  - Speech Therapy at audiology (mga pagsusuri ng pandinig)
  - Pagpapayo o Counseling
  - Mga serbisyo sa pag-aalaga
  - Mga serbisyo ng health aide sa paaralan
  - Medikal na transportasyon

### ***Mga miyembrong may kapansanan sa pag-unlad***

#### **MGA PANREHIYONG SENTRO**

- Nilikha ang mga Panrehiyong Sentro upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa pag-unlad. Ang mga kalagayang nagbibigay ng kapansanan ay kinabibilangan ng: mental retardation, epilepsy, autism, cerebral palsy, Down's Syndrome, mga pagkaantala ng pananalita at wika. Tinutulungan ng mga Panrehiyong Sentro ang kanilang mga kliyente at pamilyang makahanap ng pabahay, mga pang-araw na programa para sa mga nasa hustong gulang, transportasyon, pangangalagang pangkalusugan at panlipunang aktibidad. Karamihan sa kanilang mga serbisyo ay libre sa mga Kuwalipikadong kliyente. Kung mayroon kang kapamilyang nadayagnos na may kalagayang nagbibigay ng kapansanan bago ang edad na 18, iuugnay ka ng iyong PCP sa lokal na Panrehiyong Sentro.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 71

**Screening para sa pagkalason sa tingga sa pagkabata o childhood lead poisoning screening**

- Sinasaklaw ng Health Net ang lead screening test para sa dugo para sa mga Miyembrong hanggang 18 taong gulang bilang bahagi ng karaniwang Pang-iwas na Pangangalaga. Ang mga batang makakakuha ng resulta ng pagsusuri na mas mataas sa isang partikular na antas ng tingga sa dugo ay ire-refer sa Childhood Lead Poisoning Prevention Program (CLPPP), California Children's Services (CCS), at/o sa Lokal na Kagawaran ng Kalusugan para sa ibayong pagsusuri at paggamot.

**Direktang inoobserbahang terapiya para sa paggamot ng tuberculosis**

- Ire-refer ng aming plano ang mga Miyembrong natukoy na may aktibong tuberculosis na nasa panganib dahil sa hindi pagsunod para sa paggamot ng tuberculosis sa Lokal na Kagawaran ng Kalusugan para sa direktang inoobserbahang terapiya. Kabilang sa mga Miyembrong nasa panganib dahil sa hindi pagsunod ang, ngunit hindi limitado sa, mga Miyembrong may ipinapakitang multiple drug resistance, Miyembrong may paggamot na nabigo o bumalik ang karamdaman matapos makakumpleto ng naunang gamutan, mga bata at kabataan, at mga indibidwal na nagpakita ng hindi pagsunod (tulad ng mga hindi sumunod sa mga appointment sa tanggapan). Ibigay ng Health Net ang lahat ng medikal na kinakailangang mga Sinasaklawang Serbisyo sa mga Miyembrong may tuberculosis na nasa direktang inoobserbahang terapiya at titiyakin nito ang pinagsamang pamamahala sa kaso at pag-uugnay ng pangangalaga sa Lokal na Kagawaran ng Kalusugan.

**Mga Major Organ Transplant**

- Ire-refer ng Health Net ang mga Miyembrong natukoy bilang mga kandidato ng major organ transplant sa isang transplant center na inaprubahan ng Medi-Cal at sasaklawin nito ang pagsusuring isinagawa ng transplant center na inaprubahan ng Medi-Cal. Ang mga halimbawa ng mga major organ transplant ay ang bone marrow transplant, heart transplant, liver transplant, lung transplant, heart/lung transplant, pinagsamang liver at kidney transplant, at pinagsamang liver at small bowel transplant. Kapag natanggap ka bilang kandidato ng transplant at inaprubahan ng Medi-Cal ang iyong transplant, maaalis ang iyong pagpapatala sa Health Net at babalik ka sa Medi-Cal na Fee-for-Service. Patuloy na sasaklawin ng Health Net ang lahat ng mga serbisyon medikal na kinakailangan hanggang sa maalís ka sa pagkatatala. Ang mga miyembrong wala pang 21 taon ay inire-refer sa programa ng California Children's Services (CCS) para sa lahat ng ebalwasyon at Pagpapahintulot para sa transplant.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 72



Hindi dini-disenroll ng Health Net ang mga Miyembrong nangangailangang makatanggap ng kidney o cornea transplant. Ibibigay namin ang lahat ng serbisyo, kabilang ang transplant mismo, para sa mga Miyembrong nangangailangan ng mga medikal na kinakailangang transplant na ito.

### ***Mga karagdagang serbisyong ibinibigay bilang mga Benepisyo sa Medi-Cal ngunit hindi sinasaklawan ng aming plano:***

- Mga blood coagulation factor, tulad ng Hemophilia blood coagulation factor.
- Pangmatagalang Pangangalaga (maliban sa mga Miyembro sa Los Angeles o San Diego County. Tingnan ang seksiyon ng “Long-term services and supports (LTSS)” sa itaas para sa higit pang detalye.)
- Pangangalagang pangkalusugan sa araw para sa mga bata.
- Mga serbisyo ng laboratoryo ng estado sa ilalim ng programa ng State Serum Alpha-fetoprotein Testing.
- Pamamahala sa Pinuntirang Kaso.
- Mga serbisyo ng Boluntaryong Inpatient na pag-aalis ng lason sa pangkalahatang ospital ng malubhang pangangalaga.

---

## **Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal**

Mayroong ilang serbisyo na hindi sasaklawan ng Health Net o Medi-Cal, kabilang ang:

- California Children’s Services (CCS)
- Lahat ng serbisyong hindi kasali sa Medi-Cal sa ilalim ng pang-estado at/o pederal na batas
- Karaniwang pagtutuli, maliban kung medikal na kinakailangan
- Kosmetikong operasyon (operasyong ginagawa upang baguhin o ayusin ang hugis ng mga normal na istruktura ng katawan upang pagandahin ang iyong hitsura)
- Mga serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip para sa mga magkarelasyon o pamilya para sa mga problema sa relasyon.
- Custodial Care
- Mga Serbisyong Eksperimental
- Infertility o pagkabaog
- Mga bakuna para sa sports, trabaho o pagbiyahe
- Mga item para sa personal na kaalwanan (tulad ng mga telepono, telebisyon at guest tray) kapag nasa Ospital



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 73

- Paggamot para sa mga pangunahing problema sa alak. Kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa mga pangunahing problema sa alak, maaaring i-refer ka sa programa ng county para sa alak at droga.
- Mga serbisyo ng parmasya:
  - Mga gamot na eksperimental
  - Mga gamot na pangsiyasat, maliban sa mga partikular na kaso.
  - Mga gamot na branded kapag mayroong katumbas na generic, maliban kung medikal na kinakailangan
  - Mga gamot na hindi pinapahintulutan ng batas na masaklawan
  - Mga gamot na ginagamit para sa mga pangkosmetikong layunin o para hikayatin ang pagtubo ng buhok
  - Anumang itinuturok na gamot na hindi medikal na kinakailangan at/o hindi inireseta ng doktor;
  - Mga gamot para sa pagbabawas ng timbang, maliban kung itinuturing na medikal na kinakailangan ng doktor;
  - Mga compounded na gamot na may mga alternatibo sa listahan ng gamot, na walang mga indikasyon ng pag-apruba ng FDA, o kung saan mayroong alternatibong hindi compounded na inaprubahan ng FDA, maliban kung medikal na kinakailangan.
  - Over-the-counter na gamot para sa ubo at sipon (gaya ng mga gamot upang kontrolin ang ubo o, manipis na mucus)
  - Mga over-the-counter na produktong acetaminophen na para sa pagpapalakas ng matatanda
  - Mga gamot na ginagamit upang gamutin ang erectile dysfunction at/o sexual dysfunction
  - Mga gamot na ginagamit para hikayatin ang kakayahang magbuntis
  - Mga gamot na lampas sa mga limitasyon ng kantidad na nakalista sa PDL
  - Mga gamot na binili sa labas ng United States
  - Mga gamot na binili mula sa isang parmasyang hindi nakikipagtulungan sa Health Net o nasa labas ng estado ng California, maliban kung:
    - Kailangan mo ng gamot para sa medikal na pangangalagang pang-emergency o agaran
    - Kailangan mong umalis sa iyong tahanan dahil sa pederal na sakuna o iba pang emergency sa pampublikong kalusugan
  - Mga gamot na binayaran mo nang mahigit isang taon na ang nakalipas.
  - Mga gamot na hindi inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA). Mayroon kang karapatang i-apela ang desisyon ng plano o magkaroon ng independiyenteng Medikal na Pagrepaso kung itatanggi namin ang isang gamot dahil itinuturing itong eksperimental o pangsiyasat.
  - Ang mga gamot na inuri bilang hindi ganoon ka-epektibo ng Centers for Medicare and Medicaid Services na may Drug Efficacy Study Implementation (DESI) rating na 5 o 6
  - Mga gamot na sinasaklawan ng Medicare Part D, kung kuwalipikado ka para sa Medicare



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 74

- Mga gamot na inireseta ng mga doktor na hindi pinahihintulatang lumahok sa programang Medi-Cal. Mangyaring tandaang maaaring magreseta sa iyo ang isang doktor sa labas ng estado sa isang agaran o emergency na kalagayan.
- Mga Serbisyo para sa Pangingin:
  - Mga salaming ginagamit para sa mga layunin ng pagprotekta, kosmetiko o kaugnay ng trabaho
  - Mga salamin na inireseta para sa layunin maliban sa pagtatama ng mga refractive error o ng mga problema sa binocular vision
  - Mga Progressive Lens
  - Mga multifocal na contact lens
  - Vision therapy o pagsasanay ng pangingin
  - Mga iniresetang salamin para sa isang taong mayroon at kayang magsuot ng contact lens

Basahin ang bawat isa sa mga seksiyon sa ibaba upang matuto pa. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

### **California Children's Services (CCS)**

Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may mga partikular na kundisyong pangkalusugan, karamdaman o tuloy-tuloy na problemang pangkalusugan at na tumutugon sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang Health Net o ang iyong PCP na mayroong kundisyong angkop sa CCS ang iyong anak, ire-refer siya sa programang CCS ng county para tasahin sa pagiging kuwalipikado.

Ang mga tauhan ng programang CCS ang magpapasya kung papasa ang iyong anak para sa mga serbisyong CCS. Kapag naging kuwalipikado ang iyong anak na makuha ang ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa kundisyong angkop sa CCS. Patuloy na sasaklawin ng Health Net ang mga uri ng serbisyong walang kinalaman sa kundisyong angkop sa CCS tulad ng mga physical, bakuna at well-child na pagpapatingin.

Hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong ibinibigay ng programang CCS. Upang saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, ang mga serbisyo at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kundisyong pangkalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng mga kundisyong pangkalusugan na dahilan ng pisikal na kapansanan o kailangang gamutin gamit ang mga gamot, operasyon o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang mga batang may kundisyong pangkalusugan gaya ng:

- Congenital heart disease o likas na sakit sa puso
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 75

- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Seryosong kronikong problema sa bato o kidney
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate o pagkabingot
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa mga partikular na kalagayan
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malubhang pinsala sa ulo, utak o gulugod
- Matitinding pagkapaso
- Malubhang pagkasungki ng ngipin

Ang Estado ang nagbabayad para sa mga serbisyong CCS. Kung hindi kuwalipikado ang anak mo para sa mga serbisyo ng programang CCS, patuloy siyang makakatanggap ng pangangalagang Medikal na kinakailangan mula sa Health Net.

Upang matuto pa tungkol sa CCS, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

---

## Iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal

Mayroong iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal, kabilang ang:

- Coordinated Care Initiative (CCI) –Para lang sa Los Angeles at San Diego county
- Donasyon ng organo at tissue
- Diabetes Prevention Program (DPP)
- Health Homes Program

Basahin ang bawat isa sa mga seksiyon sa ibaba upang matuto pa tungkol sa iba pang programa at serbisyo para sa mga taong may Medi-Cal.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 76

## **Coordinated Care Initiative (CCI) –Para lang sa Los Angeles at San Diego county**

Nagsisikap ang California Coordinated Care Initiative (CCI) upang pabutihin ang pag-uugnay ng pangangalaga para sa mga may dalawahang kuwalipikasyon (mga taong kuwalipikado sa kapwa Medicaid at Medicare). Mayroong dalawang pangunahing bahagi ang CCI:

### ***Cal MediConnect***

Nilalayan ng programang Cal MediConnect na mapahusay ang pag-uugnay ng pangangalaga para sa mga may dalawahang kuwalipikasyon. Pinahihintulutan sila nitong magpatala sa iisang plano upang pamahalaan ang lahat ng kanilang benepisyo, sa halip na magkaroon ng hiwalay na plano sa Medi-Cal at Medicare. Nilalayan din nito ang mataas na kalidad ng pangangalaga na nakakatulong sa mga taong manatiling malusog at nasa kanilang mga tahanan hangga't maaari.

### ***Managed Long-Term Services and Supports (MLTSS)***

Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal, kabilang ang mga may dalawahang kuwalipikasyon, ay dapat sumali sa isang planong pangkalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal upang matanggap ang kanilang mga benepisyo sa Medi-Cal, kabilang ang LTSS at mga wrap-around na benepisyo ng Medicare.

Upang matuto pa tungkol sa CCI, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

## **Donasyon ng organo at tissue**

Kahit sino ay maaaring makatulong na magligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagiging organo o tissue donor. Kung ikaw ay may edad mula 15 hanggang 18 taon, maaari kang maging donor nang may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga. Maaari mong baguhin ang isip mo tungkol sa pagiging organo donor anumang oras. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa pagdo-donate ng organo o tissue, kausapin ang iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng United States Department of Health and Human Services website sa [organdonor.gov](http://organdonor.gov).

## **Health Homes Program**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng Health Homes Program (HHP) para sa mga miyembrong may ilang partikular na tuloy-tuloy na kundisyong pangkalusugan. Layunin ng mga serbisyong itong tumulong sa pangangasiwa ng mga serbisyo sa kalusugan ng pangangatawan, serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at pangmatagalang serbisyo at suporta (long term services and supports, LTSS) sa komunidad para sa mga miyembrong may mga tuloy-tuloy na kundisyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 77

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo kung kuwalipikado ka para sa programa. Maaari ka ring tumawag sa Health Net o makipag-usap sa iyong doktor o sa mga kawani ng klinika upang malaman kung maaari kang tumanggap ng mga serbisyo ng HHP.

Maaari kang maging kuwalipikado para sa HHP kung:

- Mayroon kang ilang partikular na pabalik-balik na kundisyong pangkalusugan. Maaari kang tumawag sa Health Net upang malaman ang mga kuwalipikadong kundisyon, at natutugunan mo ang isa sa sumusunod:
  - Mayroon kang tatlo o higit pang pabalik-balik na kundisyong kuwalipikado sa HHP
  - Naospital ka sa nakalipas na taon
  - Nanatili ka sa emergency department nang tatlong beses o higit pa sa nakalipas na taon; o
  - Wala kang matirhan.

Hindi ka kuwalipikadong makatanggap ng mga serbisyo ng HHP kung:

- Nakakatanggap ka ng mga serbisyo ng hospisyo; o
- Lampas na ang paninirahan mo sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga sa buwan ng pagkaka-admit mo rito at sa buwan na kasunod nito.

### ***Mga Sinasaklaw na Serbisyo ng HHP***

Bibigyan ka ng HHP ng tagapamahala ng pangangalaga at pangkat sa pangangalaga na makikipagtulungan sa iyo at sa iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng iyong mga doktor, iugnay ang iyong pangangalaga. Nagbibigay ang Health Net ng mga serbisyong HHP, na kinabibilangan ng:

- Malawakang pamamahala sa pangangalaga
- Pag-uugnay ng Pangangalaga
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Komprehensibong transitional na pangangalaga
- Mga indibidwal at pampamilyang serbisyo ng suporta
- Referral sa mga suporta sa komunidad at panlipunan

### ***Gastos ng miyembro***

Walang gagastusin ang miyembro para sa mga serbisyo ng HHP.

---

## **Pag-uugnay ng pangangalaga**

Nag-aalok ang Health Net ng mga serbisyo upang tulungan kang iugnay ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang walang bayad. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 78

---

## Pagtatasa ng bago at umiiral na teknolohiya

Kabilang sa mga bagong teknolohiya ang mga pamamaraan, gamot, produktong bayolohikal, o mga aparato na kamakailan lang napaunlad para sa paggamot ng mga partikular na karamdaman o kundisyon, o mga bagong paraan ng paggamit ng mga umiiral na teknolohiya.

Sumasabay ang Health Net sa pagbabago sa mga teknolohiya at paggamot. Upang maktrulong na magpasya kung ang isang bagong paggamot o pangangalaga ay dapat idagdag sa iyong plano ng benepisyo, nirerepaso namin ang:

- Mga pinakabago medikal at siyentipikong pag-aaral
- Mga rekomendasyon ng mga naglilingkod na doktor o pambansang kinilalang medikal na asosasyon
- Mga ulat at sulatin ng mga ahensiya ng pamahalaan.

Ginagawa ito upang matiyak na may access ka sa ligtas at epektibong pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 79

---

# 5. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Health Net, mayroon kang mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang tungkol sa mga karapatan at responsibilidad na ito. Kabilang rin sa kabanatang ito ang mga legal na abisong karapatan mong matanggap bilang miyembro ng Health Net.

---

## Ang iyong mga karapatan

Ang mga miyembro ng Health Net ay mayroon ng mga karapatang ito:

- Tratuhan nang may paggalang, habang binibigyan ng nararapat na pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa privacy at sa pangangailangang panatilihin ang kompidensyalidad ng iyong medikal na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang Mga Sinasaklawang Serbisyo
- Makapamilya ng provider ng pangunahing pangangalaga mula sa networkng Health Net.
- Makilahok sa pagpapasya kaugnay ng sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Sa matapat na pagtalakay ng naaangkop o medikal na kinakailangang na pagpipilian ng paggamot para sa mga kundisyon, anuman ang halaga o pagsaklaw ng benepisyo.
- Magsagawa ng mga rekomendasyon kaugnay ng patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng plano.
- Magpahayag ng mga karaingan, nang pasalita o nakasulat, tungkol sa organisasyon o sa natanggap na pangangalaga.
- Tumanggap ng pag-uugnay ng pangangalaga.
- Humiling ng apela sa mga desisyong tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo.
- Tumanggap ng mga serbisyong pasalitang pagsasalin para sa kanilang wika.
- Tumanggap ng libreng legal na tulong sa inyong lokal na opisina ng legal na tulong o iba pang grupo.
- Magbuo ng mga paunang direktiba.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 80



- Humiling ng Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga kalagayan kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Magpa-disenroll kapag hiniling. Ang mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pagbawi ng pagpapatala ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng Foster Care o Adoption Assistance Programs at iyong mga miyembrong may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Ma-access ang Mga Serbisyon Maaaring Ibigay nang may Pahintulot ng Menor-de-edad o Minor Consent Services.
- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales na nagbibigay kaalaman sa mga miyembro sa mga kahaliling format (kabilang ang braille, large-size print, at audio format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na angkop sa format na hinihiling, at alinsunod sa Welfare & Institutions Code Section 14182 (b)(12).
- Mailibre sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pandisiplina, kaginhawahan o paghihiganti.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga available na pagpipiliang paggamot at alternatibo, na ihaharap sa paraang naaangkop sa iyong kundisyon at kakayahang umunawa.
- Magkaroon ng access at makatanggap ng kopya ng iyong mga medikal na talaan, at hilingin na baguhin o itama ang mga iyon, tulad ng nakasaad sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 and 164.526.
- Kalayaang ipahayag ang mga karapatang ito nang hindi nagkakaroon ng masamang epekto sa paraan ng pagtrato sa iyo ng Health Net, mga provider mo o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya, Freestanding Birth Centers, Federally Qualified Health Centers, Indian Health Service Facilities, serbisyo sa pagpapakanak, serbisyo para sa mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik at mga Serbisyon Pang-emergency sa labas ng network ng Health Net alinsunod sa pederal na batas.

---

## Ang iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng Health Net ay mayroong mga sumusunod na responsibilidad:

- **Kumilos nang mapitagan at may paggalang.** Responsibilidad mong tratuhin ang iyong doktor at lahat ng mga provider at kawani nang may pitagan at paggalang. Responsibilidad mong makarating sa tamang oras para sa iyong mga pagbisita o tumawag sa tanggapan ng doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang pagbisita upang kanselahin o muling magpaiskedyul.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 81

- **Magbigay ng napapanahon, tumpak, at kumpletong impormasyon.** Responsibilidad mong magbibigay ng wastong impormasyon at kasing dami ng impormasyong makakaya mo sa lahat ng iyong provider, at sa Health Net. Responsibilidad mong magpatingin nang regular at sabihan ang iyong doktor tungkol sa mga problemang pangkalusugan bago lumala ang mga iyon.
- **Sundin ang payo ng iyong doktor at makibahagi sa iyong pangangalaga.** Responsibilidad mong talakayin ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan kasama ng iyong doktor, magpaunlad at makipagkasundo hinggil sa mga layunin, gawin ang abot ng iyong makakaya upang maunawaan ang iyong mga problemang pangkalusugan, at sundin ang plano ng paggamot at mga tagubiling kapwa ninyong pinagkasunduan.
- **Gamitin lang ang Emergency Room sa panahon ng emergency.** Responsibilidad mong gamitin ang emergency room kapag mayroong mga emergency o kapag iniutos ng iyong doktor. Ang Pang-emergency na Pangangalaga ay serbisyong makatuwiran mong pinaniniwalaang kinakailangan upang pigilan o pahupain ang mga biglaan at seryosong sakit o sintomas, at pinsala o kundisyong nangangailangan ng agarang diyagnosis at paggamot.
- **Mag-ulat ng maling gawi.** Responsibilidad mong mag-ulat ng panloloko sa pangangalagang pangkalusugan o maling gawi sa Health Net Community Solutions. Magagawa mo ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Net Fraud and Abuse Hotline nang walang bayad sa 1-866-685-8664. Ang Fraud Hotline ay bukas 24 sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ang lahat ng tawag ay mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal.

---

### Abiso ng mga gawi sa privacy

AVAILABLE AT IBIBIGAY KAPAG IYONG HINILING ANG PAHAYAG NA NAGLALARAWAN SA MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG HEALTH NET SA PAGPAPANATILI NG PAGIGING KUMPIDENSIYAL NG MGA MEDIKAL NA TALAAN

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAPAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.**

**MANGYARING PAG-ARALAN ITONG MABUTI.**



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 82

### **Mga Tungkulin ng mga Sinasaklawang Entity:**

Ang Health Net (na tinutukoy bilang “kami” o “ang Plano”) ay isang Sinasaklawang Entity gaya ng inilalarawan at kinokontrol sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Ang Health Net ay inaatasan ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information o PHI), bigyan ka ng Abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI, sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito na kasalukuyang ipinatutupad, at abisuhan ka sakaling magkaroon ng hindi awtorisadong pag-access sa iyong hindi naka-secure na PHI. Ang PHI ay impormasyong tungkol sa iyo, kabilang ang demograpikong impormasyon, na maaaring makatuwirang gamitin upang kilalanin ka at may kaugnayan sa iyong pisikal o mental na kalusugan o kondisyon sa nakaraan, kasalukuyan o hinaharap, ang pagbibigay sa iyo ng pangangalagang pangkalusugan o ang pagbabayad para sa pangangalagang iyan.

Inilalarawan sa Abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ipahayag ang iyong PHI. Inilalarawan din nito ang iyong mga karapatang i-access, baguhin at pamahalaan ang iyong PHI at kung paano gagamitin ang mga karapatang iyon. Ang lahat ng iba pang paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI na hindi inilalarawan sa Abisong ito ay gagawin lang nang may nakasulat na pahintulot mula sa iyo.

Inilalaan ng Health Net ang karapatang baguhin ang Abisong ito. Nakalaan sa amin ang karapatang gawing epektibo ang pinaunlad o binagong Abiso para sa inyong PHI na nasa amin na, gayundin sa alinman sa iyong PHI na matatanggap namin sa hinaharap. Agarang babaguhin at ipamamahagi ng Health Net ang Abisong ito anumang oras na mayroong mahalagang pagbabago sa sumusunod:

- Mga paggamit o pagsisiwalat
- Ang iyong mga karapatan
- Ang aming mga legal na tungkulin
- Iba pang gawi sa privacy na nakasaad sa abiso

Gagawin naming available sa aming website at sa aming Handbook ng Miyembro ang anumang binagong Abiso.

### **Mga Panloob na Proteksiyon ng Sinabi, Nakasulat at Elektronikong PHI:**

Pinoprotektahan ng Health Net ang iyong PHI. Mayroon kaming mga proseso sa privacy at seguridad na makakatulong.

Narito ang ilan sa mga paraan ng pagprotekta namin sa iyong PHI.

- Sinasanay namin ang aming mga tauhan na sundin ang aming mga proseso sa privacy at seguridad.
- Inaatasan namin ang aming mga kasamang sundin ang mga proseso sa privacy at seguridad.
- Pinananatili naming ligtas ang aming mga opisina.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 83

- Tinatalakay lang namin ang iyong PHI para sa mga layuning pangnegosyo kasama ng mga taong dapat makaalam.
- Pinananatili naming ligtas ang iyong PHI kapag ipinadadala namin ito o iniimbak namin ito sa paraang elektroniko.
- Gumagamit kami ng teknolohiya upang pigilan ang mga hindi naaangkop na taong ma-access ang iyong PHI.

### **Mga Pinahihintulatang Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong PHI:**

Ang sumusunod ay listahan ng kung paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang iyong PHI nang wala ang iyong permiso o pahintulot:

- **Paggamot** - Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI sa isang doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo, upang maiugnay ang iyong paggamot sa mga provider, o upang matulungan kaming magsagawa ng mga pagpapasiya sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na may kaugnayan sa iyong mga benepisyo.
- **Pagbabayad** - Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI upang magsagawa ng mga pagbabayad ng benepisyo para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa iyo. Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa ibang planong pangkalusugan, sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, o sa iba pang entidad alinsunod sa pederal na Mga Tuntunin sa Privacy para sa kanilang mga layuning pagbabayad. Ang mga aktibidad ng pagbabayad ay maaaring kinabibilangan ng:
  - pagpoproseso ng mga paghahabol
  - pagtukoy ng pagiging kuwalipikado o pagsaklaw para sa mga paghahabol
  - paglalabas ng mga billing ng premium
  - pagrerepaso ng mga serbisyo para sa medikal na pangangailangan
  - pagsasagawa ng mga pagsusuri ng paggamit ng mga paghahabol
- **Pagpapatakbo ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan** - Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang isagawa ang pagpapatakbo ng aming mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring kinabibilangan ng:
  - pagbibigay ng mga serbisyong pang-customer
  - pagtugon sa mga reklamo at apela
  - pagbibigay ng pamamahala ng kaso at pag-uugnay ng pangangalaga
  - pagsasagawa ng medikal na pagrerepaso ng mga paghahabol at iba pang pagtatasa ng kalidad
  - mga aktibidad ng pagpapaunlad



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 84

Sa pagpapatakbo ng aming mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari kaming magsiwalat ng PHI sa mga kasama sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan sa mga kasamang ito upang protektahan ang privacy ng iyong PHI. Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa ibang entidad na napapailalim sa pederal na Mga Tuntunin sa Privacy. Dapat ay mayroon din ng relasyon sa iyo ang entidad para sa pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nito. Kabilang dito ang sumusunod:

- mga aktibidad ng pagtatasa ng kalidad at pagpapaunlad
  - pagrerepaso ng kagalingan o kuwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
  - pamamahala ng kaso at pag-uugnay ng pangangalaga
  - pagtukoy o pagpigil ng panloloko at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan
- ***Mga Pagsisiwalat sa Planong Pangkalusugang Panggrupo o Group Health Plan/Isponsor ng Plano o Plan Sponsor*** – Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang isponsor ng planong pangkalusugang panggrupo, tulad ng isang taga-empleyo o iba pang entidad na nagbibigay ng programang planong pangkalusugan sa iyo, kung sumang-ayon ang isponsor sa mga partikular na paghihigpit tungkol sa kung paano nito gagamitin o isisiwalat ang protektadong impormasyong pangkalusugan (tulad ng pagsang-ayong hindi gagamitin ang protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga pagkilos o pasyang may kaugnayan sa trabaho).

### **Iba Pang Pinahihintulutan o Inaatas na Pagsisiwalat ng Iyong PHI:**

- ***Mga Fundraising Activity*** – Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa mga fundraising activity, gaya ng paglikom ng pera para sa mapagkawanggawang foundation o kahalintulad na entidad upang makatulong na pondohan ang kanilang mga aktibidad. Kung nakipag-ugnayan kami sa iyo para sa mga fundraising activity, bibigyan namin kayo ng pagkakataong tumanggi, o tumigil, sa pagtanggap ng naturang pakikipag-ugnayan sa hinaharap.
- ***Mga Layuning Underwriting*** – Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa mga layuning underwriting, tulad ng pagsasagawa ng pagtukoy tungkol sa isang paglalapat o kahilingan para sa pagsaklaw. Kung gagamitin o isisiwalat nga namin ang iyong PHI para sa mga layuning underwriting, pinagbabawalan kaming gamitin o isiwalat ang iyong PHI na impormasyong henetika sa proseso ng underwriting.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 85

- **Mga Paalala hinggil sa Appointment/Mga Alternatibong Paggamot** - Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI upang paalalahanan ka tungkol sa isang appointment para sa paggamot at medikal na pangangalaga sa amin o upang bigyan ka ng impormasyon kaugnay ng mga alternatibo sa paggamot o iba pang benepisyong may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng impormasyon kung paano titigil sa paninigarilyo o magbabawas ng timbang.
- **Gaya ng Iniaatas ng Batas** - Kung iniaatas ng pederal, pang-estado, at/o lokal na batas ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI, maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI hanggang sa lawak na tumatalima ang paggamit o pagsisiwalat sa naturang batas, at limitado sa mga iniaatas ng naturang batas. Kung magkasalungat ang dalawa o higit pang batas o regulasyong namamahala sa parehong paggamit o pagsisiwalat, susunod kami sa mas mahigpit na mga batas o regulasyon.
- **Mga Aktibidad kaugnay ng Pampublikong Kalusugan** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang awtoridad ng pampublikong kalusugan para sa layunin ng pagpigil o pagkontrol sa karamdaman, pinsala, o kapansanan. Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa Food and Drug Administration (FDA) upang tiyakin ang kalidad, kaligtasan o pagiging epektibo ng mga produkto o serbisyong nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng FDA.
- **Mga Biktima ng Pang-aabuso at Pagpapabaya** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa awtoridad ng lokal, pang-estado, o pederal na pamahalaan, kabilang ang mga ahensiya ng serbisyong panlipunan o ng mga serbisyong pangprotekta na pinahintulutan ng batas na tumanggap ng mga naturang ulat kung mayroon kaming makatuwirang paniniwala na nagkaroon ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan.
- **Mga Panghukuman at Pampangasiwaang Paglilitis** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga panghukuman at pampangasiwaang paglilitis. Maaari rin namin itong isiwalat bilang tugon sa sumusunod:
  - isang kautusan ng korte
  - administratibong hukuman
  - subpoena
  - mga summon
  - warrant
  - kahilingan sa pagtuklas
  - kahalintulad na legal na kahilingan
- **Pagpapatupad ng Batas** - Maaari naming isiwalat ang iyong may kaugnayang PHI sa tagapagpatupad ng batas kapag inatasang gawin ito. Halimbawa, bilang tugon sa isang:
  - kautusan ng korte
  - warrant na iniutos ng korte
  - subpoena



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 86

- mga summon na inilabas ng opisyal ng hudikatura
- subpoena ng grand jury

Maaari din naming isiwalat ang iyong nauugnay na PHI para sa layunin ng pagtukoy o paghahanap sa isang may-sala, pugante, mahalagang testigo, o nawawalang tao.

- **Mga Coroner, Tagasuring Medikal at Direktor ng Punerarya** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang coroner o tagasuring medikal. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, upang tukuyin ang sanhi ng kamatayan. Maaari rin naming isiwalat ang iyong PHI sa mga direktor ng punerarya, kung kinakailangan, upang maisakatuparan nila ang kanilang mga tungkulin.
- **Donasyon ng Organo, Mata at Tissue** - maaaring isiwalat ang iyong PHI sa mga organisasyong kumukuha ng mga organo. Maaari rin naming isiwalat ang iyong PHI sa mga nagtatrabaho sa pagkuha, pagbabangko o transplantasyon ng:
  - mga organong pang-transplant ng taong binawian na ng buhay (cadaveric)
  - mga mata
  - mga tissue
- **Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan** - Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting hangarin, na ang paggamit o pagsisiwalat ay kinakailangan upang pigilan o bawasan ang isang seryoso o napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.
- **Mga Espesyalisadong Tungkulin ng Gobyerno** - Kung isa kang miyembro ng Hukbong Sandatahan ng U.S., maaari naming isiwalat ang iyong PHI kapag iniatas ng mga awtoridad ng military command. Maaari rin naming isiwalat ang iyong PHI:
  - sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa mga aktibidad para sa pambansang seguridad at intelihensiya
  - sa Kagawaran ng Estado para sa pagpapasiya sa medikal na kaangkupan
  - para sa mga serbisyong pangprotekta ng Presidente o ng iba pang awtorisadong tao
- **Kabayaran sa mga Manggagawa o Workers' Compensation** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI upang sumunod sa mga batas kaugnay ng kabayaran sa mga manggagawa o iba pang kahalintulad na programa, na pinapairal ng batas, na nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho nang walang pagsasaalang-alang sa kung sino ang may kasalanan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 87

**Mga Emergency na Kalagayan** - Maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang sitwasyong pang-emergency, o kung wala kang kakayahang kumilos o wala ka sa lugar, sa isang kapamilya, malapit na personal na kaibigan, awtorisadong ahensiya sa pagbibigay ng tulong sa panahon ng sakuna, o sinumang iba pang taong tinukoy mo sa nakaraan. Gagamit kami ng propesyonal na pagpapasiya at karanasan upang tukuyin kung makakabuti sa iyong kapakanan ang pagsisiwalat. Kung ang pagsisiwalat ay makakabuti sa iyong kapakanan, isisiwalat namin ang PHI na direktang may kaugnayan sa pagkakasangkot ng taong iyon sa iyong pangangalaga.

- **Mga Bilanggo** - Kung isa kang bilanggo ng isang correctional institution o nasa ilalim ng kustodiya ng isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaari naming ibigay ang iyong PHI sa correctional institution o opisyal ng pagpapatupad ng batas na iyon, kung saan mahalaga ang naturang impormasyon upang mabigyan ka ng institusyon ng pangangalagang pangkalusugan, upang protektahan ang iyong kalusugan o kaligtasan, o ang kalusugan o kaligtasan ng iba, o para sa kaligtasan at seguridad ng correctional institution.
- **Pananaliksik** - Sa ilalim ng mga partikular na kalagayan, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik na pag-aaral at kung saan mayroong mga partikular na pananggalang upang tiyakin ang privacy at proteksiyon ng iyong PHI.

### **Mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong PHI na Mangangailangan ng Iyong Nakasulat na Pahintulot**

Inaatasan kaming humingi ng iyong nakasulat na pahintulot upang gamitin o isiwalat ang iyong PHI, nang may mga limitadong pagbubukod, para sa mga sumusunod na dahilan:

**Pagbebenta ng PHI** - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot bago kami magsagawa ng anumang pagsisiwalat na itinuturing bilang pagbebenta ng iyong PHI, na nangangahulugang may natatanggap kaming kabayaran sa pagsisiwalat ng PHI sa ganitong paraan.

**Marketing** – Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot upang gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa mga layuning pang-marketing nang mayroong mga limitadong eksepsiyon, gaya ng kapag mayroon kaming mga harapang pakikipag-usap sa iyo para sa marketing o kapag nagbibigay kami ng mga pampromosyong regalo na may napakaliit na halaga.

**Mga Tala ng Psychotherapy** - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o isiwalat ang alinman sa iyong mga tala ng psychotherapy na maaaring nasa file namin nang may limitadong eksepsiyon, tulad ng para sa mga partikular na paggamot, pagbabayad o paggana ng pagpapatakbo ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 88



### **Mga Indibidwal na Karapatan**

Ang mga sumusunod ay mga karapatan mo kaugnay ng iyong PHI. Kung nais mo gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa dulo ng Abisong ito.

- ***Karapatang Bawiin ang Isang Pahintulot*** - Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras, at dapat nakasulat ang pagbawi ng iyong pahintulot. Kaagad na magiging epektibo ang pagbawi, maliban sa hangganang nakapagsagawa na kami ng mga aksiyon nang nakaasa sa pahintulot at bago pa man namin natanggap ang iyong nakasulat na pagbawi.
- ***Karapatang Humiling ng mga Paghihigpit*** - May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, gayundin sa mga pagsisiwalat sa mga taong nauugnay sa iyong pangangalaga o sa pagbabayad ng iyong pangangalaga, gaya ng mga miyembro ng pamilya o malalapit na kaibigan. Dapat mong hilingin sa estado ang mga paghihigpit na hinihiling mo at sabihin kung kanino ipatutupad ang paghihigpit. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sasang-ayon kami, susunod kami sa iyong kahilingan sa paghihigpit maliban kung kinakailangan ang impormasyon upang bigyan ka ng pang-emergency na paggamot. Gayunpaman, lilimitahan namin ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI para sa pagbabayad o pagpapatakbo ng mga serbisyon pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kapag nabayaran mo na nang buo ang serbisyo o item mula sa sariling bulsa.
- ***Karapatang Humiling ng mga Kumpidensiyal na Pakikipag-ugnayan*** - Mayroon kang karapatang hilingin na makipag-usap kami sa iyo tungkol sa iyong PHI sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lugar. Nalalapat lang ang karapatang ito sa mga sumusunod na kalagayan: (1) nagsisiwalat ang pakikipag-ugnayan ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider na may kaugnayan sa pagtanggap ng mga sensitibong serbisyo, o (2) ang pagsisiwalat ng lahat o bahagi ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib kapag hindi ito sinabi sa iyo sa pamamagitan ng alternatibong pamamaraan o sa alternatibong lugar na gusto mo. Hindi mo kailangang ipaliwanag ang dahilan ng iyong kahilingan, ngunit dapat malinaw na ipahayag ng iyong kahilingan na ang pakikipag-ugnayan ay nagsisiwalat ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider kaugnay ng pagtanggap ng mga sensitibong serbisyo o ang pagsisiwalat na iyon ng lahat o bahagi ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib kapag hindi pinalitan ang pamamaraan o lugar ng pagsasabi. Dapat naming paunlakan ang iyong kahilingan kung makatuwiran ito at tinutukoy nito ang mga alternatibong paraan o lokasyon kung saan dapat ipadala ang iyong PHI.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 89

- **Karapatang Maka-access at Makatanggap ng Kopya ng iyong PHI** - May karapatan ka, na may mga limitadong eksepsiyon, na makita ang, o makakuha ng mga kopya ng iyong PHI na nakapaloob sa itinalagang hanay ng talaan. Maaari mong hilinging magbigay kami ng mga kopya sa isang format bukod sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na iyong hihilingin maliban kung hindi talaga namin ito kayang gawin. Kailangan mong magsagawa ng kahilingan sa sulat upang magkaroon ng access sa iyong PHI. Kapag tinanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag at sasabihin sa iyo kung ang mga dahilan ng pagtanggap ay maaaring repasuhin at kung paano hihilingin ang naturang pagrerepaso o kung hindi na maaaring repasuhin ang pagtanggap.
- **Karapatang Baguhin ang iyong PHI** - Mayroon kang karapatang hilingin na susugan, o baguhin, ang iyong PHI kung naniniwala kang naglalaman ito ng maling impormasyon. Dapat nakasulat ang iyong kahilingan, at dapat ipaliwanag nito kung bakit kailangang baguhin ang impormasyon. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa mga partikular na dahilan, halimbawa, kapag hindi kami ang lumikha ng impormasyong nais mong baguhin at hindi magawa ng lumikha ng PHI ang pagbabago. Kapag tinanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag. Maaari kang sumagot sa isang pahayag na tumututol ka sa aming desisyon at ilalaki namin ang iyong pahayag sa PHI na hinihiling mong baguhin namin. Kung tatanggapin namin ang iyong kahilingang iwasto ang impormasyon, magsasagawa kami ng mga makatuwirang pagsisikap upang abisuhan ang ibang tao, kabilang ang mga taong pinangalanan mo, tungkol sa pagwawasto at na isama ang mga pagbabago sa anumang pagsisiwalat ng impormasyong iyon sa hinaharap.
- **Karapatang Makatanggap ng Pagtutuos ng mga Pagsisiwalat** - Mayroon kang karapatang makatanggap ng listahan ng mga pagkakataon sa loob ng nakaraang 6 na taon kung saan isiniwalat namin o ng aming mga kasama sa negosyo ang iyong PHI. Hindi ito nalalapat sa pagsisiwalat para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o mga pagsisiwalat na iyong pinahintulutan at iba pang partikular na aktibidad. Kung hihilingin mo ang pagtutuos na ito nang higit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, maaari ka naming singilin nang makatuwirang bayaring nakabatay sa gastos para sa pagtugon sa mga karagdang kahilingang ito. Bibigyan ka namin ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga singil sa panahon ng iyong kahilingan.
- **Karapatang Magsampa ng Reklamo** - Kung pakiramdam mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy o nilabag namin ang sarili naming mga gawi sa privacy, maaari kang magsampa ng reklamo sa amin nang nakasulat o sa pamamagitan ng telepono gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito. Para sa mga reklamo ng mga miyembro ng Medi-Cal,



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 90

maaari ring makipag-ugnayan sa mga miyembro ang California Department of Health Care Services na nakalista sa susunod na seksiyon.

Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201 o pagtawag sa 1-800-368-1019, (TTY: 1-866-788-4989), o pagpunta sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints).

### **HINDI KAMI GAGAWA NG ANUMANG PAGKILOS LABAN SA IYO DAHIL SA PAGSASAMPA MO NG REKLAMO.**

- ***Karapatang Makatanggap ng Kopya ng Abisong ito*** - Maaari kang humiling ng kopya ng aming Abiso anumang oras sa pamamagitan ng paggamit sa listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abiso. Kung natanggap mo ang Abisong ito sa aming web site o sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), may karapatan ka ring humiling ng kopyang papel ng Abiso.

### **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Abisong ito, sa aming mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI o kung paano gagamitin ang iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng sulat o ng telepono gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayang nakalista sa ibaba.

<b>Telepono sa Tanggapan ng Health Net</b>	<b>Privacy:</b>	<b>1-800-522-0088</b>
Attn: Opsiyal na Fax ng	Privacy:	1-818-676-8314
P.O. Box 9103	Email:	<a href="mailto:Privacy@healthnet.com">Privacy@healthnet.com</a>
Van Nuys, CA 9140		

Kung naniniwala kang hindi namin pinrotektahan ang iyong privacy at nais mong magreklamo, maaari kang magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

Kawani ng Privacy  
c/o Office of Legal Services  
California Department of Health Care Services  
1501 Capitol Avenue, MS 0010  
P.O. Box 997413  
Sacramento, CA 95899-7413  
Telepono: 1-916-445-4646 or 1-866-866-0602 (TTY: TDD: 1-877-735-2929)  
E-mail: [Privacyofficer@dhcs.ca.gov](mailto:Privacyofficer@dhcs.ca.gov)

### **ABISO SA PRIVACY NG PINANSIYAL NA IMPORMASYON**

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG **PINANSIYAL NA IMPORMASYON** TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAPAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING PAG-ARALAN ITONG MABUTI.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 91

Seryoso kami sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng iyong personal na pinansiyal na impormasyon. Para sa mga layunin ng abisong ito, ang "personal na pinansiyal na impormasyon" ay nangangahulugang impormasyon tungkol sa isang nakatala o aplikante para sa pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan na nagpapakilala sa indibidwal, na sa pangkalahatan ay hindi available sa publiko, at kinokolekta mula sa indibidwal o nakukuha kaugnay ng pagbibigay ng pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan sa indibidwal.

**Impormasyong Kinokolekta Namin:** Nangongolekta kami ng personal na pinansiyal na impormasyon tungkol sa iyo mula sa mga sumusunod na pinagkukunan:

- Impormasyong natatanggap namin mula sa iyo sa mga form ng aplikasyon o iba pang form, tulad ng pangalan, address, edad, medikal na impormasyon at numero ng Social Security;
- Impormasyon tungkol sa iyong mga transaksyon sa amin, sa aming mga kaanib o iba pa, tulad ng pagbabayad ng premium at kasaysayan ng mga paghahabol; at
- Impormasyon mula sa mga ulat ng mamimili.

**Pagsisiwalat ng Impormasyon:** Hindi kami nagsisiwalat ng personal na pinansiyal na impormasyon tungkol sa aming mga nakatala o dating nakatala sa anumang ikatlong partido, maliban kung hinihingi o pinahihintulutan ng batas. Halimbawa, sa kurso ng aming mga pangkalahatang gawi ng pagnenegosyo, maaari naming, kapag pinahintulutan ng batas, isiwalat ang alinman sa personal na pinansiyal na impormasyon na nakokolekta namin tungkol sa iyo, nang wala ang iyong pahintulot, sa mga sumusunod na uri ng institusyon:

- Sa mga kaanib ng aming kumpanya, tulad ng iba pang insurer;
- Sa mga hindi kaanib na kumpanya para sa aming mga pang-araw-araw na layuning pangnegosyo, tulad ng pagpoproseso ng iyong mga transaksyon, pagpapanatili ng iyong (mga) account, o pagtugon sa mga kautusan ng korte at legal na imbestigasyon; at
- Sa mga hindi kaanib na kumpanyang nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, kabilang ang pagpapadala ng mga komunikasyong pangpromosyon sa aming ngalan.

**Pagiging Kumpidensiyal at Seguridad:** Nagpapanatili kami ng mga pisikal, elektroniko, at nakabatay sa pamamaraang proteksiyon, alinsunod sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na pamantayan, upang protektahan ang iyong personal na pinansiyal na impormasyon laban sa mga panganib tulad ng pagkawala, pagkawasak o maling paggamit. Ang mga hakbang na ito ay kinabibilangan ng mga proteksiyon sa computer, naka-secure na file at gusali, at paghihigpit kung sino ang maaaring mag-access ng iyong personal na pinansiyal na impormasyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 92

### **Mga Tanong tungkol sa Abisong Ito:**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa abisong ito:

Mangyaring **tawagan ang toll-free na numero ng telepono sa likod ng iyong ID card** o makipag-ugnayan sa Health Net sa 1-800-522-0088.

---

## **Abiso hinggil sa mga batas**

Maraming batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring maapektuhan ng mga batas na ito ang iyong mga karapatan at responsibilidad kahit pa hindi isinama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook ay mga pang-estado at pederal na batas tungkol sa programang Medi-Cal. Maaari ring malapat ang iba pang pederal at pang-estadong batas.

---

## **Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang tagapagbayad kapag wala nang ibang maaaring magbayad**

Minsan, kailangang iba muna ang magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay ng Health Net sa iyo. Halimbawa, kung naaksidente ka sa kalsada o kung napinsala ka sa trabaho, ang seguro o Kabayaran sa mga Manggagawa ang dapat munang magbayad.

Mayroong karapatan at responsibilidad ang DHCS na mangolekta para sa mga sinasaklawang serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang tagapagbayad ang Medi-Cal. Kung napinsala ka, at may ibang taong may pananagutan sa iyong pinsala, dapat mong abisuhan o ng iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw ng paghahain ng legal na pagkilos o ng habol. Isumite ang iyong abiso online:

- Programa ng Personal na Pinsala o Personal Injury Program sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Programa ng Bayad-Pinsala para sa Pagbangon ng Manggagawa o Workers Compensation Recovery Program sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Upang matuto pa, tumawag sa 1-916-445-9891.

Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyon kaugnay ng legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan tungo sa mga benepisyaryo. Gagawin ng Health Net ang lahat ng makatuwirang hakbang upang tiyaking na ang programang Medi-Cal ang tagapagbayad kapag wala nang ibang maaaring magbayad.

Dapat kang mag-apply o magpanatili ng iba pang pagsaklaw sa kalusugan o other health coverage (OHC) na available sa iyo nang libre o pagsaklaw na binabayaran ng estado. Kung hindi ka mag-a-apply sa o magpapanatili ng libre at binabayaran ng estadong OHC, tatanggihan o ititigil ang iyong mga benepisyo at/o pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka agad na mag-uulat ng mga pagbabago sa iyong OHC, at dahil dito, makatanggap ng mga benepisyo sa Medi-Cal na hindi ka kuwalipikado para matanggap, maaaring kang magbayad sa DHCS.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 93

---

## Abiso hinggil sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay dapat kumuha ng pagbabayad mula sa mga ari-arian ng mga partikular na namatay na miyembro ng Medi-Cal mula sa mga pagbabayad na nagawa, kabilang ang mga pinapamahalaang premium ng pangangalaga o managed care premium, serbisyo ng pasilidad ng pag-aalaga, serbisyong nakabatay sa tahanan at komunidad, at serbisyo ng nauugnay na ospital, at serbisyo ng resetang gamot na ibinigay sa namatay na miyembro ng Medi-Cal sa o pagkatapos ng ika-55 kaarawan ng miyembro. Kung ang isang namatay na miyembro ay walang naiwang ari-arian o walang pagmamay-ari kapag namatay siya, walang magiging utang.

Upang matuto pa tungkol sa pagbawi ng ari-arian, tumawag sa 1-916-650-0490. O kumuha ng legal na pagpapayo.

---

## Abiso ng Pagkilos

Padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos o Notice of Action (NOA) anumang oras na tanggihan, iantala, itigil o baguhin ng Health Net ang isang kahilingan para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sang-ayon sa pasya ng plano, maaari kang magsampa ng apela sa Health Net anumang oras.

---

## Pananagutan ng Ikatlong Partido

Hindi magsasagawa ang Health Net ng anumang paghahabol para sa pagbawi ng halaga ng mga Sinasaklawang Serbisyong ibinigay sa isang Miyembro kapag ang naturang pagbawi ay magreresulta mula sa pagkilos na magsasangkot sa pananagutan sa paglabag sa batas ng ikatlong partido o seguro sa kaswal na pananagutan, kabilang ang mga pagkakaloob ng bayad-pinsala sa mga manggagawa at hindi nakasegurong pagsaklaw sa motorista. Gayunpaman, aabisuhan ng Health Net ang DHCS hinggil sa mga naturang potensiyal na kaso, at tutulungan ang DHCS sa paghahabol sa karapatan ng Estado sa pagsasauli ng nagugol sa mga naturang pagbawi. Obligado ang mga miyembro na tulungan ang Health Net at DHCS kaugnay nito.

---

## Mga hiwalay na kontraktor

Ang relasyon sa pagitan ng Health Net at ng bawat kalahok na provider ay isang hiwalay na relasyon sa kontraktor. Ang mga kalahok na provider ay hindi mga empleyado o ahente ng Health Net at wala sa alinman sa Health Net, o sinumang empleyado ng Health Net, ang empleyado o ahente ng kalahok na provider. Hindi kailanman magkakaroon ng pananagutan ang Health Net sa pagpapabaya, maling



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 94

gawa, o pagkukulang ng sinumang kalahok o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga kalahok na provider, at hindi ang Health Net, ang nagpapanatili ng relasyon sa pagitan ng doktor at pasyente sa miyembro. Ang Health Net ay hindi provider ng pangangalagang pangkalusugan.

---

### **Pandaraya sa plano ng pangangalagang pangkalusugan**

Ang panloloko kaugnay ng plano sa pangangalagang pangkalusugan ay itinuturing bilang panlilinlang o maling pagkakatawan ng provider, miyembro, taga-empleyo o sinumang taong gumaganap sa kanilang ngalan. Ito ay isang mabigat na kasalanang maaaring maisakdal. Ang sinumang taong kusa at sadyang lumalahok sa aktibidad na naglalayong dayain ang plano sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagsasampa ng paghahabol na naglalaman ng hindi totoo o mapanlinlang na pahayag ay nagkakasala ng panloloko kaugnay ng seguro.

Kung nag-aalala ka tungkol sa anuman sa mga singil na lumalabas sa isang bill o form ng Paliwanag ng mga Benepisyo, o kung may kilala ka o may pinaghihinalang ilegal na aktibidad, tawagan ang toll-free na Fraud Hotline ng aming plano sa 1-866-685-8664. Ang Fraud Hotline ay bukas 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ang lahat ng tawag ay mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal.

---

### **Mga pangyayaring lampas sa kontrol ng Health Net**

Hanggang sa saklaw na magreresulta ang isang natural na sakuna o mga kalagayang pang-emergency sa kawalan ng kakayahan ng mga pasilidad o tauhan ng Health Net na magbigay o magsaayos para sa mga serbisyo o benepisyo sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito, malilimitahan ang tungkulin ng Health Net na ibigay ang mga naturang serbisyo o benepisyo sa iniaatas na magsagawa ang Health Net ng pagsisikap, sa mabuting hangarin, na magbigay o magsaayos upang maibigay ang mga naturang serbisyo o mga benepisyo sang-ayon sa kasalukuyang kakayahan ng mga pasilidad o tauhan nito.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 95

---

## 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Mayroong dalawang uri ng problemang maaari mong makaharap sa Health Net:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag mayroon kang problema sa Health Net o isang provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang provider
- Ang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Health Net na hindi saklawin o baguhin ang iyong mga serbisyo

Maaari mong gamitin ang proseso ng karaingan at pag-aapela ng Health Net upang ipaalam sa amin ang iyong problema. Hindi nito aalisin ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi ka namin idiskrimina o gagantihan dahil sa iyong pagrereklamo sa amin. Ang pagpapaalam ng iyong problema ay makakatulong sa aming pahasayin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Sa lahat ng pagkakataon, dapat unahin mong makipag-ugnayan sa Health Net upang ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami sa loob ng 24 na oras araw-araw, 7 araw kada linggo sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) upang sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema. Rerepasuhin namin ang iyong karaingan o apela at ipapaalam sa iyo ang aming pasya. Ang seksiyon ng “Mga reklamo” at “Mga apela” sa ibaba ay nagpapakita kung paano ihahain ang iyong karaingan o apela, gaano kabilis namin kailangang tumugon, at paano ka makakahiling ng pinabilis (mabilis) na pagrepaso.

Kung hindi mareresolba ang iyong karaingan o apela, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari mong tawagan ang California Department of Managed Health Care (DMHC) sa 1-888-HMO-2219 (TTY 1-877-688-9891).

Makakatulong din ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman. Maaari silang makatulong kung may problema ka sa pagsali, pagpapalit, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Maaari rin silang makatulong kung lumipat ka at nahihirapan kang maipalipat ang iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa 1-888-452-8609.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 96



Maaari ka ring magsampa ng karaingan sa iyong tanggapan ng pagiging kuwalipikado ng county o county eligibility office tungkol sa iyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ka maaaring magsampa ng iyong karaingan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Upang mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong karagdagang segurong pangkalusugan, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa 1-800-541-5555.

---

## Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag mayroon kang problema o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa Health Net o sa isang provider. Walang limitasyon sa oras para sa pagsasampa ng reklamo. Maaari kang magsampa ng reklamo sa amin anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng sulat o online.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) 24 na oras araw-araw, 7 araw kada linggo. Ibigay ang iyong ID number sa planong pangkalusugan, ang iyong pangalan at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) at hilingin na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala ang form sa:

Mga Apela at Karaingan sa Health Net  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410-0348

Magkakaroon ng mga form sa pagrereklamo ang opisina ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Health Net. Pumunta sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasampa ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Sa loob ng 5 araw matapos naming matanggap ang iyong reklamo, padadalhan ka namin ng sulat na magsasabi sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang sulat na magsasabi sa iyo kung paano namin niresolba ang iyong problema. Kung tatawag ka sa Health Net tungkol sa isang karaingang hindi tungkol sa pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o eksperimental o pangsiyasat na paggamot, at naresolba ang iyong



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 97

kraingan sa katapusan ng susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Kung gusto mong gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos dahil sa haba ng panahon na itatagal bago maresolba ang iyong inirereklamo, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Upang humiling ng pinabilis na pagrepaso, tumawag sa amin sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong reklamo.

---

## Mga Apela

Ang apela ay iba sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan sa Health Net na repasuhin at palitan ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa pagsaklaw ng hiniling na serbisyo. Kung pinadalhan ka namin ng sulat na Notice of Action o Abiso ng Pagkilos (NOA) na nagsasabi sa iyong itinatanggi, inaantala, pinapalitan o tinatapos namin ang isang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming pasya, maaari kang maghain ng apela. Maaari ring maghain ang iyong PCP ng apela para sa iyo gamit ang iyong nakasulat na pahintulot.

Kailangan mong maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsang nakalagay sa natanggap mong NOA. Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng paggagamot at nais mong patuloy na makatanggap ng paggagamot, kailangan mong humiling ng apela sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsang naihatid ang NOA sa iyo, o bago ang petsang sinasabi ng Health Net na ihihinto ang mga serbisyo. Kapag hiniling mo ang apela, mangyaring sabihin sa amin na gusto mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng sulat o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) 24 na oras araw-araw, 7 araw kada linggo. Ibigay ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyong inaapela.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY: 711) at hilingin na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyong inaapela.

Ipadala ang form sa:

Mga Apela at Karaingan sa Health Net  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410-0348  
Magkakaroon ng mga form ng apela ang opisina ng iyong doktor.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 98

- **Online:** Bisitahin ang website ng Health Net. Pumunta sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong apela, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Sa loob ng 5 araw matapos naming matanggap ang iyong apela, padadalhan ka namin ng sulat na magsasabi sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming pasya sa apela.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos dahil sa haba ng panahon na itatagal bago maresolba ang iyong apela, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagrepasso. Upang humiling ng pinabilis na pagrepasso, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong apela.

---

### Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasya kaugnay ng apela

Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ng sulat mula sa Health Net na nagsasabi sa iyong hindi namin binago ang aming pasya, o hindi ka kailanman nakatanggap ng sulat na nagsasabi sa iyo ng aming desisyon, at lampas na ng 30 araw, maaari kang:

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Department of Social Services, at rerepasuhin ng hukom ang iyong kaso.
- Humingi ng Independiyenteng Pagsusuring Medikal o **Independent Medical Review (IMR)** mula sa DMHC at rerepasuhin ng tagalabas na tagasuring hindi bahagi ng Health Net ang iyong kaso.

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Kapwa mong maaaring hingiin ang Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may panghuling pasya.

Ang mga seksiyon sa ibaba ang mayroong higit pang impormasyon kung paano hihiling ng Pagdinig ng Estado o IMR.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 99

## Mga Independiyenteng Pagsusuring Medikal o Independent Medical Reviews (IMR)

Ang IMR ay kapag nirepaso ng isang tagalabas na tagasuring walang kaugnayan sa planong pangkalusugan ang iyong kaso. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa Health Net. Kung hindi ka makakarinig mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka masisiyahan sa pasya ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humiling ng IMR. Kailangan mong humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsang nasa abiso na nagsasabi sa iyo ng pasya sa apela.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Ito ay sa mga kaso kung saan nasa napipintong panganib ang iyong kalusugan.

Narito kung paano humiling ng IMR: Ang terminong “karaingan” ay para sa “mga reklamo” at “mga apela”:

Ang California Department of Managed Health Care iang responsable sa pagkontrol ng serbisyo sa mga plano ng pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa **1-800-675-6110 (TTY: 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa kagawaran. Ang paggamit sa pamamaraan ng karaingang ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensiyal na legal na karapatan o remedyong maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan kaugnay ng isang emergency, isang karaingang hindi nakasisiyang niresolba ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingang nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari mong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari ka ring maging kuwalipikado sa isang Independiyenteng Pagsusuring Medikal (Independent Medical Review o IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagrepaso ng mga medikal na pasya na ginawa ng planong pangkalusugan kaugnay ng medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga payo para sa mga paggamot na eksperimental o pangsiyasat pa lang at mga hindi pinagkasunduang pagbabayad para sa mga emergency o agarang serbisyong medikal. Ang kagawaran ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono **(1-888-HMO-2219)** at linya ng TDD **(1-877-688-9891)** para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Website ng kagawaran na **<http://www.hmohelp.ca.gov>** ay mayroong mga form para sa reklamo, aplikasyon para sa IMR at mga tagubilin online.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 100

---

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ng mga tao mula sa DSS. Tutulong ang isang hukom na resolbahin ang iyong problema. Maaari ka lang humiling ng Pagdinig ng Estado kapag nakapaghain ka na ng apela sa Health Net at hindi ka pa rin nasisiyahan sa pasya, o kung hindi ka pa nakakatanggap ng pasya sa iyong apela makalipas ang 30 araw, at hindi humihiling ng IMR.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsang nasa abisong nagsasabi sa iyo ng pasya sa apela. Maaaring humiling ng Pagdinig ng Estado ang iyong PCP para sa iyo gamit ang iyong nakasulat na pahintulot at kapag nakakuha siya ng pag-apruba ng DSS. Maaari mo ring tawagan ang DSS upang hilingin sa Estado na aprubahan ang kahilingan ng iyong PCP para sa isang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o sulat.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang DSS Public Response Unit sa 1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349).
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng abiso hinggil sa pagkaka-resolba ng iyong apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Sa pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay naman namin ang aming panig. Maaaring tumagal nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Health Net ang magiging pasya ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang DSS ng mabilis na pasya dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos dahil sa haba ng panahong itatagal bago magkaroon ng Pagdinig ng Estado, maaaring ikaw o ang iyong PCP ang makipag-ugnayan sa DSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang DSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo matapos nitong matanggap ang iyong kahilingan mula sa Health Net.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 101

---

## Panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung naghihinala kang ang isang provider o taong tumatanggap ng Medi-Cal ay nagkasala ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso, karapatan mong iulat ito.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso ng provider ang:

- Pagpapalsipika ng mga medikal na talaan
- Pagrereseta ng medikasyong higit sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo kapag hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso ng taong tumatanggap ng mga benepisyo ang:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o ng Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagtanggap ng mga kahalintulad o parehong paggamot o gamot mula sa mahigit isang provider
- Pagpunta sa isang emergency room kapag walang emergency
- Paggamit ng numero sa Social Security o ID number sa planong pangkalusugan ng ibang tao

Upang mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at ID number ng taong nagkasala ng panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso. Ibigay ang pinakamaraming impormasyong maaari tungkol sa taong iyon, tulad ng numero ng telepono o ng espesyalidad kung ito ay isang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at buod ng kung ano ang eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Special Investigations Unit  
1370 Timberlake Manor Parkway  
Chesterfield, MO 63017  
1-866-685-8664



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 102

---

# 7. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

---

## Mahalalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net 1-800-675-6110 (TTY: 711)
- **Mga Serbisyo para sa May Kapansanan**
  - Website: <https://www.ada.gov/>
  - California Relay Service (CRS): TTY/TDD: 711
  - Sprint 1-888-877-5379 (Voice)
  - MCI 1-800-735-2922 (Voice)
  - Americans Disabilities Act (ADA) Information: 1-800-514-0301 (Voice); 1-800-514-0383 (TDD)
- **Children's Services (CCS Program)**
  - Website: <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>
  - Kern County: 1-661-868-0504
  - Los Angeles County: 1-800-288-4584
  - Sacramento County 1-916-875-9900
  - San Diego County: 1-619-528-4000
  - San Joaquin County: 1-209-468-3900
  - Stanislaus County: 1-209-558-7515
  - Tulare County: 1-559-685-5800
- **Child Health and Disability Prevention (CHDP) Program**
  - Website: <https://www.dhcs.ca.gov/services/chdp>
  - Kern County: 1-661-321-3000
  - Los Angeles County: 1-800-993-2437
  - Sacramento County 1-916-875-7151
  - San Diego County: 1-619-692-8808



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 103

## 7 | Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

- San Joaquin County: 1-209-468-8335
- Stanislaus County: 1-209-558-8860
- Tulare County: 1-559-687-6915
- **Mga Serbisyo ng Estado ng California**
  - DHCS Ombudsman Office: 1-888-452-8609  
(website: <https://www.dhcs.ca.gov>)
  - Department of Social Services: 1-800-952-5253  
(TDD: 1-800-952-8349) (website: <https://www.cdss.ca.gov>)
  - Department of Managed Health Care (DMHC): 1-888-466-2219  
(1-888-HMO-2219) (website: <http://dmhc.ca.gov/>)
- **Women, Infants and Children (WIC):**
  - **Telepono:** 1-888-942-9675
  - **Website:** <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DWICSN/Pages/Program-Landing1.aspx>
- **Pangasiwaan ng Social Security Administration**
  - Supplemental Social Income (SSI): 1-800-772-1213  
(TTY: 1-800-325-0778)
  - Website: <https://www.ssa.gov/>
- **MGA TANGGAPAN NG COUNTY**
  - Website: <http://www.dhcs.ca.gov/services/med-cal/Pages/CountyOffices.aspx>
  - Website ng Kalusugan ng Pag-iisip:  
<https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>
  - **Kern County**
    - Department of Human Services: 1-661-631-6807
    - Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip: 1-800-991-5272
  - **Los Angeles County**
    - Department of Public Social Services (DPSS)
    - Central Help Line (kabilang ang mga serbisyo sa wika): 1-877-481-1044
    - DPSS Customer Service Center: 1-866-613-3777; 1-310-258-7400
    - Los Angeles County Department of Mental Health: 1-800-854-7771
  - **Sacramento County**
    - Department of Human Assistance: 1-916-874-3100
    - Department of Health & Human Services (Kalusugan ng Pag-iisip):  
1-888-881-4881
  - **San Diego County**
    - Department of Health & Human Services: 1-866-262-9881
    - San Diego Behavioral Health Division: 1-888-724-7240
  - **San Joaquin County**
    - Department of Public Health: 1-209-468-3400
    - Kalusugan ng Pag-uugali: 1-888-468-9370
    - Human Services Agency: 1-209-468-1000



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre  
ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 104



- **Stanislaus County**  
Community Services Agency: 1-877-652-0734  
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagbangon:  
1-888-376-6246
- **Tulare County**  
Health & Human Services Agency: 1-800-540-6880  
Department of Mental Health: 1-800-320-1616

---

## Mga salitang dapat malaman

**Aktibong pagle-labor:** Ang panahon kung kailan nasa tatlong yugto ng panganganak ang isang babae at hindi ligtas na maililipat nang nasa oras sa ibang ospital bago manganak o maaaring mapinsala ng paglilipat ang kalusugan at kaligtasan ng babae o sanggol sa sinapupunan.

**Malubha o acute:** Isang medikal na kundisyong biglaan, at nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon at hindi tumatagal nang mahabang panahon.

**Apela:** Isang kahilingan ng miyembro sa Health Net na repasuhin at baguhin ang isang pasyang ginawa tungkol sa pagsaklaw para sa isang hiniling na serbisyo.

**Mga benepisyo:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na sinasaklawan sa ilalim ng planong pangkalusugang ito.

**California Children's Services (CCS):** Isang programang nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang hanggang 21 taon na may mga partikular na karamdaman at problemang pangkalusugan.

**California Health and Disability Prevention (CHDP):** Isang programa sa pampublikong kalusugan na nagsasauli ng ginastos ng mga pampubliko at pribadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagtatasa ng kalusugan upang tumukoy o umiwas sa mga karamdaman at kapansanan sa mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at kabataang kuwalipikado na magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ng mga serbisyong CHDP ang iyong PCP.

**Tagapamahala ng kaso:** Mga rehistradong nars o social worker na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga pangunahing problemang pangkalusugan at magsaayos ng pangangalaga sa iyong mga provider.

**Certified Nurse Midwife (CNM):** Isang indibidwal na lisensiyado bilang isang Rehistradong Nars at pinatotohanan bilang isang nars na komadrona ng Lupon ng Rehistradong Pagnanars ng California o California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong nars na komadrona ay pinhihintulatang tumuon sa mga kaso ng normal na panganganak.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 105

**Pabalik-balik na kundisyon:** Isang karamdaman o iba pang problemang medikal na hindi ganap na malulunasan o na lumalala habang tumatagal o na dapat gamutin nang sa gayon ay hindi ka lumala.

**Klinika:** Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga o primary care provider (PCP). Ito ay maaaring Federally Qualified Health Center (FQHC), klinika ng komunidad, Rural Health Clinic (RHC), Indian Health Service Facility o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

**Community-based adult services (CBAS):** Mga serbisyong outpatient na nakabase sa pasilidad para sa pangangalagang sanay na pag-aalaga, serbisyong panlipunan, terapiya, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapangalaga, serbisyong pangnutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga miyembrong kuwalipikado.

**Reklamo:** Ang isang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa Health Net, isang provider, o sa kalidad ng pangangalaga o kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na tumanggap ng mga serbisyong Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan, kung sasang-ayon ang provider at ang Health Net.

**Pag-uugnay ng mga Benepisyo o Coordination of Benefits (COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung aling pagsaklaw ng seguro (Medi-Cal, Medicare, komersiyal na seguro o iba pa) ang may mga responsibilidad sa panguning paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may mahigit isang uri ng pagsaklaw ng segurong pangkalusugan.

**County Organized Health System (COHS):** Isang lokal na ahensiyang ginawa ng lupon ng mga tagapangasiwa ng county upang makipagkontrata sa programang Medi-Cal. Pipiliin ng mga nakatalang tatanggap ang kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan mula sa lahat ng mga provider sa COHS.

**Copayment:** Pagbabayad na iyong ginagawa, karaniwan sa panahon ng serbisyo, bilang dagdag sa pagbabayad ng insurer.

**Pagsaklaw (mga sinasaklawang serbisyo):** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugang ibinibigay sa mga miyembro ng Health Net, na nakapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon at eksklusyon ng kontrata ng Medi-Cal at gaya ng nakalista sa Ebidensiya ng Pagsaklaw o Evidence of Coverage (EOC) na ito at sa alinmang pagsusog.

**DHCS:** Ang California Department of Health Care Services. Ito ang tanggapan ng Estado na namamahala sa programang Medi-Cal.

**Mag-disenroll:** Pagtigil sa paggamit ng planong pangkalusugang ito dahil hindi ka na kuwalipikado o lilipat ka sa bagong planong pangkalusugan. Kailangan mong pumirma sa isang form na nagsasabing ayaw mo nang gamitin ang planong pangkalusugang ito o tawagan ang HCO at magpa-disenroll sa pamamagitan ng telepono.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 106

**DMHC:** Ang California Department of Managed Health Care. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan.

**Matibay na Kagamitang Medikal o Durable medical equipment (DME):** Kagamitang medikal na kinakailangan at in-order ng iyong doktor o iba pang provider. Ang Health Net ang magpapasya kung uupa ba o bibili ng DME. Ang mga gastos sa pag-upa ay hindi dapat lumampas sa gastos kapag bumili. Sinasaklawan ang pagpapaayos ng medikal na kagamitan.

**Maaga at pana-panahong pagsusuri, diyagnosis at paggagamot o Early and periodic screening, diagnosis and treatment (EPSDT):** Ang mga serbisyo ng EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang mapanatili silang malusog. Dapat makuha ng mga miyembro ang mga angkop na pagpapatingin para sa kanilang edad at narapat na screening upang maagang mahanap ang mga problemang pangkalusugan at gumamot ng mga karamdaman.

**Pang-emergency na medikal na kundisyon o Emergency medical condition:** Isang medikal o pang-isip na kundisyong mayroong mga napakatinding sintomas, tulad ng aktibong pagle-labor (tingnan ang depinisyon sa itaas) o matinding pananakit, na maaaring makatuwirang isipin ng sinumang may sapat na kaalaman tungkol sa kalusugan at medisina na ang hindi pagtanggap ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng sanggol sa iyong sinapupunan sa malubhang panganib
- Magdulot ng kapansanan sa paggana ng katawan
- Maging dahilan para hindi gumana nang maayos ang isang bahagi o organo ng katawan

**Pangangalaga sa emergency room:** Isang pagsusuring isinasagawa ng doktor (o tauhan sa ilalim ng pamamahala ng doktor, tulad ng pinahihintulutan ng batas) upang malaman kung may umiiral na pang-emergency na medikal na kundisyon. Mga medikal na kinakailangang serbisyong kailangan upang ikaw ay maging clinically stable (maayos ang kalagayan ayon sa klinikal na pamantayan) sang-ayon sa mga kakayahan ng pasilidad.

**Pang-emergency na medikal na transportasyon o emergency medical transportation:** Transportasyon sa isang ambulansiya o pang-emergency na sasakyan papunta sa isang emergency room upang makatanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

**Nagpapatala:** Isang taong miyembro ng planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Mga serbisyong hindi kasali:** Mga serbisyong hindi sinasaklawan ng Health Net; mga hindi sinasaklawang serbisyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 107

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo upang pigilan o iantala ang pagbubuntis.

**Federally Qualified Health Center (FQHC):** Isang sentrong pangkalusugan o health center sa isang lugar na walang gaanong provider ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang tumanggap ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang FQHC.

**Fee-For-Service (FFS):** Nangangahulugan itong hindi ka nakatala sa isang pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan. Sa ilalim ng FFS, dapat tumanggap ang iyong doktor ng “straight” na Medi-Cal at direktang singilin ang Medi-Cal para sa mga serbisyong natanggap mo.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor upang suriin ang pag-unlad ng pasyente matapos ang pagpapaospital o sa panahon ng kurso ng paggagamot.

**Pormularyo:** Listahan ng mga gamot o item na tumutugon sa mga partikular na pamantayan at inaprubahan para sa mga miyembro.

**Panloloko:** Intensiyonal na pagkilos upang manlinlang o maling kumatawan ng taong alam na maaaring magresulta ang panlilinlang sa kung anong hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa ibang tao.

**Freestanding Birth Centers (FBCs):** Mga pasilidad na pangkalusugan kung saan pinaplano ang panganganak na mangyari malayo sa tirahan ng buntis na babae na lisensiyado o kaya ay inaprubahan ng estado upang magbigay ng pangangalaga para sa prenatal na pagle-labor at panganganak o postpartum at iba pang pang-ambulansiyang serbisyo na kabilang sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

**Karaingan:** Ang isang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa Health Net, isang provider, o sa kalidad ng pangangalaga o mga serbisyong ibinigay. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

**Mga serbisyo at aparato na pang-habilitation:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyong magpanatili, matuto o magpahusay ng mga kasayanan at pagkilos para sa araw-araw na pamumuhay.

**Health Care Options (HCO):** Ang programang maaaring magtala o mag-disenroll sa iyo mula sa planong pangkalusugan.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng kanser o doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan, at na nakikipagtulungan sa Health Net o nasa network ng Health Net. Ang mga provider sa network ng Health Net ay dapat mayroong lisensiya upang maglingkod sa California at bigyan ka ng serbisyong sinasaklawan ng Health Net.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 108

## 7 | Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

Karaniwang kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista. Dapat makakuha ang iyong PCP ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka makatanggap ng pangangalaga mula sa espesyalista.

**Hindi** mo na kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga ng ob/gyn o mga sensitibong serbisyo.

Mga uri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan:

- Ang audiologist ay isang provider na nagsusuri ng pandinig.
- Ang certified nurse-midwife ay isang nars na nangangalaga para sa iyo sa panahon ng pagbubuntis at panganganak.
- Ang family practitioner ay isang doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na usapin para sa mga tao, anuman ang edad.
- Ang general practitioner ay isang doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na usapin.
- Ang internist ay isang doktor na may espesyal na pagsasanay sa internal na medisina, kabilang ang mga karamdaman.
- Ang lisensiyadong bokasyonal na nars o licensed vocational nurse ay isang lisensiyadong nars na nakikipagtulungan sa iyong doktor.
- Ang counselor o tagapayo ay isang taong tumutulong sa iyo sa usapin ng mga problemang pampamilya.
- Ang medical assistant o certified medical assistant ay isang hindi lisensiyadong taong tumutulong sa iyong doktor sa pagbibigay sa iyo ng medikal na pangangalaga.
- Ang mid-level practitioner ay isang pangalang ginagamit para sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga nurse-midwife, mga assistant ng doktor o mga nurse practitioner.
- Ang nurse anesthetist ay isang nars na nagbibigay sa iyo ng anesthesia.
- Ang nurse practitioner o physician assistant ay taong nagtatrabaho sa isang klinika o tanggapan ng doktor na nagdadayagnos, gumagamot at nangangalaga sa iyo, nang may mga limitasyon.
- Ang obstetrician/gynecologist (ob/gyn) ay isang doktor na nangangalaga sa kalusugan ng babae, kabilang ang panahon ng pagbubuntis at panganganak.
- Ang occupational therapist ay isang provider na tumutulong sa iyong mapanumbalik ang mga pang-araw-araw na kakayahan at aktibidad matapos ang isang sakit o pinsala.
- Ang pediatrician ay isang doktor na gumagamot ng mga bata mula kapanganakan hanggang kabataan.
- Ang physical therapist ay isang provider na tumutulong sa iyong palakasin ang iyong katawan matapos ang isang sakit o pinsala.
- Ang podiatrist ay isang doktor na nangangalaga sa iyong mga paa.
- Ang psychologist ay isang taong gumagamot ng mga usapin sa kalusugan ng pag-iisip ngunit hindi nagrereseta ng mga gamot.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 109

## 7 | Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

- Ang registered nurse o rehistradong nars ay isang nars na mayroong mas maraming pagsasanay kaysa sa lisensiyadong bokasyonal na nars at may lisensiya uapng gumawa ng mga partikular na gawain kasama ng iyong doktor.
- Ang respiratory therapist ay isang provider tumutulong sa iyo pagdating sa iyong paghinga.
- Ang speech pathologist ay isang provider na tumutulong sa iyo pagdating sa iyong pananalita.

**Segurong pangkalusugan:** Pagsaklaw ng seguro na nagbabayad para sa mga gastusing medikal at surgical (mga gastos sa operasyon) sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastusin mula sa pagkakasakit o pagkakapinsala o pagbabayad sa provider ng pangangalaga nang direkta.

**Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Pangangalaga ng sanay na pag-aalaga o skilled nursing care at iba pang serbisyong ibinibigay sa tahanan.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Mga provider na nagbibigay sa iyo ng pangangalaga ng sanay na pag-aalaga o skilled nursing care at iba pang serbisyo sa tahanan.

**Hospisyo o Hospice:** Pangangalaga upang bawasan ang pisikal, emosyonal, sosyal at espirituwal na kahirapan para sa isang miyembrong may nakamamatay na sakit (hindi na inaasahang mabuhay pa nang lampas sa 6 na buwan).

**Ospital:** Lugar kung saan tumatanggap ka ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nars.

**Pagpapaospital:** Pagkaka-admit sa ospital para sa paggagamot bilang inpatient.

**Outpatient na pangangalaga sa ospital:** Medikal o surgical na pangangalaga na isinasagawa sa ospital nang hindi ina-admit bilang inpatient.

**Inpatient na pangangalaga:** Kapag kailangan mong matulog sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan mo.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa isang pasilidad nang lampas sa buwan ng pagkaka-admit.

**Plano ng pinamamahalaang pangangalaga:** Planong Medi-Cal na gumagamit lang ng mga partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang Health Net ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

**Medical home:** Isang modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, magpapabuti sa pamamahala sa sarili ng mga miyembro sa sarili nilang pangangalaga at magpapababa ng mga maiiwasang gastusin sa paglipas ng panahon.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 110

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mahahalagang serbisyo na makatuwiran at nagpoprotekta sa buhay. Kinakailangan ang pangangalagang ito upang mailayo ang mga pasyente sa pagkakaroon ng malalang sakit o kapansanan. Pinapahupa ng pangangalagang ito ang matinding panakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan upang mag-ayos o umalalay ng pisikal o pang-isip na karamdaman o kundisyon, kabilang ang mga sakit sa paggamit ng substansya, na nakatakda sa Section 1396d(r) ng Title 42 ng United States Code.

**Medicare:** Ang pederal na programa sa seguro sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o higit pa, partikular na taong mas bata na may mga kapansanan, at taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng kidney na nangangailangan ng dialysis o transplant, na minsan ay tinatawag bilang ESRD).

**Miyembro:** Sinumang kuwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa Health Net na nakatalagang makatanggap ng mga sinasaklawang serbisyo.

**Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga lisensiyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa mga pasyente.

**Mga serbisyong midwifery:** Prenatal, intrapartum, at postpartum na pangangalagae, kabilang ang pangangalagang pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong panganak na sanggol, ibinibigay ng mga pinatotohanang komadronang nars o certified nurse midwives (CNM) at lisensiyadong komadrona o licensed midwife (LM).

**Network:** Grupo ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang provider na nakakontrata sa Health Net upang magbigay ng pangangalaga.

**Provider sa network (o in-network provider):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”

**Hindi sinasaklawang serbisyo:** Serbisyong hindi sinasaklawan ng Health Net.

**Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon o non-emergency medical transportation (NEMT):** Transportasyon kapag hindi ka makakarating sa isang sinasaklawang medikal na appointment gamit ang kotse, bus, tren o taxi. Binabayaran ng Health Net ang pinakamababang gastos sa NEMT para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.

**Wala sa pormularyong gamot:** Gamot na hindi nakalista sa pormularyo ng gamot.

**Hindi medikal na transportasyon o non-medical transportation:** Transportasyon kapag papunta at mula sa isang appointment para sa serbisyong sinasaklawan ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider.

**Hindi kalahok na provider:** Provider na wala sa network ng Health Net.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 111

**Iba pang pagsaklaw na pangkalusugan o health coverage (OHC):** Ang iba pang pagsaklaw na pangkalusugan o health coverage (OHC) ay tumutukoy sa pribadong seguro sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang medikal, ngipin, paningin, parmasya at/o mga karagdagang plano ng Medicare (Part C at D).

**Orthotic na aparato:** Device na ginagamit bilang suporta o brace na ikinakabit sa labas ng katawan upang magsuporta o magtama ng malalang napinsala o nasirang bahagi ng katawan at medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Mga serbisyonang wala sa lugar na pinagseserbisyuhan:** Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasa kung saang lugar sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan.

**Wala sa network na provider:** Isang provider na hindi bahagi ng network ng Health Net.

**Outpatient na pangangalaga:** Kapag hindi mo kailangang matulog sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan mo.

**Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga serbisyonang outpatient para sa mga miyembrong may kaunti hanggang katamtamang mga kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na ipinahihiwatig upang tasahin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay sa terapiya ng gamot
- Psychiatric na pagkonsulta
- Outpatient na laboratoryo, mga suplay at supplement

**Pangangalagang pampakalma:** Pangangalaga upang bawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal, at espirituwal na kahirapan para sa miyembrong may seryosong karamdaman.

**Kalahok na ospital:** Lisensiyadong ospital na may kontrata sa Health Net upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na tumatanggap ang mga miyembro ng pangangalaga. Ang mga sinasaklawang serbisyonang maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital ay nililimitahan ng mga patakaran sa pagrepaso at pagtitiyak ng kalidad ng Health Neto ng kontrata ng Health Net sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Doktor, ospital o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pangkalusugang pasilidad, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Health Net upang mag-alok ng mga sinasaklawang serbisyo sa mga miyembro sa oras na tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga.

**Mga serbisyo ng manggagamot o physician:** Mga serbisyonang ibinibigay ng isang taong lisensiyado sa ilalim ng batas ng estado na mag-practice ng medisina o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyonang iniaalok ng mga doktor kapag naka-admit ka sa isang ospital na sinisingil sa bill ng ospital.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 112



**Plano:** Pumunta sa “Pinamamahalaang plano ng pangangalaga.”

**Mga serbisyo ng post-stabilization:** Mga serbisyong matatanggap mo matapos mapahupa ang isang pang-emergency na medikal na kundisyon.

**Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot):** Dapat makakuha ang iyong PCP ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka makatanggap ng mga partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng Health Net ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng Health Net ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na provider kung naniniwala ang Health Net na makakakuha ka ng maihahambing o mas angkop na mga serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng Health Net. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Kailangan mong makakuha ng pag-apruba mula sa Health Net.

**Premium:** Halagang binabayaran para sa pagsaklaw; gastos sa pagsaklaw.

**Pagsaklaw ng inireresetang gamot:** Pagsaklaw para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

**Mga inireresetang gamot:** Gamot na, ayon sa batas, ay nangangailangan ng order mula sa isang lisensiyadong provider para ibigay, hindi tulad ng over-the-counter (OTC) na mga gamot na hindi nangangailangan ng reseta.

**Listahan ng pinapaborang gamot o Preferred drug list (PDL):** Isang piling listahan ng mga gamot na inaprubahan ng planong pangkalusugan na ito kung saan maaaring i-order ng iyong doktor para sa iyo. Tinatawag din itong pormularyo.

**Pangunahing pangangalaga o primary care:** Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

**Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP):** Ang lisensiyadong provider na mayroon ka para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka ng iyong PCP na makuha ang pangangalagang kailangan mo. Ang ilang pangangalaga ay kailangan munang maaprubahan, maliban kung:

- Mayroon kang emergency.
- Kailangan mo ng pangangalaga ng ob/gyn.
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo.
- Kailangan mo ng pangangalagang pagpapalano ng pamilya o family planning care.

Ang iyong PCP ay maaaring isang:

- Pangkalahatang manggagamot o General practitioner
- Internist
- Doktor ng bata o Pediatrician
- Manggagamot ng Pamilya o Family practitioner
- Ob/gyn
- FQHC o RHC
- Nars na practitioner
- Katulong ng doktor
- Klinika



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 113

**Paunang pahintulot (paunang pag-apruba):** Isang pormal na prosesong nangangailangan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na kumuha ng pag-apruba upang makapagbigay ng mga partikular na serbisyo o pamamaraan.

**Prosthetic na aparato:** Isang artipisyal na aparato na ikinakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

**Direktoryo ng Provider:** Isang listahan ng mga provider sa network ng Health Net.

**Psychiatric na pang-emergency na medikal na kundisyon:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan sapat ang kaseryosohan o kalubhaan ng mga sintomas upang magdulot ng napipintong panganib sa iyong sarili o sa iba o kaagad kang nawawalan ng kakayahang maglaan ng o gumamit ng pagkain, tirahan o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Mga pampublikong serbisyong pangkalusugan:** Mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa populasyon bilang kabuuan. Kabilang sa mga ito ang, bukod sa iba pa, pagsusuri ng kalagayang pangkalusugan, pagmamatyag sa kalusugan, promosyon ng kalusugan, mga serbisyong pang-iwas, pagkontrol sa mga nakahahawang sakit, pagprotekta at paglilinis ng kapaligiran, paghahanda at pagtugon sa kalamidad, at kalusugan sa trabaho.

**Kuwalipikadong provider:** Doktor na kuwalipikado sa larangan ng practice na angkop upang gamutin ang iyong kondisyon.

**Reconstructive surgery:** Operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang magpahusay o gumawa ng normal na hitsura hangga't sa maaari. Ang mga abnormal ng istruktura ng katawan ay yaong mga idinulot ng depekto mula pagkasilang, abnormalidad sa pagkakabuo, trauma, impeksiyon, mga tumor, o sakit.

**Referral:** Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang tumanggap ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang sinasaklawang serbisyo ng pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba.

**Karaniwang pangangalaga:** Mga serbisyo at pang-iwas na pangangalagang medikal na kinakailangan, well child na pagbisita, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay upang pigilan ang pagkakaroon ng mga problema sa kalusugan.

**Klinikang Pangkalusugan sa Nayon o Rural Health Clinic (RHC):** Isang sentrong pangkalusugan o health center sa isang lugar na walang gaanong provider ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang tumanggap ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa isang RHC.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga medikal na kinakailangang serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik o sexually transmitted infection (STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at mga pagpapalaglag.

**Malubhang karamdaman:** Sakit o kundisyong dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 114

**Lugar na pinagseserbisyan:** Ang heograpikong lugar na pinagseserbisyan ng Health Net . Kabilang dito ang mga county ng Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, at Tulare.

**Pangangalaga sa sanay na pag-aalaga o skilled nursing care:** Mga sinasaklawang serbisyong ibinibigay ng mga lisensiyadong nars, teknisyen at/o therapist sa panahon ng pamamalagi sa isang Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga o Skilled Nursing Facility o sa tahanan ng isang miyembro.

**Pasilidad ng sanay na pag-aalaga o skilled nursing facility:** Lugar na nagbibigay ng 24-na-oras-kada-araw na pangangalaga ng nars na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan ang maaaring magbigay.

**Espesyalista (o doktor ng espesyalidad):** Isang doktor na gumagamot ng mga partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay gumagamot ng mga baling buto; ang allergist ay gumagamot ng mga alerhiya; at ang cardiologist ay gumagamot ng mga problema sa puso. Sa karamihang kaso, kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista.

### **Mga serbisyong espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip:**

- Mga serbisyong outpatient:
  - Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagtatasa, pagbubuo ng plano, terapiya, rehabilitasyon, at kolateral)
  - Mga serbisyong suporta sa gamot
  - Mga masinsinang serbisyong paggamot sa araw o day treatment intensive services
  - Mga serbisyong rehabilitasyon sa araw o day rehabilitation services
  - Mga serbisyo ng interbensiyon sa panahon ng krisis
  - Mga serbisyo ng pagpapahupa ng krisis
  - Mga serbisyo ng pamamahala sa mga pinuntiryang kaso
  - Mga serbisyo ng therapeutic behavioral
  - Intensive care coordination (ICC)
  - Intensive home-based services (IHBS)
  - Therapeutic foster care (TFC)
- Mga serbisyo sa tahanan:
  - Mga serbisyong paggamot sa tahanan ng mga nasa hustong gulang
  - Mga serbisyong paggamot sa tahanan sa panahon ng krisis
- Mga inpatient na serbisyo:
  - Mga inpatient na serbisyo ng ospital para sa malubhang psychiatric na karamdaman
  - Mga inpatient na serbisyong propesyunal para sa psychiatric na karamdaman
  - Mga serbisyo ng pasilidad ng psychiatric na kalusugan



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 115

**Nakamamatay na karamdaman o terminal illness:** Isang medikal na kundisyong hindi na maibabaligtad at pinakamalamang na magdudulot ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas mababa pa kapag sinundan ng karamdaman ang natural nitong kurso.

**Triage (o screening):** Ang pagtatasa ng iyong kalusugan ng isang doktor o nars na sinanay upang magsuri, para sa layunin ng pagtukoy ng pagiging agaran ng iyong pangangailangan sa pangangalaga.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay upang gamutin ang hindi pang-emergency na sakit, pinsala o kundisyong nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kang tumanggap ng agarang pangangalaga mula sa isang wala sa network na provider kung pansamantalang hindi available o hindi mapuntahan ang mga provider sa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). 116



Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).  
Narito ang Health Netnang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Libre  
ang tawag na ito.

O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

EOC029156TO00